

التجولوج



Ang Relihiyong Islām

Maglalahad nito ang mga teksto ng Qur'ān
at Sunnah ng pinakamabuti sa mga tao



Paghahanda:

Fahd bin ʿAmad Al-Mubārak



المطوى الإسلامي

Islamhouse.com

دين الإسلام

تعرضه نصوص القرآن وسنة خير الأنام

Ang Relihiyong Islām

Maglalahad nito ang mga teksto ng Qur'ān
at Sunnah ng pinakamabuti sa mga tao.

Paghahanda:

Fahd bin Ḥamad Al-Mubārak



Rwwad Translation Center



Rabwah Association



IslamHouse Website

This book is properly revised and designed by Islamic Guidance & Community Awareness Association in Rabwah, so permission is granted for it to be stored, transmitted, and published in any print, electronic, or other format - as long as Islamic Guidance Community Awareness Association in Rabwah is clearly mentioned on all editions, no changes are made without the express permission of it, and obligation of maintained in high level of quality.



Telephone: +966114454900



Fax: +966114970126



P.O.BOX: 29465



RIYADH: 11557



ceo@rabwah.sa



www.islamhouse.com

Ang Panimula

Tunay na ang papuri ay ukol kay Allāh. Nagpupuri tayo sa Kanya, nagpapatulong tayo sa Kanya, at humihingi tayo ng tawad sa Kanya. Nagpapakupkop tayo kay Allāh laban sa mga kasamaan ng mga sarili natin at mga masagwa sa mga gawa natin. Ang sinumang papatnubayan ni Allāh ay siya ang napatnubayan at ang sinumang ipaliligaw ni Allāh ay hindi siya makatatagpo para sa kanya ng isang mapagtangkilik na tagagabay. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan palagi).

Sa pagsisimula...

Tunay na ang pangangailangan ay minamadali sa ngayon na magkaroon ng isang pinagaang pinaikling akda na naglalahad ng relihiyong Islām sa kasaklawan nito, maging hinggil sa nauugnay sa paniniwala o pagsamba o pakikitungo o mga etiketa o iba pa rito. Makakakaya ang mambabasa nito na makabuo sa ganang kanya ng isang maliwanag na masaklaw na pinagsama-samang ideya tungkol sa Relihiyong Islām. Makatagpo rito ang pumapasok sa Relihiyong Islām ng isang pangunahing sanggunian sa pagkatuto ng mga patakaran nito, mga etiketa nito, mga ipinag-uutos nito, at mga sinasaway nito. Ang aklat na ito ay magiging nasa abot kamay ng mga tagapag-anyaya tungo kay Allāh, na maisasalin nila sa lahat ng mga wika at maiaabot nila sa bawat tagapagtanong na nagtatanong tungkol sa Relihiyong Islām at sa bawat taong papasok sa Islām para mapatnubayan sa pamamagitan niyon ang sinumang niloob ni Allāh ang kapatnubayan Niya at para mailalatag ang katwiran at ang pagpapaabot [ng mensahe] sa mga alagad ng paglihis at pagkaligaw.

Bago ng pagsisimula sa pagsulat ng akdang ito, hindi naiwasan na maglagay ng mga landasin at mga panuntunan na susundin ng tagapag-

akda nang sa gayon ay maisakatuparan sa pamamagitan ng mga ito ang pangunahing layon ng aklat na ito. Babanggitin natin mula roon ang mga sumusunod na panuntunan:

Na ilalahad ang Relihiyong ito sa pamamagitan ng mga teksto ng Marangal na Qur'ān at Pampropetang Dinalisay na Sunnah at hindi sa pamamagitan ng mga istilong pantao at mga pamamaraang teolohika sa pakikipagtalakayan at pagkumbinsi. Lyon ay ayon sa ilang bagay-bagay:

A. Na sa pamamagitan ng pagdinig sa pananalita ni Allāh (napakataas Siya) at pag-intindi rito, napapatnubayan ang sinumang niloob ni Allāh ang kapatnubayan Niya at nailalatag ang katwiran sa naliligaw na nagmamatigas, gaya ng sabi Niya (napakataas Siya):

[وَإِنْ أَحَدٌ مِنَ الْمُشْرِكِينَ اسْتَجَارَكَ فَأَجِرْهُ حَتَّى يَسْمَعَ كَلَامَ اللَّهِ ثُمَّ أَبْلِغْهُ مَأْمَنَهُ] (التوبة:6)

{Kung may isa kabilang sa mga tagapagtambal na nagpakalinga sa iyo ay kalingain mo siya hanggang sa makarinig siya ng pananalita ni Allāh. Pagkatapos paabutin mo siya sa pook ng kaligtasan niya.} (Qur'ān 9:6) Marahil hindi nailalatag ang katwiran at ang pagpapaabot [ng mensahe] sa pamamagitan ng mga istilong pantao at mga pamamaraang teolohika na dinadapuan ng pagsasalitan ng kakulangan at kasiraan.

B. Na si Allāh ay nag-utos sa atin ng pagpapaabot ng Relihiyon Niya at pagkasi Niya gaya ng pagkapababa Niya at hindi nag-utos sa atin ng pag-imbento ng mga pamamaraang teolohika mula sa ganang sarili natin para sa kapatnubayan ng mga tao, na nagpapalagay tayo na tayo ay nakararating sa pamamagitan ng mga ito sa mga puso nila. Kaya naman bakit tayo nag-aabala sa mga sarili natin ng hindi natin sinampalatayanan at umaayaw tayo sa ipinag-utos Niya sa atin?

C. Na ang mga istilo ng iba pang pag-aanyaya, tulad ng pagsasalita nang malawakan tungkol sa mga pagkalahis ng mga kaalitan at pagtugon sa kanila, maging sa larangan man ng kapaniwalaan o pagsamba o mga etika o mga etiketa o ekonomiya o paggamit ng mga talakayang pangkaisipan at intelektuwal gaya ng pagsasalita tungkol sa pagpapatunay sa kairalan ni

Allāh – napakataas si Allāh higit sa anumang sinasabi ng mga tagalabag sa katarungan ayon sa kataasang malaki – o pagsasalita tungkol sa pagkapilipit na natatagpuan sa Bibliya at mga kasulatan ng mga ibang relihiyon, at paglilinaw sa mga salungatan ng mga ito at kabulaanan ng mga ito. Lahat ng iyon ay naaangkop na maging isang pambungad para sa paglilinaw sa katiwalian sa mga prinsipyo ng mga kaalitan at mga pinaniniwalaan nila at naaangkop gayon din upang maging isang pang-edukasyong baon para sa Muslim – gayong hindi nakapipinsala sa kanya ang kamangmangan dito – subalit lubusang hindi naaangkop na maging isang pundasyon at isang pagsisimulan na nakasalalay rito ang pag-aanyaya niya tungo kay Allāh.

D. Ang mga pumapasok sa Islām dahil sa mga pamamaraang naunang nabanggit na ito ay hindi tiyakan na maging mga Muslim nang totohanan sapagkat maaaring papasok ang isa sa kanila sa Relihiyong ito dala ng paghanga sa isang takdang usaping inilahad sa kanya ang pagsasalita tungkol doon at maaaring nagiging isang hindi naniniwala sa mga iba pang pangunahing usapin kabilang sa mga nauukol sa relihiyon gaya ng isang humanga, halimbawa, sa mga ikinatatangi ng ekonomiyang Islāmiko subalit siya naman ay hindi sumasampalataya sa tahananang pangkabilang-buhay o hindi sumasampalataya sa kairalan ng mga jinn, mga demonyo, at iba pa roon.

Ang kauriang ito ng mga tao ay higit na marami ang kapinsalaan nito sa Islām kaysa sa kapakinabangan nito.

E. Na ang Qur'ān ay may kapangyarihan sa mga kaluluwa at mga puso; kaya kapag hinayaan ang Qur'ān sa mga ito, tutugon sa Qur'ān ang mga busilak na kaluluwa at aakyat ang mga ito sa mga hagdan ng pananampalataya at pangingilag magkasala. Kaya naman bakit hahadlang sa pagitan ng Qur'ān at ng mga kaluluwa at mga puso?

Na hindi manghimasok ang mga reaksiyon, ang panggigipit ng reyalidad, at ang mga naunang karanasan sa paglalahad ng Relihiyong ito; bagkus ilalahad ang Relihiyong ito gaya ng pagkababa nito, habang sinusunod

kaugnay roon ang metodolohiya nito mismo sa pakikipag-usap sa mga tao at ang pagdadahan-dahan sa kanila sa mga baytang ng pagpapakatuwid.

Na maglayon sa pagsusulat ng kapayakan ng istilo at kaiksian sa abot ng makakaya sa paraang dadali ang pagdadala ng aklat at ang pagkakalat nito sa mga tao.

Nagsimula na tayo ay nakatapos ng gawaing ito, nagsalin ng aklat na ito, at nakapag-imprensa nito ng sampung milyong kopya. Umabot ang mga ito sa kamay ng sampung milyong tao. Kaya [kung] sumampalataya sa nasaad dito na mga talata ng Qur'ān at mga ḥadīth ang 1% sa kanila lamang at tumangging sumampalataya roon at umayaw ang 99% at lumapit sa atin ang isang ito samantalang nagpupunyagi habang siya ay natatakot [kay Allāh] habang nagnanais ng pananampalataya at pangingilag magkasala, nalalaman mo ba kapatid kong marangal na ang 1% na ito ay nangangahulugan ng pagpasok ng isang daang libong tao sa Relihiyong Islām? Ito, walang duda, ay isang dakilang katuparan. Talagang kung magpapatnubay si Allāh sa pamamagitan mo ng iisang tao, higit na mabuti ito kaysa sa pinakamainam sa mga yaman.

Bagkus kung sakaling hindi man sumampalataya ang isa kabilang sa mga inanyayahang ito at umayaw silang lahat sa Relihiyong ito, tunay na tayo ay magiging nakaganap ng ipinagkatiwala at nakapagpaabot ng mensahe na ipinapasan sa atin ni Allāh.

Tunay na ang misyon ng mga tagapag-anyaya tungo kay Allāh ay hindi nasa pagkumbinsi ng mga tao sa Relihiyong ito o – gaya ng nabanggit ng Mahal na Aklat – nasa pagsisigasi sa kapatnubayan nila.

[إِنْ تَحْرَصْ عَلَىٰ هُدَاهُمْ فَإِنَّ اللَّهَ لَا يَهْدِي مَنْ يُضِلُّ] (النحل:37)

{Kung nagsisigasi ka sa pagpatnubay sa kanila, tunay na si Allāh ay hindi nagpapatnubay sa pinaliligaw Niya...} (Qur'ān 16:37)

Subalit ang pangunahing misyon nila ay ang misyon ng Propeta nila (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na sinabihan ng Panginoon nito (kapita-pitagan Siya at kataas-taasan):

(يَا أَيُّهَا الرَّسُولُ بَلِّغْ مَا أُنزِلَ إِلَيْكَ مِنْ رَبِّكَ وَإِنْ لَمْ تَفْعَلْ فَمَا بَلَغْتَ رِسَالَتَهُ وَاللَّهُ يَعْصِمُكَ مِنَ
النَّاسِ) [المائدة: 67]

{O Sugo, magpaabot ka ng pinababa sa iyo mula sa Panginoon mo. Kung hindi mo gagawin ay hindi ka nagpapaabot ng pasugo Niya. Si Allāh ay magsasanggalang sa iyo sa mga tao.} (Qur'ān 5:67)

Humihiling tayo kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) na tayong lahat ay maging mga nagtutulungan sa pagpapaabot ng Relihiyon Niya sa mga tao sa kabuuan at na gawin Niya tayong mga pambukas para sa kabutihan, mga tagapag-anyaya tungo rito, at mga pansara para sa kasamaan bilang balakid sa harapan nito. Si Allāh ay higit na maalam. Basbasan ni Allāh ang Propeta nating si Muḥammad.

Mahal kong mambabasa,

Ang aklat na ito na nasa pagitan ng mga kamay mo ay magpapakilala sa iyo ng Relihiyong Islām sa paraang pinadali, na sumasaklaw sa lahat ng mga aspeto nito: mga pinaniniwalaan dito, mga etiketa nito, mga pagbabatas nito, at lahat ng mga katuruan nito.

Nagsaalang-alang nga ako kaugnay roon ng ilan sa mga pangunahing usapin:

Una: Ang pagpokus sa mga pangunahing katuruan ng Relihiyon na kinasalalayan nito.

Ikalawa: Ang pagpapaiksi sa abot ng makakaya.

Ikatlo: Ang paglalahad sa Islām sa pamamagitan ng mga orihinal na pinagkukunan nito: ang Marangal na Qur'ān at ang mga Hadīth ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kung saan tatayo ang mambabasa nang mukha sa mukha sa harapan ng mga pangunahing bukal ng Islām, habang umiinom mula sa mga ito nang direktahan ng patnubay nito at mga katuruan nito.

Makatatagpo ka, mahal kong mambabasa, matapos ng pagdating mo sa katapusan ng aklat na ito na may nabuo na sa iyo na isang maliwanag na ideya tungkol sa Relihiyong Islām, na makakaya mo matapos nito na mag-unti-unti sa pag-angat ng pondo ng pagkakaalam tungkol sa Relihiyong ito.

Tunay na ang aklat na ito na nasa pagitan ng mga kamay mo ay nauukol sa isang malaking pangkat ng mga tao sapagkat ito ay pumapatungkol sa unang antas sa mga nagmimithi ng pagyakap sa Relihiyong Islām at pagkatuto ng mga pinaniniwalaan dito, mga etiketa dito, at mga patakaran nito.

Pumapatungkol din ito sa mga nagpapahalagang iyon sa pagpapakaalam sa mga relihiyon lalo na sa mga relihiyon na niyayakap ng daan-daang

milyong tao. Ito ay pumatungkol, gayon din, sa mga kaibigan ng Islām na mga sumisimpiya rito, na mga humahanga sa ilan sa mga katangian nito, at pumapatungkol din naman sa mga kaaway ng Islām at mga kaalitan nito na mga nakikipagtunggali rito, na marahil ang kamangmangan nila rito ay naging isa sa mga pangunahing kadahilanan ng pagkamuhing ito at pagkasuklam na iyon.

Kabilang sa mga pinatutungkulan ng aklat na ito sa isang malaking antas ay yaong mga Muslim na nagmimithi na magpaliwanag ng Relihiyong Islām sa mga tao, kaya naman ang aklat na ito ay magpapaiksi para sa kanila ng pagpupunyagi at magpapadali sa kanila ng misyon.

Maaaring matagpuan mo –O marunong na mambabasa, kapag hindi ka nagkaroon ng isang naunang ideya tungkol sa Relihiyong Islām– na ikaw ay nangangailangan ng isang kaunting pinaigting na pagtutuon at hinay-hinay na pagbabasa para makaalam sa mga kahulugan na nilalaman ng aklat na ito. Kaya naman huwag kang magsawa roon sapagkat mayroong maraming website na pang-Islām na sasagot sa mga pagtatanung-tanong mo.

1. Ang Kahulugan ng Pangungusap ng Tawhīd: Walang Diyos Kundi si Allāh

Ang pangunahing panuntunan ng Relihiyong Islām ay ang Pangungusap ng Tawhīd: Walang Diyos kundi si Allāh. Kung wala ang matatag na panuntunang ito, hindi maitatayo ang matayog na estruktura ng Islām. Tunay na ito ay ang kauna-unahang pangungusap na kinakailangan na bigkasin ng pumapasok sa Relihiyong Islām, habang sumasampalataya rito, habang naniniwala sa lahat ng mga kahulugan nito at mga ipinahihiwatig nito. Kaya ano ang kahulugan ng [pangungusap na] walang Diyos kundi si Allāh?

[Ang pangungusap na] walang Diyos kundi si Allāh ay nangangahulugang:

- * Walang Tagalikha ng kairalan kundi si Allāh.
- * Walang Tagapagmay-ari at Tagapangasiwa sa kairalang ito kundi si Allāh.
- * Walang sinasambang naging karapat-dapat sa pagkasinasamba kundi si Allāh.

Si Allāh ay ang lumikha ng malawak na marikit na kagila-gilalas na Sansinukob na ito: ang langit na ito kalakip ng mga bituin nitong naglalakihan at mga planeta nitong umiinog, na umiinog sa isang pinahusay na sistema at isang kahanga-hangang pagkilos, na walang humahawak sa mga ito kundi si Allāh; at ang lupang ito kalakip ng mga bundok nito, mga lambak nito, mga burol nito, at mga ilog nito, kalakip ng mga punong-kahoy nito at mga pananim nito, kalakip ng hangin nito at tubig nito, kalakip ng katihan nito at karagatan nito, kalakip ng gabi nito at maghapon nito, at kalakip ng sinumang tumira rito at sinumang naglakad dito. Lumikha sa mga ito si Allāh lamang at nagpairal sa mga ito mula sa kawalan.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya) sa Marangal na Aklat Niya:

(وَالشَّمْسُ تَجْرِي لِمُسْتَقَرٍّ لَهَا ذَلِكَ تَقْدِيرُ الْعَزِيزِ الْعَلِيمِ* وَالْقَمَرَ قَدَرْنَا مَنَازِلَ حَتَّىٰ عَادَ كَالْعُرْجُونِ الْقَدِيمِ* لَا الشَّمْسُ يَنْبَغِي لَهَا أَنْ تُدْرِكَ الْقَمَرَ وَلَا اللَّيْلُ سَابِقُ النَّهَارِ وَكُلٌّ فِي فَلَكٍ يَسْبَحُونَ)[يس:38-40].

{Ang araw ay umiinog para sa isang pagtitigilan para rito. Iyon ay ang pagtatakda ng Makapangyarihan, Maalam. Ang buwan ay nagtakda Kami rito ng mga yugto hanggang sa nanumbalik ito gaya ng buwig na magulang. Ang araw ay hindi nararapat para rito na umabot sa buwan at ang gabi ay hindi mauuna sa maghapon. Lahat, sa ikutan, ay lumalangoy.} (Qur'ān 36:38-40)

(وَالأَرْضَ مَدَدْنَاهَا وَأَلْقَيْنَا فِيهَا رَوَاسِيَ وَأَنْبَتْنَا فِيهَا مِنْ كُلِّ زَوْجٍ بَهِيجٍ* تَبْصِرَةً وَذِكْرَىٰ لِكُلِّ عَبْدٍ مُنِيبٍ* وَنَزَّلْنَا مِنَ السَّمَاءِ مَاءً مُبَارَكًا فَأَنْبَتْنَا بِهِ حَبَّاتٍ وَحَبَّ الْحَصِيدِ* وَالنَّخْلَ بَاسِقَاتٍ لَهَا طَلْعٌ نَضِيدٌ)[ق:10-7].

{Ang lupa, bumanat Kami nito, naglapat Kami rito ng mga matatag na bundok, at nagpatubo Kami rito ng bawat uring marilag, bilang pagpapakita at bilang paalaala para sa bawat lingkod na nagsisising nagbabalik. Nagbaba Kami mula sa langit ng isang tubig na biniyayaan saka nagpatubo Kami sa pamamagitan niyon ng mga hardin at mga butil na inaani, at mga puno ng datiles, habang mga pumapaitaas na may bunga na patung-patong,} (Qur'ān 50:7-10)

Ito ay nilikha ni Allāh (kapita-pitagan Siya at kataas-taasan). Gumawa Siya sa lupa bilang pamamalagian at naglagak Siya rito ng katangian ng grabitasyon ayon sa sukat na nagkakaangkupan sa pangangailangan ng buhay rito, kaya naman hindi lumalabis para humirap ang pagkilos dito at hindi kumakaunti para magliparan ang mga buhay mula rito. Bawat bagay sa ganang Kanya ay ayon sa sukat.

Nagpababa Siya mula sa langit ng tubig na kadali-dalisay na hindi mananatili ang buhay malibang sa pamamagitan nito:

(وَجَعَلْنَا مِنَ الْمَاءِ كُلَّ شَيْءٍ حَيٍّ)[الأنبياء:30]

{Gumawa Kami mula sa tubig ng bawat bagay na buhay.} (Qur'ān 21:30)

Kaya nagpalabas Siya sa pamamagitan nito ng mga halaman at mga bunga, nagpainom Siya sa pamamagitan nito sa mga hayupan at tao, at naghanda Siya sa lupa upang mag-ingat nito saka nagpatahak Siya nito sa lupa sa mga bukal at mga ilog.

Nagpatubo Siya sa pamamagitan nito ng mga hardin na may dilag dahil sa mga punong-kahoy ng mga ito, mga bulaklak ng mga ito, mga rosas ng mga ito, at mapanghalinang karikitan ng mga ito. Si Allāh ay ang nagpaganda sa bawat bagay na nilikha Niya at nagsimula ng paglikha ng tao mula sa putik.

Tunay na ang kauna-unahang tao na nilikha ni Allāh ay ang ama ng Sangkatauhan, si Adan (sumakanya ang pangangalaga). Lumikha Siya ng tao mula sa putik. Pagkatapos humubog Siya rito, nagbigay-anyo Siya rito, at umihip Siya rito mula sa Espiritu Niya. Pagkatapos lumikha Siya mula rito ng asawa nito. Pagkatapos gumawa Siya sa mga inapo nito mula sa isang hinango mula sa isang tubig na aba.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(وَلَقَدْ خَلَقْنَا الْإِنْسَانَ مِنْ سُلَالَةٍ مِنْ طِينٍ*ثُمَّ جَعَلْنَاهُ نُطْقَةً فِي قَرَارٍ مَكِينٍ*ثُمَّ خَلَقْنَا النُّطْقَةَ عَاقَةً فَخَلَقْنَا الْعُقَّةَ مُضَعَّةً فَخَلَقْنَا الْمُضَعَّةَ عِظَامًا فَكَسَوْنَا الْعِظَامَ لَحْمًا ثُمَّ أَنْشَأْنَاهُ خَلْقًا آخَرَ فَتَبَارَكَ اللَّهُ أَحْسَنُ الْخَالِقِينَ)[المؤمنون:12-14].

{Talaga ngang lumikha Kami ng tao mula sa isang hinango mula sa isang putik. Pagkatapos gumawa Kami sa kanya na isang patak sa isang pamamalagiang matibay. Pagkatapos lumikha Kami sa patak bilang malalinta, saka lumikha Kami sa malalinta bilang kimpal ng laman, saka lumikha Kami sa kimpal ng laman bilang mga buto, saka bumalot Kami sa mga buto ng laman. Pagkatapos nagpaluwal Kami nito bilang iba pang nilikha. Kaya napakamapagpala si Allāh, ang pinakamaganda sa gawa sa mga tagalikha.} (Qur'ān 23:12-14)

Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

(أَفَرَأَيْتُمْ مَا تُمْنُونَ* أَأَنْتُمْ تَخْلُقُونَهُ أَمْ نَحْنُ الْخَالِقُونَ* نَحْنُ قَدَرْنَا بَيْنَكُمْ الْمَوْتَ وَمَا نَحْنُ بِمَسْبُوقِينَ* عَلَىٰ أَنْ نُبَدِّلَ أَمْثَالَكُمْ وَنُنشِئَكُمْ فِي مَا لَا تَعْلَمُونَ)[الواقعة: 61-58].

{Kaya nagsaalang-alang ba kayo sa ipinupulandit ninyo [na punlay]? Kayo ba ay lumilikha niyon o Kami ay ang Tagalikha? Kami ay nagtakda sa gitna ninyo ng kamatayan at Kami ay hindi nauunahan na magpalit Kami ng mga tulad ninyo at magpaluwal Kami sa inyo sa hindi ninyo nalalaman.} (Qur'ān 56:58-61)

Magbulay-bulay ka sa pagkalikha ni Allāh sa iyo, makatatagpo ka ng isang paghanga sa mga tumpak na organo at mga eksaktong sistema na wala kang nalalaman sa mga operasyon ng mga ito kundi kaunti, huwag nang sabihin na makakontrol ka sa mga ito. Mayroon itong isang organong pinagsama-sama para sa pagtunaw ng pagkain, na nagsisimula sa bibig, na nagpipira-piraso ng pagkain sa mga maliliit na piraso upang mapadali ang pagtunaw (digestion) ng mga ito. Pagkatapos ang lalaugan (pharynx), pagkatapos ibinabato ang isinubo patungo sa bagtingan (larynx) para magbukas para rito ang epiglottis (uvula) sa pinto ng esopago at magsara rito ang pinto ng lalagukan (trachea), pagkatapos dudulas ang isinubo patungo sa sikhura sa pamamagitan ng esopagong kumikilos nang mga kilos na malabulati. Sa sikhura (stomach) nagpapatuloy ang operasyon ng pagtunaw kung saan nagbabagong-anyo ang pagkain para maging isang likidong pagbubuksan ng pagbukas ng bantay-pinto sa sikhura at dadako ito sa duodenum (isang maikling bahagi ng maliit na bituka) kung saan nagpapatuloy ang operasyon ng pagtunaw na siyang pagpapalit-anyo ng hilaw na materyal mula sa pagkain para maging isang naangkop na materyal na nababagay para sa pagdudulot-sustansiya sa mga selula (cell) ng katawan. Pagkatapos mula rito, patungo naman sa maliliit na bituka kung saan makukumpleto ang mga pangwakas na operasyon ng pagtunaw at ang pagkain sa anyong ito ay magiging nababagay para masipsip sa pamamagitan ng mga villus na nariryan sa bituka upang dumaloy kasabay ng agos ng dugo. Mayroong organong pinagsama-sama para sa sirkulasyon ng dugo na nakakalat sa mga masikot na artery, na kung sakaling binanat mo ang mga ito ay talagang lalabis ang haba ng mga ito sa libu-libong

kilometro, na nakadugtong sa sentralisadong estasyon ng bomba (pump) na tinawag na puso, na hindi napapata at hindi nagsasawa sa pagsasalin ng mga dugo sa pamamagitan ng mga arteryang iyon.

Mayroong isa pang organong para naman sa paghinga, may ikaapat para sa mga nerbiyo (nerve), may ikalima para sa pagpapalabas ng mga dumi, may ikaanim, ikapito, at may ikasampu, na nadaragdag tayo sa bawat araw na pagkakaalam hinggil sa mga ito. Ang hindi natin nalalaman kaugnay sa mga ito ay higit na marami kaysa sa nalalaman natin. Kaya sino ang lumikha sa taong ito kalakip ng kahusayang ito kundi si Allāh?

Dahil doon, tunay na ang pinakamabigat na kasalanan sa kairalan ay na gumawa ka para kay Allāh ng isang kaagaw samantalang Siya ay lumikha sa iyo.

Humayo ka nang may isang pusong nakabukas at isang espiritung malinis at magbulay-bulay ka sa kagila-gilalas sa pagkakayari ni Allāh (napakataas Siya). Itong hangin na sinisinghot mo at nanunuot sa iyo sa bawat lugar nang walang kulay na nagpapalabo sa mga paningin, kung sakaling naputol ito sa iyo ng mabibilang na minuto, talaga sanang naalisan ka ng buhay. Tunay na ang tubig na ito na iniinom mo, ang pagkaing iyon na kinakain mo, ang taong ito na iniibig mo, ang lupang ito na nilalakaran mo, at ang langit na iyon na pinagmamasdan mo, lahat ng nakikita ng dalawang mata mo at hindi mo nakikita na mga nilikha na malaki man o maliit, lahat ng iyon ay kabilang sa nilikha ni Allāh, ang Palalikha, ang Maalam.

Tunay na ang pag-iisip-isip kaugnay sa mga nilikha ni Allāh ay nagpapakilala sa atin ng kasukdulan ni Allāh at kakayahan Niya. Tunay na kabilang sa pinakasukdulan sa mga tao sa kahangalan, sa kamangmangan, at sa pagkaligaw ay ang sinumang nakakikita sa nilikhang kagila-gilalas na dakilang nagkakaugmaang mahusay na ito, na nagpapatunay sa nagniningning na karunungan at walang-takdang kakayahan, pagkatapos hindi sumasampalataya sa Tagalikha na nagpairal sa mga ito mula sa kawalan. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(أَمْ خُلِّفُوا مِنْ غَيْرِ شَيْءٍ أَمْ هُمْ الْخَائِفُونَ* أَمْ خَلَّفُوا السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضَ بَلْ لَا يُوقِنُونَ) [الطور: 35، 36]

{O nilikha ba sila mula sa hindi isang bagay o sila ay ang mga tagalikha? O lumikha ba sila ng mga langit at lupa? Bagkus hindi sila nakatitiyak.} (Qur'an 52:35-36)

Tunay na si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ay nakikilala ng mga maayos na naturalesa nang walang pangangailangan sa isang pagtuturo sapagkat pinairal na sa pagkabuo nito ang pagtuon at ang pagdulog sa Kanya subalit ito ay naililigaw at nailalayo sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya).

Dahil dito, kapag may tumama sa tao na isang sakuna o isang kalamidad o isang matinding krisis o mga dalamhati at naharap ito sa napipintong panganib sa katihan at karagatan, dumudulog ito nang direktahan kay Allāh habang humahango mula sa Kanya ng tulong at kaligtasan laban sa anumang dinaranas nito. Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay tumutugon naman sa nagigipit kapag dumalangin ito sa Kanya at nag-aalis Siya ng kapahamakan.

Ang Tagalikhang Sukdulang ito ay higit na malaki kaysa sa bawat bagay; bagkus walang nasusukat sa Kanya na anuman mula sa nilikha Niya sapagkat Siya ay ang Sukdulan na walang hangganan sa kasukdulan Niya at walang nakasasaklaw sa Kanya na isa man sa kaalaman, ang nailalarawan sa katangian ng kataasan sa nilikha Niya sa ibabaw ng mga langit Niya.

(لَيْسَ كَمِثْلِهِ شَيْءٌ وَهُوَ السَّمِيعُ الْبَصِيرُ) [الشورى: 11]

{Walang katulad sa Kanya na anuman, at Siya ay ang Madinigin, ang Nakakikita.} (Qur'an 42:11)

Walang nakatutulad sa Kanya na anuman mula sa nilikha Niya. Ang anumang sumagi sa isip mo, si Allāh ay hindi gayon. Nakakikita Siya sa atin (kaluwalhatian sa Kanya) sa ibabaw ng mga langit Niya samantalang tayo ay hindi nakakikita sa Kanya.

[لا تُدْرِكُهُ الْأَبْصَارُ وَهُوَ يُدْرِكُ الْأَبْصَارَ وَهُوَ اللَّطِيفُ الْخَبِيرُ] (الأنعام:103)

{Hindi nakaaabot sa Kanya ang mga paningin samantalang Siya ay nakaaabot sa mga paningin. Siya ay ang Mapagtalos, ang Mapagbatid.} (Qur'ān 6:103)

Bagkus hindi makababata ang mga pandama natin at ang mga lakas natin na makakita sa Kanya sa Mundong ito. Talaga ngang humiling niyon ang isa sa mga propeta ni Allāh, si Moises (sumakanya ang pangangalaga), noong kumausap sa kanya si Allāh sa tabi ng bundok ng Tūr sapagkat nagsabi siya: "Panginoon ko, magpakita Ka sa akin, titingin ako sa Iyo." Kaya nagsabi sa kanya si Allāh (napakataas Siya):

[لَنْ تَرَانِي وَلَكِنْ انظُرْ إِلَى الْجَبَلِ فَإِنِ اسْتَقَرَّ مَكَانَهُ فَسَوْفَ تَرَانِي فَلَمَّا تَجَلَّى رَبُّهُ لِلْجَبَلِ جَعَلَهُ دَكًّا وَخَرَّ مُوسَى صَعِقًا فَلَمَّا أَفَاقَ قَالَ سُبْحَانَكَ تُبْتُ إِلَيْكَ وَأَنَا أَوَّلُ الْمُؤْمِنِينَ] (الأعراف:143)

{"Hindi ka makakikita sa Akin, subalit tumingin ka sa bundok sapagkat kung namalagi iyon sa lugar niyon ay makakikita ka sa Akin." Kaya noong lumantad ang Panginoon niya sa bundok ay ginawa Niya ito na isang patag. Bumagsak si Moises na hinimatay. Noong nagkamalay ito ay nagsabi ito: "Kaluwalhatian sa iyo! Nagbabalik-loob ako sa Iyo, at ako ay ang una sa mga mananampalataya."} (Qur'ān 7:143)

Ang dambuhalang matayog na bundok ay naguho at nagkabitak-bitak sa pagkalantad ni Allāh doon kaya papaanong makakakaya ang tao niyon sa pamamagitan ng mga mahinang payat na lakas niya? Kabilang sa mga katangian ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ay na Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan.

[وَمَا كَانَ اللَّهُ لِيُعْجِزَهُ مِنْ شَيْءٍ فِي السَّمَاوَاتِ وَلَا فِي الْأَرْضِ] (فاطر:44)

{Hindi nangyaring si Allāh ay ukol mapawalang-kakayahan ng anuman sa mga langit ni sa lupa.} (Qur'ān 35:44)

Nasa kamay Niya ang buhay at ang kamatayan. Nangangailangan sa Kanya ang bawat nilikha samantalang Siya ay Walang-pangangailangan sa bawat nilikha. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(يَا أَيُّهَا النَّاسُ أَنْتُمُ الْفُقَرَاءُ إِلَى اللَّهِ وَاللَّهُ هُوَ الْغَنِيُّ الْحَمِيدُ) [فاطر:15].

{O mga tao, kayo ay ang mga maralita kay Allāh at si Allāh ay ang Walang-pangangailangan, ang Kapuri-puri.} (Qur'an 35:15)

Kabilang sa mga katangian Niya (kaluwalhatian sa Kanya) ay ang kaalamang pumapaligid sa bawat bagay:

(وَعِنْدَهُ مَفَاتِحُ الْغَيْبِ لَا يَعْلَمُهَا إِلَّا هُوَ وَيَعْلَمُ مَا فِي الْبَرِّ وَالْبَحْرِ وَمَا تَسْقُطُ مِنْ وَرَقَةٍ إِلَّا يَعْلَمُهَا وَلَا حَبَّةٍ فِي ظِلْمَاتٍ الْأَرْضِ وَلَا رَطْبٍ وَلَا يَابِسٍ إِلَّا فِي كِتَابٍ مُبِينٍ) [الأنعام:59]،

{Taglay Niya ang mga susi ng nakalingid; walang nakaalam sa mga iyon kundi Siya. Nalalaman Niya ang anumang nasa katihan at karagatan. Walang nalalaglag na anumang dahon malibang nalalaman Niya ito. Walang butil sa mga kadiliman ng lupa at walang mahalumigmig ni tuyot malibang nasa isang aklat na malinaw.} (Qur'an 6:59)

Nakaalam Siya sa anumang sinasalita ng mga dila natin at ginagawa ng mga bahagi ng katawan natin, bagkus, at anumang kinikimkim ng mga dibdib natin:

(يَعْلَمُ خَائِنَةَ الْأَعْيُنِ وَمَا تُخْفِي الصُّدُورُ) [غافر:19]

{Nakaalam Siya sa taksil sa mga mata at anumang ikinukubli ng mga dibdib.} (Qur'an 40:19)

Kaya si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay nakatatalos sa atin, na mapagbatid sa mga kalagayan natin: walang nakakukubli sa Kanya na anuman sa lupa ni sa langit habang hindi Siya nalilingat, hindi Siya nakalilimot, at hindi Siya natutulog. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْحَيُّ الْقَيُّومُ لَا تَأْخُذُهُ سِنَّةٌ وَلَا نَوْمٌ لَهُ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ مَنْ ذَا الَّذِي يَشْفَعُ عِنْدَهُ إِلَّا بِإِذْنِهِ يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيْءٍ مِنْ عِلْمِهِ إِلَّا بِمَا شَاءَ وَسِعَ كُرْسِيُّهُ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضَ وَلَا يَئُودُهُ حِفْظُهُمَا وَهُوَ الْعَلِيُّ الْعَظِيمُ) [البقرة:255]

{Si Allāh, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili. Walang nakatatangay sa Kanya na isang antok ni isang pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino itong mamamagitan sa piling Niya malibang ayon sa pahintulot Niya? Nakaaalam Siya sa anumang nasa harapan nila at anumang nasa likuran nila. Hindi sila nakapapaligid sa anuman mula sa kaalaman Niya malibang ayon sa niloob Niya. Sumakop ang luklukan Niya sa mga langit at lupa at hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Sukdulan.} (Qur'an 2:255)

Taglay Niya ang mga katangian ng kalubusang walang-takda na walang kakulangan dito walang kapintasan:

Taglay Niya ang mga pangalang pinakamagaganda at ang mga katangiang pinakamatataas. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

(وَلِلَّهِ الْأَسْمَاءُ الْحُسْنَىٰ فَادْعُوهُ بِهَا وَذَرُوا الَّذِينَ يُلْحِقُونَ فِي أَسْمَائِهِ سُبُجْرُونَ مَا كَانُوا يَعْمَلُونَ) [الأعراف:180]

{Taglay ni Allāh ang mga pangalang pinakamagaganda kaya dumalangin kayo sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito. Hayaan ninyo ang mga sumisinsay sa mga pangalan Niya; gagantihan sila sa dati nilang ginagawa.} (Qur'an 7:180)

Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay walang katambal para sa Kanya sa paghahari Niya, walang kaagaw, at walang tagataguyod.

Siya ay pinawalang-kinalaman (kaluwalhatian sa Kanya) sa pagkakaroon ng asawa at pagkakaroon ng anak, bagkus Siya ay ang Walang-pangangailangan doon sa kabuuan niyon. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ * اللَّهُ الصَّمَدُ * لَمْ يَلِدْ * لَمْ يُولَدْ * وَأَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ) [الإخلاص:1-4].

{Sabihin mo: "Siyang si Allāh ay Kaisa-isa. Si Allāh ay ang Dulugan [sa pangangailangan]. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak. Hindi

nagkaroon sa Kanya ng isang kapantay na isa man."} (Qur'an 112:1-4)
Nagsabi pa si Allāh (napakataas Siya):

وَقَالُوا اتَّخَذَ الرَّحْمَنُ وَلَدًا * لَقَدْ جِئْتُمْ شَيْئًا إِدًّا * تَكَادُ السَّمَاوَاتُ يَنْفَطِرْنَ مِنْهُ وَتَنْشِقُ الْأَرْضُ
وَتَخِرُّ الْجِبَالُ هَدًّا * أَنْ دَعَوْا لِلرَّحْمَنِ وَلَدًا * وَمَا يَنْبَغِي لِلرَّحْمَنِ أَنْ يَتَّخِذَ وَلَدًا * إِنْ كُنْتُمْ فِي
السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ إِلَّا آتِي الرَّحْمَنِ عَبْدًا [مریم: 88-93]

{Nagsabi sila: "Gumawa ang Napakamaawain ng isang anak." Talaga ngang nakagawa kayo ng isang bagay na kakila-kilabot. Halos ang mga langit ay nagkakabitak-bitak dahil dito, nabibiyak ang lupa, at humahandusay ang mga bundok nang durug-durog, dahil nag-angkin sila para sa Napakamaawain ng isang anak. Hindi nararapat para sa Napakamaawain na gumawa ng isang anak. Walang [magagawa] ang bawat sinumang nasa mga langit at lupa kundi pupunta sa Napakamaawain bilang alipin.} (Qur'an 19:88-93)

Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay ang nailalarawan sa pagtataglay ng mga katangian ng pagkapinagpipitaganan, karikitan, lakas, kasukdulan, pagkamakapagmamalaki, paghahari, at pagsupil.

Siya rin ay ang nailalarawan sa mga katangian ng pagkamapagbigay, pagpapatawad, pagkaawa, at paggawa ng maganda sapagkat Siya ay ang Napakamaawain (Ar-Raḥmān) na sumakop ang awa Niya sa bawat bagay,

ang Maawain (Ar-Raḥīm) na nauna ang awa Niya sa galit Niya,

at ang Mapagbigay (Al-Karīm) na walang hangganan sa pagkamapagbigay Niya at hindi nauubos ang mga kayamanan Niya.

Ang mga pangalan ni Allāh sa kabuuan ng ito ay pinakamagaganda na nagpapahiwatig ng mga katangian ng kalubusang walang-takda na hindi nararapat kundi ukol sa Kanya.

Ang pagkakilala sa mga katangian ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay nakadaragdag sa puso ng pag-ibig, pagpipitagan, takot, at pagpapakumbaba sa Kanya.

Dahil dito, tunay na ang kahulugan ng [pangungusap na] walang Diyos kundi si Allāh ay na hindi magbaling ng anuman sa pagkamananamba kundi kay Allāh sapagkat walang sinasamba ayon sa karapatan kundi si Allāh sapagkat si Allāh ay ang nailalarawan sa mga katangian ng pagkadiyos at pagkalubos at Siya ay ang Tagalikha, ang Tagapagtustos, ang Tagapagbiyaya, ang Tagapagbigay-buhay, ang Tagapagbigay-kamatayan, ang Tagapagmabuting-loob sa nilikha Niya sapagkat Siya – tanging Siya – ay ang karapat-dapat sa pagsamba – walang katambal sa Kanya.

Ang sinumang tumanggi sa pagsamba kay Allāh o sumamba sa iba pa kay Allāh ay nagtambal nga at tumanggi ngang sumampalataya.

Kaya naman hindi isinasagawa ang pagpapatirapa, ang pagyukod, ang pagpapakumbaba, at ang pagdarasal kundi kay Allāh.

Hindi magpapasaklolo kundi kay Allāh, hindi magtutuon ng panalangin kundi kay Allāh, hindi hihiling ng mga pangangailangan kundi mula kay Allāh, at hindi magpapakalapit-loob ng alinmang pampalapit-loob, pagtalima, at pagsamba kundi kay Allāh.

(قُلْ إِنْ صَلَاتِي وَنُسُكِي وَمَحْيَايَ وَمَمَاتِي لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ * لَا شَرِيكَ لَهُ وَبِذَلِكَ أُمِرْتُ وَأَنَا
أَوَّلُ الْمُسْلِمِينَ) [الأنعام: 162، 163].

{Sabihin mo: "Tunay na ang dasal ko, ang pag-aalay ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang – walang katambal sa Kanya. Gayon napag-utusan ako, at ako ay una sa mga Muslim."} (Qur'an 6:162-163)

B. Bakit tayo nilikha ni Allāh?

Ang pagsagot sa malaking tanong na ito ay nasa kasukdulan ng kahalagahan subalit bahagi ng pagkakinakailangan na hanguin ang pagsagot mula sa makadiyos na pagkakasi sapagkat si Allāh ay ang lumikha sa atin at Siya ay ang nagpapabatid sa atin ng layon na alang-alang dito ay nilikha Niya tayo. Nagsabi Siya (kapita-pitagan ang pumapatungkol sa Kanya):

[وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ.] [الذاريات: 56]

{Hindi Ako lumikha ng jinn at tao kundi upang sumamba sila sa Akin.}
(Qur'ān 51:56)

Kaya naman ang pagkamananamba ay ang katangiang nagbubuklod sa mga nilikha ni Allāh na hindi nakabibilang sa mga ito ang bilang, mula sa pinakamaharlika sa mga nilikha (ang mga anghel) hanggang sa iba pa sa kanila kabilang sa mga kahanga-hanga sa nilikha ni Allāh. Ang lahat ng mga kalipunang ito ay naisanaturalesa at naisakalikasan sa pagkabuo ng buhay ng mga ito ayon sa pagkamananamba at pagluluwalhati kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang.

[تَسْبِيحٌ لَهُ السَّمَاوَاتِ السَّبْعُ وَالْأَرْضُ وَمَنْ فِيهِنَّ وَإِنْ مِنْ شَيْءٍ إِلَّا يُسَبِّحُ بِحَمْدِهِ وَلَكِنْ لَا تَفْقَهُونَ تَسْبِيحَهُمْ] [الاسراء: 44]

{Nagluluwalhati sa Kanya ang pitong langit, ang lupa, at ang sinumang nasa mga ito. Walang anumang bagay kundi nagluluwalhati kalakip ng pagpupuri sa Kanya ngunit hindi kayo nakauunawa sa pagluluwalhati nila.}
(Qur'ān 17:44)

Ang mga anghel ay binibigyang-sigla sa pagluluwalhati gaya ng pagbibigay-sigla sa mga anak ni Adan sa paghinga. Subalit ang pagkamananamba ng tao sa Tagalikha niya ay kusang-loob at hindi sapilitan (kusang-loob na pampagsusulit).

[هُوَ الَّذِي خَلَقَكُمْ مِنْكُمْ كَافِرٌ وَمِنْكُمْ مُؤْمِنٌ وَاللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ.] [التغابن: 2]

{Siya ay ang lumikha sa inyo, saka kabilang sa inyo ay tagatangging sumampalataya at kabilang sa inyo ay mananampalataya. Si Allāh sa anumang ginagawa ninyo ay Nakakikita.} (Qur'ān 64:2)

أَلَمْ تَرَ أَنَّ اللَّهَ يَسْجُدُ لَهُ مَن فِي السَّمَاوَاتِ وَمَن فِي الْأَرْضِ وَالشَّمْسُ وَالْقَمَرُ وَالنُّجُومُ
وَالْجِبَالُ وَالشَّجَرُ وَالذَّوَابُّ وَكَثِيرٌ مِّنَ النَّاسِ ۗ وَكَثِيرٌ حَقَّ عَلَيْهِ الْعَذَابُ ۗ وَمَن يُهِنِ اللَّهُ فَمَا لَهُ
مِن مُّكْرِمٍ. [الحج: 18]

{Hindi mo ba napag-alaman na kay Allāh ay nagpapatirapa ang sinumang nasa mga langit, ang sinumang nasa lupa, ang araw, ang buwan, ang mga bituin, ang mga bundok, ang mga punong-kahoy, ang mga hayop, at ang marami sa mga tao. May marami na nagindapat sa kanila ang pagdurusa. Ang sinumang hinahamak ni Allāh ay walang ukol sa kanya na anumang tagapagparangal.} (Qur'ān 22:18)

Kaya si Allāh ay lumikha sa atin para sa pagsamba sa Kanya at para sumulit sa tagumpay natin sa pagsasakatu-paran ng pagsambang ito. Kaya ang sinumang sumamba kay Allāh, umibig sa Kanya, nagpakumbaba sa Kanya, tumalima sa mga ipinag-uutos Niya, at umiwas sa mga sinasaway Niya ay magkakamit ng kaluguran Niya, awa Niya, at pag-ibig Niya, at gagantihan Niya ng magandang ganti. Ang sinumang tumanggi sa pagsamba kay Allāh na lumikha sa kanya at tumustos sa kanya, at nagmalaki sa pagtangi rito at tumanggi sa pagpapaakay sa mga ipinag-uutos ni Allāh at sa pag-iwas sa mga sinasaway Niya, nagindapat nga ito sa galit ni Allāh, pagkainis Niya, at masakit sa parusa Niya. Si Allāh (kapita-pitagan Siya at kataas-taasan) ay hindi lumikha sa atin nang walang-kabuluhan at hindi nag-iwan sa atin nang napababayaan. Tunay na kabilang sa pinakamangmang sa mga tao at pinakahangal sa mga tao ang sinumang nagpalagay na siya ay lumabas sa Mundong ito at pinagkalooban ng pandinig, paningin, at pagkaunawa, pagkatapos namuhay sa buhay na ito sa isang yugto ng panahon, pagkatapos mamatay habang hindi siya nakaalam kung bakit siya dumating sa Mundong ito at sa kung saan siya pupunta matapos nito. Si Allāh (kapita-pitagan Siya at kataas-taasan) ay nagsasabi:

(أَفَحَسِبْتُمْ أَنَّمَا خَلَقْنَاكُمْ عَبَثًا وَأَنَّكُمْ إِلَيْنَا لَا تُرْجَعُونَ) [المؤمنون: 115].

{Kaya nagpalagay ba kayo na lumikha Kami sa inyo nang walang-kabuluhan lamang, at na kayo tungo sa Amin ay hindi pababalikin?} (Qur'an 23:115)

Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh, nananalig sa Kanya, nagpapahatol sa Kanya, umiibig sa Kanya, nagpapakumbaba sa Kanya, nagpapakalapit-loob sa Kanya sa pamamagitan ng mga pagsamba, at naghahanap ng nagpapalugod sa Kanya sa bawat pook ay hindi nakakapantay sa ganang Kanya ng sinumang tumatangging sumampalataya sa Kanya na lumikha sa tao at nagbigay-anyo rito, nagpapasinungaling sa mga tanda Niya at Relihiyon Niya, at umaayaw sa pagpapakumbaba sa utos Niya.

Ang una ay magtatamo ng pagpaparangal, gantimpala, pag-ibig, at pagkalugod; at ang huli ay tatamaan ng pagkainis, galit, at parusa.

[Ito ay] yayamang bubuhayin ni Allāh ang mga tao matapos ng kamatayan nila mula sa mga libingan nila at gagantihan Niya ang tagagawa ng mabuti kabilang sa kanila ng kaginhawahan at pagpaparangal sa mga Hardin ng Kaginhawahan at parurusahan naman Niya ang tagagawa ng masagwa na nagmamalaking umaayaw sa pagsamba sa Kanya ng pagdurusa sa tahanan ng Impiyerno.

Bahala ka na mag-isip-isip ng kasukdulan ng pagpaparangal at gantimpala sa tagagawa ng maganda kapag ang gantimpala at ang pagpaparangal na ito ay mula kay Allāh, ang Walang-pangangailangan, ang Mapagbigay na walang hangganan sa pagkamapagbigay Niya at awa Niya at hindi nauubos ang mga kayamanan Niya. Tunay na ang gantimpalang ito ay magiging isang tugatog sa kaginhawahan, na hindi magwawakas at hindi maglalaho. (Ito ang pag-uusapan natin mamaya.)

Gayon din, bahala ka na magguniguni sa tindi ng kaparusahan at sakit ng pagdurusa para sa tagatangging sumampalataya kapag namumutawi ito mula kay Allāh, ang Palasupil, ang Makapagmamalaki, na walang hangganan sa pagsupil niya at pagkamakapagmamalaki Niya.

2. Si Muḥammad, ang Sugo ni Allāh

Ang pananampalataya sa pagkasugo ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang ikalawang bahagi ng pangunahing haligi mula sa mga Haligi ng Islām at ang pangulong saligan na kinasalalayan ng gusali ng Islām.

Ang indibiduwal ay nagiging isang Muslim matapos na bumigkas ng pagsaksi sa dalawa: sasaksi siya na walang Diyos kundi si Allāh at sasaksi siya na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh.

A. Kaya ano ang kahulugan ng Sugo? Sino si Muḥammad? Mayroon bang mga ibang sugo bukod sa kanya?

Ito ang tatangkain nating sagutin sa mga pahinang ito.

Ang sugo ay isang lalaking nasa pinakamataas na rurok ng katapatan ng pagsasalita at kagandahan ng mga kaasalan. Pinili siya ni Allāh mula sa mga tao saka kinasihan ng niloloob Nito na mga kautusan ng relihiyon at mga nauukol sa [kaalamang] nakalingid at inuutusan siya na magpaabot ng mga iyon sa mga tao. Kaya naman ang sugo ay isang tao, na ang kahalintulad niya ay ang kahalintulad ng lahat ng mga tao: kumakain siya kung paanong kumakain sila, umiinom siya kung paanong umiinom sila, at nangangailangan siya ng kinakailangan ng mga tao. Subalit siya ay natatangi sa kanila dahil sa pagkasi na dumarating sa kanya mula kay Allāh para magpatalos sa kanya ng niloloob ni Allāh mula sa mga nauukol sa [kaalamang] nakalingid at mga kautusan ng relihiyon na ipinaaabot niya sa mga tao, at natatangi sa kanila rin dahil sa pagsanggalang ni Allāh para sa kanya laban sa pagkakasadlak sa malalaki sa mga pagkakasala o alinmang bagay na makasisira sa pagpapaabot ng mensahe ni Allāh sa mga tao.

Magtatala tayo ng ilan sa mga kasaysayan ng mga naunang sugo bago ni Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) upang luminaw sa atin na ang mensahe ng mga sugo ay iisa, ang pag-aanyaya tungo sa pagsamba kay Allāh lamang. Magsisimula tayo sa paglalahad sa kasaysayan ng simula ng sangkatauhan at ng pangangaway ng demonyo sa ama ng tao na si Adan at sa mga supling nito.

B. Ang Kauna-unahan sa mga Sugo, ang Ama Nating si Adan (Sumakanya ang Pangangalaga)

Nilikha ni Allāh ang ama nating si Adan (sumakanya ang pangangalaga) mula sa putik, pagkatapos umihip Siya rito mula sa Espiritu Niya. Nagsabi si Allāh (kapita-pitagan ang pumapatungkol sa Kanya):

وَلَقَدْ خَلَقْنَاكُمْ ثُمَّ صَوَّرْنَاكُمْ ثُمَّ قُلْنَا لِلْمَلَائِكَةِ اسْجُدُوا لِآدَمَ فَسَجَدُوا إِلَّا إِبْلِيسَ لَمْ يَكُن مِّنَ السَّاجِدِينَ * قَالَ مَا مَنَعَكَ أَلَّا تَسْجُدَ إِذْ أَمَرْتُكَ * قَالَ أَنَا خَيْرٌ مِّنْهُ خَلَقْتَنِي مِن نَّارٍ وَخَلَقْتَهُ مِن طِينٍ * قَالَ فَاهْبِطْ مِنْهَا فَمَا يَكُونُ لَكَ أَنْ تَتَكَبَّرَ فِيهَا فَاخْرُجْ إِنَّكَ مِنَ الصَّاغِرِينَ * قَالَ أَنْظِرْنِي إِلَى يَوْمِ يُبْعَثُونَ * قَالَ إِنَّكَ مِنَ الْمُنظَرِينَ. {الأعراف 10-15}

{Talaga ngang lumikha Kami sa inyo. Pagkatapos nag-anyo Kami sa inyo. Pagkatapos nagsabi Kami sa mga anghel: "Magpatirapa kayo kay Adan," kaya nagpatirapa sila maliban si Satan; hindi siya naging kabilang sa mga nagpapatirapa. Nagsabi Siya: "Ano ang pumigil sa iyo na hindi ka magpatirapa noong nag-utos Ako sa iyo?" Nagsabi ito: "Ako ay higit na mainam kaysa sa kanya. Lumikha Ka sa akin mula sa apoy samantalang lumikha Ka sa kanya mula sa putik." Nagsabi Siya: "Kaya lumapag ka mula rito sapagkat hindi nagiging ukol sa iyo na magpakamalaki rito. Kaya lumabas ka; tunay na ikaw ay kabilang sa mga nanliliit." Nagsabi ito: "Magpaliban Ka sa akin hanggang sa araw na bubuhayin sila." Nagsabi Siya: "Tunay na ikaw ay kabilang sa mga ipagpapaliban."} (Qur'ān 7:11-15)

Humiling ang demonyo kay Allāh na mag-antabay sa kanya at huwag magmadali sa kanya sa kaparusahan at na magpahintulot sa kanya sa

paglisya kay Adan at sa mga supling nito dala ng pagkainggit at pagkasuklam sa kanila. Kaya nagpahintulot naman si Allāh dahil sa isang kasanhiang ninais Niya. Nangibabaw ang demonyo sa paglisya kay Adan at sa mga supling nito maliban sa mga nagpapakawagas na lingkod ni Allāh. Nag-utos si Allāh kay Adan at sa mga anak niya na huwag silang sumamba sa demonyo, huwag silang sumuko sa paglisya nito, at magpakupkop sila sa Kanya laban doon. Nagsimula ang kauna-unahan sa paglisya mula sa demonyo kay Adan at sa maybahay niyang si Eva (na nilikha ni Allāh mula sa tadyang niya) ayon sa kasaysayan na binanggit ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya):

(وَيَا آدَمُ اسْكُنْ أَنْتَ وَزَوْجُكَ الْجَنَّةَ فَكُلَا مِنْ حَيْثُ شِئْتُمَا وَلَا تَقْرَبَا هَذِهِ الشَّجَرَةَ فَتَكُونَا مِنَ الظَّالِمِينَ* فَوَسَّسَ لَهُمَا الشَّيْطَانُ لِيُبْدِيَ لَهُمَا مَا وُورِيَ عَنْهُمَا مِنْ سَوَاتِيمَا وَقَالَ مَا نَهَاكُمَا رَبُّكُمَا عَنِ هَذِهِ الشَّجَرَةِ إِلَّا أَنْ تَكُونَا مَلَكَيْنِ أَوْ تَكُونَا مِنَ الْخَالِدِينَ* وَقَاسَمَهُمَا إِنِّي لَكُمَا لَمِنَ النَّاصِحِينَ* فَدَلَّاهُمَا بِغُرُورٍ فَلَمَّا ذَاقَا الشَّجَرَةَ بَدَتْ لَهُمَا سَوَاتِيمَا وَطَفِقَا يَخْصِفَانِ عَلَيْهِمَا مِنْ وَرَقِ الْجَنَّةِ وَنَادَاهُمَا رَبُّهُمَا أَلَمْ أَنْهَكُمَا عَنِ تِلْكَ الشَّجَرَةِ ۖ وَأَقُلْ لَكُمَا إِنَّ الشَّيْطَانَ لَكُمَا عَدُوٌّ مُبِينٌ* قَالَا رَبَّنَا ظَلَمْنَا أَنْفُسَنَا وَإِنْ لَمْ تَغْفِرْ لَنَا وَتَرْحَمْنَا لَنَكُونَنَّ مِنَ الْخَاسِرِينَ* قَالَ اهْبِطُوا بَعْضُكُم لِبَعْضٍ عَدُوٌّ وَلَكُمْ فِي الْأَرْضِ مُسْتَقَرٌّ وَمَتَاعٌ إِلَىٰ حِينٍ* قَالَ فِيهَا تَحْبَوْنَ وَفِيهَا تَمُوتُونَ وَمِنْهَا تُخْرَجُونَ* يَا بَنِي آدَمَ قَدْ أَنْزَلْنَا عَلَيْكُم لِبَاسًا يُؤَارِي سَوَاتِكُمْ وَرِيشًا وَلِبَاسِ النَّفُوسِ ذَلِكَ خَيْرٌ ۚ ذَلِكَ مِنْ آيَاتِ اللَّهِ لَعَلَّهُمْ يُذَكَّرُونَ* يَا بَنِي آدَمَ لَا يُفْنِتْكُمُ الشَّيْطَانُ كَمَا أَخْرَجَ أَبَوَيْكُم مِنَ الْجَنَّةِ يَنْزِعُ عَنْهُمَا لِبَاسَهُمَا لِيُرِيَهُمَا سَوَاتِيمَا إِنَّهُ بَرَأَكُمْ هُوَ وَقَبِيلُهُ مِنْ حَيْثُ لَا تَرَوْنَهُمْ ۗ إِنَّا جَعَلْنَا الشَّيَاطِينَ أَوْلِيَاءَ لِلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ.) {الأعراف 19-27}

{O Adan, manahan ka at ang asawa mo sa Paraiso, saka kumain kayong dalawa mula saanman ninyo loobin ngunit huwag kayong dalawa lumapit sa punong-kahoy na ito para kayong dalawa ay [hindi] maging kabilang sa mga tagalabag sa katarungan." Ngunit nagpasaring sa kanilang dalawa ang demonyo upang magtambad siya sa kanilang dalawa ng binalot para sa kanilang dalawa mula sa kahubaran nilang dalawa. Nagsabi siya: "Hindi sumaway sa inyong dalawa ang Panginoon ninyong dalawa laban sa punong-kahoy na ito maliban na kayong dalawa ay maging mga anghel o kayong dalawa ay maging kabilang sa mga nananatiling-buhay." Nakipagsumpaan siya sa kanilang dalawa: "Tunay na ako para sa inyong dalawa ay kabilang sa mga tagapayo." Kaya nagpamithi siya sa kanilang

dalawa dahil sa kahibangan. Kaya noong nakatikim silang dalawa sa [bunga ng] punong-kahoy ay natambad sa kanilang dalawa ang kahubaran nilang dalawa at nagsimula silang dalawa na magkapit sa kanilang dalawa ng mula sa mga dahon ng Paraiso. Nanawagan sa kanilang dalawa ang Panginoon nilang dalawa: "Hindi ba Ako sumaway sa inyong dalawa laban sa punong-kahoy na iyon at nagsabi sa inyong dalawa: Tunay na ang demonyo para sa inyong dalawa ay isang kaaway na malinaw?" Nagsabi silang dalawa: "Panginoon namin, lumabag kami sa katarungan sa mga sarili namin. Kung hindi Ka magpapatawad sa amin at maaawa sa amin, talagang kami nga ay magiging kabilang sa mga lugi." Nagsabi Siya: "Lumapag kayo; ang iba sa inyo para sa iba ay kaaway. Ukol sa inyo sa lupa ay isang pinagtitigilan at isang natatamasa hanggang sa isang panahon." Nagsabi Siya: "Sa loob niyon mabubuhay kayo, sa loob niyon mamamatay kayo, at mula roon ilalabas kayo. O mga anak ni Adan, nagpababa nga Kami sa inyo ng kasuutan na magbabalot sa kahubaran ninyo at bilang gayak. Ang kasuutan ng pangingilag magkasala, iyon ay higit na mabuti. Iyon ay kabilang sa mga tanda ni Allāh, nang sa gayon sila ay magsasaalaala. O mga anak ni Adan, huwag ngang tutukso sa inyo ang demonyo yayamang nagpalabas siya sa mga magulang ninyo mula sa Paraiso habang nag-aalis sa kanilang dalawa ng kasuutan nilang dalawa upang magpakita siya sa kanilang dalawa ng kahubaran nilang dalawa. Tunay na siya ay nakakikita sa inyo, siya at ang mga kampon niya, mula sa kung saan hindi kayo nakakikita sa kanila. Tunay na Kami ay gumawa sa mga demonyo bilang mga katangkilik para sa mga hindi sumasampalataya."} (Qur'ān 7:19-27)

Matapos na bumaba si Adan sa lupa at napagkalooban siya ng mga anak at mga supling, pinapanaw siya (sumakanya ang pangangalaga). Pagkatapos nagdamihan ang mga supling niya sa isang salinlahi matapos ng isang salinlahi. Dumanas sila ng mga paglisya ng demonyo at gumapang sa kanila ang paglihisan at ang pagsamba ng mga libingan ng mga taong maayos kabilang sa mga ninuno nila. Nalipat sila mula sa pananampalataya patungo sa pagtatambal [kay Allāh] kaya naman nagpadala si Allāh sa

kanila ng isang sugong kabilang sa kanila na si Noe (sumakanya ang pangangalaga).

C. Si Noe (Sumakanya ang Pangangalaga)

Sa pagitan ni Noe at ni Adan ay may sampung siglo. Nagsugo sa kanya si Allāh sa mga kababayan niya matapos na naligaw sila at naging sumasamba sa mga diyos na iba pa kay Allāh. Sila noon ay sumasamba sa mga anito, mga bato, at mga libingan. Kabilang sa pinakatanyag sa "mga diyos nila" ay sina Wadd, Suwā`, Yaghūth, Ya`uq, at Nasr. Nagpadala sa kanya si Allāh sa kanila upang magpanumbalik siya sa kanila sa pagsamba kay Allāh lamang, gaya ng ipinabatid sa atin ni Allāh (napakataas Siya) hinggil doon sa sabi Niya:

لَقَدْ أَرْسَلْنَا نُوحًا إِلَىٰ قَوْمِهِ فَقَالَ يَا قَوْمِ اعْبُدُوا اللَّهَ مَا لَكُمْ مِنْ إِلَهٍ غَيْرُهُ إِنِّي أَخَافُ عَلَيْكُمْ عَذَابَ يَوْمٍ عَظِيمٍ (الأعراف:59)،

{Talaga ngang nagsugo Kami kay Noe sa mga kababayan niya, saka nagsabi siya: "O mga kababayan ko, sumamba kayo kay Allāh; walang ukol sa inyo na anumang Diyos na iba pa sa Kanya. Tunay na ako ay nangangamba para sa inyo sa pagdurusa sa isang araw na sukduhan."} (Qur'an 7:59)

Nagpatuloy siya na nag-aanyaya sa mga kababayan niya tungo sa pagsamba kay Allāh sa isang mahabang panahon ngunit walang sumampalataya kasama sa kanya kundi kaunti, kaya dumalangin siya sa Panginoon niya, na nagsasabi:

قَالَ رَبِّ إِنِّي دَعَوْتُ قَوْمِي لَيْلًا وَنَهَارًا (5) فَلَمْ يَزِدْهُمْ دُعَائِي إِلَّا فِرَارًا (6) وَإِنِّي كُلَّمَا دَعَوْتُهُمْ لِتَغْفِرَ لَهُمْ جَعَلُوا أَصَابِعَهُمْ فِي آذَانِهِمْ وَاسْتَغْشَوْا ثِيَابَهُمْ وَأَصْرُوا وَاسْتَكْبَرُوا اسْتِكْبَارًا (7) ثُمَّ إِنِّي دَعَوْتُهُمْ جَهَارًا (8) ثُمَّ إِنِّي أَعْلَنْتُ لَهُمْ وَأَسْرَرْتُ لَهُمْ إِسْرَارًا (9) فَقُلْتُ اسْتَغْفِرُوا رَبَّكُمْ إِنَّهُ كَانَ غَفَّارًا (10) يُرْسِلُ السَّمَاءَ عَلَيْكُمْ مِدْرَارًا (11) وَيُمْدِدْكُمْ بِأَمْوَالٍ وَبَنِينَ وَيَجْعَلْ لَكُمْ جَنَاتٍ وَيَجْعَلْ لَكُمْ أَنْهَارًا (12) مَا لَكُمْ لَا تَرْجُونَ لِلَّهِ وَقَارًا (13) وَقَدْ خَلَقَكُمْ أَطْوَارًا [نوح:14-5]

{“Panginoon ko, tunay na ako ay nag-anyaya sa mga kababayan ko sa gabi at maghapon, ngunit walang naidagdag sa kanila ang pag-aanyaya ko kundi pagtakas. Tunay na sa tuwing nag-anyaya ako sa kanila upang magpatawad Ka sa kanila ay naglalagay sila ng mga daliri nila sa mga tainga nila, nagtatalukbong sila ng mga damit nila, nagpupumilit sila, at nagmamalaki sila nang isang pagmamalaki. Pagkatapos tunay na ako ay nag-anyaya sa kanila nang lantaran. Pagkatapos tunay na ako ay nagpahayag sa kanila at nagtapat sa kanila nang isang pagtatapat. Kaya nagsabi ako: Humingi kayo ng tawad sa Panginoon ninyo – tunay na Siya ay laging Palapatawad – magpapadala Siya ng [ulan ng] langit sa inyo na nananagana, mag-aayuda Siya sa inyo ng mga yaman at mga anak, gagawa Siya para sa inyo ng mga hardin, at gagawa Siya para sa inyo ng mga ilog. Ano ang mayroon sa inyo na hindi kayo umaasam kay Allāh sa kabunyian samantalang lumikha nga Siya sa inyo sa mga yugto?”} (Qur’ān 5:14)

Sa kabilang ng tuluy-tuloy na pagsisikap na ito at kahanga-hangang sigasig sa kapatubayan ng mga kababayan niya, gayon pa man, sila ay nagpasinungaling sa kanya, nanuya sa kanya, at nagbintang sa kanya ng mga paratang ng kabaliwan. Kaya nagkasi si Allāh sa kanya na:

[لَنْ يُؤْمِنَ مِنْ قَوْمِكَ إِلَّا مَنْ قَدْ آمَنَ فَلَا تَبْتَئِسْ بِمَا كَانُوا يَفْعَلُونَ] (هود:36)

{“Hindi sasampalataya kabilang sa mga tao mo kundi ang sinumang sumampalataya na, kaya huwag kang mahapis sa anumang dati nilang ginagawa.”} (Qur’ān 11:36)

Nag-utos si Allāh sa kanya na gumawa ng isang daong na ilululan dito ang lahat ng sumampalataya kasama sa kanya. Yumayari siya ng daong. Sa tuwing may napadaan sa kanya na isang konseho kabilang sa mga tao niya ay nangungutya sila sa kanya. Nagsabi siya:

وَيَصْنَعُ الْفُلْكَ وَكَلَّمَا مَرَّ عَلَيْهِ مَلَأُ مِنْ قَوْمِهِ سَخِرُوا مِنْهُ قَالَ إِنْ تَسْخَرُوا مِنَّا فَإِنَّا نَسْخَرُ مِنْكُمْ كَمَا تَسْخَرُونَ (38) فَسَوْفَ تَعْلَمُونَ مَنْ يَأْتِيهِ عَذَابٌ يُخْزِيهِ وَيَجِلُّ عَلَيْهِ عَذَابٌ مُقِيمٌ (39) حَتَّى إِذَا جَاءَ أَمْرُنَا وَفَارَ التَّنُّورُ قُلْنَا احْمِلْ فِيهَا مِنْ كُلِّ زَوْجَيْنِ اثْنَيْنِ وَأَهْلَكَ إِلَّا مَنْ سَبَقَ عَلَيْهِ الْقَوْلُ وَمَنْ آمَنَ وَمَا آمَنَ مَعَهُ إِلَّا قَلِيلٌ (40) وَقَالَ ارْكَبُوا فِيهَا بِسْمِ اللَّهِ مَجْرَاهَا وَمُرْسَاهَا إِنَّ رَبِّي لَغَفُورٌ رَحِيمٌ (41) وَهِيَ تَجْرِي بِهِمْ فِي مَوْجٍ كَالْجِبَالِ وَنَادَى نُوحٌ ابْنَهُ وَكَانَ فِي مَعْرَلٍ

يَا بُنَيَّ ارْكَب مَعَنَا وَلَا تَكُن مَعَ الْكَافِرِينَ (42) قَالَ سَأُوبِي إِلَى جَبَلٍ يَعْصِمُنِي مِنَ الْمَاءِ قَالَ لَا عَاصِمَ الْيَوْمَ مِنْ أَمْرِ اللَّهِ إِلَّا مَنْ رَجِمَ وَحَالَ بَيْنَهُمَا الْمَوْجُ فَكَانَ مِنَ الْمُغْرَقِينَ (43) وَقِيلَ يَا أَرْضُ ابْلَعِي مَاءَكَ وَيَا سَمَاءُ أَقْلِعِي وَغِيضَ الْمَاءِ وَقُضِيَ الْأَمْرُ وَاسْتَوَتْ عَلَى الْجُودِيِّ وَقِيلَ بُعْدًا لِلْقَوْمِ الظَّالِمِينَ (44) وَنَادَى نُوحٌ رَبَّهُ فَقَالَ رَبِّ إِنَّ ابْنِي مِنْ أَهْلِي وَإِنَّ وَعْدَكَ الْحَقُّ وَأَنْتَ أَحْكَمُ الْحَاكِمِينَ (45) قَالَ يَا نُوحُ إِنَّهُ لَيْسَ مِنْ أَهْلِكَ إِنَّهُ عَمَلٌ غَيْرُ صَالِحٍ فَلَا تَسْأَلْنِ مَا لَيْسَ لَكَ بِهِ عِلْمٌ إِنِّي أَعِظُكَ أَنْ تَكُونَ مِنَ الْجَاهِلِينَ (46) قَالَ رَبِّ إِنِّي آغُوذُ بِكَ أَنْ أَسْأَلَكَ مَا لَيْسَ لِي بِهِ عِلْمٌ وَإِلَّا تَغْفِرْ لِي وَتَرْحَمْنِي أَكُنْ مِنَ الْخَاسِرِينَ (47) قِيلَ يَا نُوحُ اهْبِطْ بِسَلَامٍ مِنَّا وَبَرَكَاتٍ عَلَيْكَ وَعَلَى أُمَمٍ مِمَّنْ مَعَكَ وَأُمَّمٌ سَمِعَتْهُمُ ثُمَّ يَمَسُّهُمُ مِنَّا عَذَابٌ أَلِيمٌ

[هود:48-38]

{"Kung nangungutya kayo sa amin, tunay na kami ay mangungutya sa inyo kung paanong nangungutya kayo, saka makaaalam kayo sa kung sino ang pupuntahan ng isang pagdurusang magpapahiya sa kanya at dadapuan ng isang pagdurusang mananatili." [Gayon nga] hanggang sa nang dumating ang utos Namin at sumambulat ang pugon ay nagsabi Kami: "Maglulan ka sa loob niyon ng mula sa bawat dalawang magkapares, ng mag-anak mo – maliban sa nauna sa kanya ang hatol – at ng sinumang sumampalataya." Walang sumampalataya kasama sa kanya kundi kaunti. Nagsabi siya: "Sumakay kayo rito; sa ngalan ni Allāh ang paglalayag nito at ang pagdaong nito. Tunay na ang Panginoon ko ay talagang Mapagpatawad, Maawain." Ito ay naglayag lulan sila sa mga alon na gaya ng mga bundok. Nanawagan si Noe sa anak niya habang ito ay nasa pinaglayuan [nito]: "O anak ko, sumakay ka kasama sa amin at huwag kang maging kabilang sa mga tagatangging sumampalataya." Nagsabi ito: "Kakanlong ako sa isang bundok na magsasanggalang sa akin laban sa tubig." Nagsabi siya: "Walang tagapagsanggalang sa araw na ito laban sa pasya ni Allāh maliban sa kinaawaan Niya." Humarang sa pagitan nilang dalawa ang mga alon, kaya ito ay naging kabilang sa mga nalunod. Sinabi: "O lupa, lulunin mo ang tubig mo; o langit, pigilin mo [ang ulan]." Pinahupa ang tubig, natapos ang pasya, at lumuklok ito sa ibabaw ng [bundok ng] Jūdīy. Sinabi: "Kalayuan [sa awa] ay ukol sa mga taong tagalabag sa katarungan." Nanawagan si Noe sa Panginoon niya saka nagsabi: "O Panginoon ko, tunay na ang anak ko ay kabilang sa mag-anak ko. Tunay na ang pangako Mo ay ang totoo. Ikaw ay ang pinakatagahatol sa mga tagahatol." Nagsabi

Siya: "O Noe, tunay na siya ay hindi kabilang sa mag-anak mo. Tunay na [ang paghiling na] ito ay gawang hindi maayos. Kaya huwag kang humiling sa Akin ng wala kang kaalaman hinggil doon. Tunay na Ako ay nangangaral sa iyo na baka ikaw ay maging kabilang sa mga mangmang." Nagsabi siya: "O Panginoon ko, tunay ako ay nagpapakupkop sa Iyo na humiling ako sa Iyo ng wala akong kaalaman hinggil doon. Kung hindi Ka magpapatawad sa akin at maaawa sa akin, ako ay magiging kabilang sa mga lugi." Sinabi: "O Noe, manaog ka nang may kapayapaan mula sa Amin at mga pagpapala sa iyo at sa mga kalipunan kabilang sa sinumang kasama sa iyo. May mga kalipunang pagtatamasain Namin, pagkatapos may sasaling sa kanila mula sa Amin na isang pagdurusang masakit."} (Qur'ān 11:38-48)

D. Ang Sugong si Hūd (Sumakanya ang Pangangalaga)

Pagkatapos matapos ng isang yugto ng panahon, nagsugo si Allāh sa lipi ng `Ād sa isang rehiyong tinatawag na Aḥqāf. Matapos na naligaw sila at sumamba sila sa iba pa kay Allāh, nagsugo Siya sa kanila ng isang sugong kabilang sa kanila, na si Hūd (sumakanya ang pangangalaga).

Nagpabatid sa atin si Allāh (napakataas Siya) tungkol doon sa sabi Niya:

وإِلَىٰ عَادِ أَخَاهُمْ هُودًا قَالَ يَا قَوْمِ اعْبُدُوا اللَّهَ مَا لَكُمْ مِنْ إِلَهٍ غَيْرُهُ أَفَلَا تَتَّقُونَ (65) قَالَ الْمَلَأُ
 الَّذِينَ كَفَرُوا مِنْ قَوْمِهِ إِنَّا لَنَرَاكَ فِي سَفَاهَةٍ وَإِنَّا لَنُظَنُّكَ مِنَ الْكَاذِبِينَ (66) قَالَ يَا قَوْمِ لَيْسَ
 بِي سَفَاهَةٌ وَلَكِنِّي رَسُولٌ مِنْ رَبِّ الْعَالَمِينَ (67) أُنَبِّئُكُمْ رَسُولَاتِ رَبِّي وَأَنَا لَكُمْ نَاصِحٌ أَمِينٌ
 (68) أَوْعَجِبْتُمْ أَنْ جَاءَكُمْ ذِكْرٌ مِنْ رَبِّكُمْ عَلَىٰ رَجُلٍ مِنْكُمْ لِيُنذِرَكُمْ وَأَذْكُرُوا إِذْ جَعَلْنَا خُلَفَاءَ
 مِنْ بَعْدِ قَوْمِ نُوحٍ وَرَادَكُمْ فِي الْخَلْقِ بَسْطَةً فَادْكُرُوا آيَةَ اللَّهِ لَعَلَّكُمْ تَفْلِحُونَ (69) قَالُوا أَجِئْنَا
 لِنُعْبُدَ اللَّهَ وَحْدَهُ وَنَدْرَ مَا كَانُوا يَعْبُدُونَ فَاتَّبَعْنَا بِمَا تَعَدْنَا إِنَّ كُنْتُمْ مِنَ الصَّادِقِينَ (70) قَالَ قَدْ
 وَقَعَ عَلَيْكُمْ مِنْ رَبِّكُمْ رِجْسٌ وَغَضَبٌ أَتُجَادِلُونَنِي فِي أَسْمَاءِ سَمَّيْتُمُوهَا أَنْتُمْ وَآبَاؤُكُمْ مَا نَزَّلَ
 اللَّهُ بِهَا مِنْ سُلْطَانٍ فَانظُرُوا إِلَيَّ مَعَكُمْ مِنَ الْمُنتَظِرِينَ (71) فَاتَّجِنَاهُ وَالَّذِينَ مَعَهُ بِرَحْمَةٍ مِّنَّا
 وَقَطَعْنَا دَابِرَ الَّذِينَ كَذَبُوا بآيَاتِنَا وَمَا كَانُوا مُؤْمِنِينَ [الأعراف: 65-72]

{[Nagsugo sa] `Ād ng kapatid nilang si Hūd. Nagsabi siya: "O mga kalipi ko, sumamba kayo kay Allāh; walang ukol sa inyo na anumang Diyos na iba pa sa Kanya. Kaya hindi ba kayo mangingilag magkasala?" Nagsabi ang konseho na mga tumangging sumampalataya kabilang sa mga kalipi niya: "Tunay na kami ay talagang nakakikita sa iyo sa isang kahunghangan at tunay na kami ay nakatitiyak sa iyo na kabilang sa mga sinungaling." Nagsabi siya: "O mga kalipi ko, walang kahunghangan sa akin subalit ako ay isang sugo mula sa Panginoon ng mga nilalang. Nagpapaabot ako sa inyo ng mga pasugo ng Panginoon ko, at ako para sa inyo ay isang tagapayong pinagkakatiwalaan. Namangha ba kayo na may dumating sa inyo na isang paalaala mula sa Panginoon ninyo dala ng isang lalaking kabilang sa inyo upang magbabala sa inyo? Alalahanin ninyo noong gumawa Siya sa inyo bilang mga kahalili nang matapos ng mga tao ni Noe at nagdagdag Siya sa inyo ng kalakasan sa pangangatawan. Kaya alalahanin ninyo ang mga pagpapala ng Panginoon ninyo, nang sa gayon kayo ay magtatagumpay. Nagsabi sila: "Dumating ka ba sa Amin upang sumamba kami kay Allāh lamang at umiwan Kami sa anumang dating sinasamba ng mga magulang namin? Kaya maglahad ka sa amin ng ipinangangako mo sa amin kung ikaw ay kabilang sa mga tapat." Nagsabi siya: "May bumagsak nga sa inyo mula sa Panginoon ninyo na isang kasalulaan at isang galit. Nakikipagtalo ba kayo sa akin hinggil sa mga pangalang ipinangalan ninyo mismo at ng mga magulang ninyo, na hindi nagbaba si Allāh sa mga ito ng anumang katunayan. Kaya maghintay kayo; tunay na ako ay kasama sa inyo kabilang sa mga naghihintay." Kaya pinaligtas Namin siya at ang mga kasama sa kanya dahil sa isang awa mula sa Amin. Pumutol Kami sa ugat ng mga nagpasinungaling sa mga tanda Namin. Sila noon ay hindi mga mananampalataya.} (Qur'ān 7:65-72)

Kaya nagsugo si Allāh sa kanila ng isang hanging humahagunot sa loob ng walong araw, na nagwawasak ng bawat bagay ayon sa utos ng Panginoon nito. Iniligtas ni Allāh si Hūd at ang mga sumampalataya kasama sa kanya.

E. Ang Sugong si Şālih (Sumakanya ang Pangangalaga)

Pagkatapos may lumipas na isang yugto ng panahon at lumitaw naman ang lipi ng Thamūd sa hilaga ng Arabya. Naligaw sila palayo sa patnubay gaya ng pagkaligaw ng mga bago pa nila. Kaya naman nagsugo si Allāh sa kanila ng isang sugong kabilang sa kanila, na si Şālih (sumakanya ang pangangalaga), at umalalay Siya rito sa pamamagitan ng isang tanda na nagpapatunay sa katapatan nito. Ito ay isang dakilang dumalagang kamelyo na walang kapareho sa mga nilikha. Nagpabatid sa atin si Allāh (napakataas Siya) hinggil sa pabatid dito sapagkat nagsabi Siya:

وَإِلَىٰ نَمُودَ أَخَاهُمْ صَالِحًا قَالَ يَا قَوْمِ اعْبُدُوا اللَّهَ مَا لَكُم مِّنْ إِلَهِ غَيْرُهُ قَدْ جَاءَتْكُم بَيِّنَةٌ مِّن رَّبِّكُمْ هَذِهِ نَاقَةُ اللَّهِ لَكُمْ آيَةٌ قَدْ رُوحًا تَأْكُلُ فِي أَرْضِ اللَّهِ وَلَا تَمَسُّوهَا بِسُوءٍ فَيَأْخُذْكُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ (73)
وَادْكُرُوا إِذْ جَعَلْنَا خُلَفَاءَ مِنْ بَعْدِ عَادٍ وَبَوَّأْنَاكُمْ فِي الْأَرْضِ تَتَّخِذُونَ مِنْ سَهُولِهَا فُصُورًا
وَتَنجَثُونَ الْجِبَالَ بَيْوتًا فَادْكُرُوا آيَةَ اللَّهِ وَلَا تَعْتُوا فِي الْأَرْضِ مُفْسِدِينَ (74) قَالَ الْمَلَأُ الَّذِينَ اسْتَكْبَرُوا مِنْ قَوْمِهِ لِلَّذِينَ اسْتَضَعُّوا لِمَنْ آمَنَ مِنْهُمْ أَنْ صَالِحًا مَّرْسَلٌ مِنْ رَبِّهِ قَالُوا إِنَّا بِمَا أُرْسِلَ بِهِ مُؤْمِنُونَ (75) قَالَ الَّذِينَ اسْتَكْبَرُوا إِنَّا بِالَّذِي آمَنْتُمْ بِهِ كَافِرُونَ (76) فَعَقَرُوا النَّاقَةَ وَعَتَوْا عَنْ أَمْرِ رَبِّهِمْ وَقَالُوا يَا صَالِحُ ائْتِنَا بِمَا تَعِدُنَا إِنْ كُنْتَ مِنَ الْمُرْسَلِينَ (77)
فَأَخَذَتْهُمُ الرَّجْفَةُ فَأَصْبَحُوا فِي دَارِهِمْ جَاثِمِينَ (78) فَتَوَلَّىٰ عَنْهُمْ وَقَالَ يَا قَوْمِ لَقَدْ أَبْلَغْتُكُمْ رِسَالَةَ رَبِّي وَنَصَحْتُ لَكُمْ وَلَكِنْ لَا تُحِبُّونَ النَّاصِحِينَ [الأعراف:79-73]

{[Nagsugo sa] Thamūd ng kapatid nilang si Şālih. Nagsabi siya: "O mga kalipi ko, sumamba kayo kay Allāh; walang ukol sa inyo na anumang Diyos na iba pa sa Kanya. May dumating nga sa inyo na isang malinaw na patunay mula sa Panginoon ninyo. Ito ay dumalagang kamelyo ni Allāh; para sa inyo ay isang tanda, kaya hayaan ninyo itong manginain sa lupain ni Allāh at huwag ninyong salingin ito ng isang kasagwaan para hindi kayo daklutin ng isang pagdurusang masakit. Alalahanin ninyo noong gumawa Siya sa inyo na mga kahalili nang matapos ng [lipi ng] `Ād at nagpatahan Siya sa inyo sa lupain. Gumagawa kayo mula sa mga kapatagan nito ng mga palasyo at lumililok kayo ng mga bundok na maging mga bahay. Kaya alalahanin ninyo ang mga biyaya ni Allāh at huwag kayong manampalasan sa lupa bilang mga tagagulo." Nagsabi ang konseho na mga nagmalaki

kabilang sa mga kalipi niya sa mga minamahina – sa sinumang sumampalataya kabilang sa kanila: "Nakaaalam ba kayo na si Şālih ay isang isinugo mula sa Panginoon niya?" Nagsabi ang mga ito: "Tunay na kami sa ipinasugo sa kanya ay mga mananampalataya." Nagsabi ang mga nagmalaki: "Tunay na kami sa sinampalatayanan ninyo ay mga tagatangging sumampalataya." Kaya kinitil nila ang dumalagang kamelyo, nanampalasan sila sa utos ng Panginoon nila, at nagsabi sila: "O Şālih, maglahad ka sa amin ng ipinangangako mo sa amin kung ikaw ay kabilang sa mga isinugo." Kaya dumaklot sa kanila ang yanig, saka sila, sa tahanan nila, ay naging mga [patay na] nakasubsob. Kaya tumalikod siya sa kanila at nagsabi: "O mga kalipi ko, talaga ngang nagpaabot ako sa inyo ng pasugo ng Panginoon ko at nagpayo ako sa inyo subalit hindi kayo umiibig sa mga tagapagpayo."} (Qur'ān 7:73-79)

Nagsugo si Allāh matapos niyon ng maraming sugo sa mga kalipunan ng lupa. Walang anumang kalipunan malibang may nagdaan doon na isang mapagbabala. Nagpabatid sa atin si Allāh tungkol sa ilan sa kanila at hindi Siya nagpabatid sa atin tungkol sa marami sa kanila. Lahat sila ay isinusugo kalakip ng iisang pasugo, na pag-uutos sa mga tao ng pagsamba kay Allāh lamang nang walang katambal sa Kanya at ng pagtapon ng pagsamba sa iba pa kay Allāh. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(وَلَقَدْ بَعَثْنَا فِي كُلِّ أُمَّةٍ رَّسُولًا أَنْ اعْبُدُوا اللَّهَ وَاجْتَنِبُوا الطَّاغُوتَ فَمِنْهُمْ مَنْ هَدَى اللَّهُ وَمِنْهُمْ مَنْ حَقَّتْ عَلَيْهِ الضَّلَالَةُ فَسِيرُوا فِي الْأَرْضِ فَانظُرُوا كَيْفَ كَانَ عَاقِبَةُ الْمُكْذِبِينَ) [النحل:36]

{Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, na [nagsasabi]: "Sumamba kayo kay Allāh at umiwas kayo sa mapagmalabis." Kaya mayroon sa kanila na pinatnubayan ni Allāh at mayroon sa kanila na nagindapat sa kanya ang kaligawan. Kaya humayo kayo sa lupain saka tumingin kayo kung papaano naging ang kinahinatnan ng mga tagapagpasinungaling.} (Qur'ān 16:36)

F. Ang Sugong si Abraham (Sumakanya ang Pangangalaga)

Pagkatapos ipinadala ni Allāh matapos niyon si Abraham (sumakanya ang pangangalaga) sa mga kababayan niya matapos na naligaw sila at sumamba sila sa mga planeta at mga anito. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

وَلَقَدْ آتَيْنَا إِبْرَاهِيمَ رُسُدَهُ مِنْ قَبْلِ وَكُنَّا بِهِ عَالِمِينَ (51) إِذْ قَالَ لِأَبِيهِ وَقَوْمِهِ مَا هَذِهِ التَّمَاتِيلُ الَّتِي أَنْتُمْ لَهَا عَاكِفُونَ (52) قَالُوا وَجَدْنَا آبَاءَنَا لَهَا عَابِدِينَ (53) قَالَ لَقَدْ كُنْتُمْ أَنْتُمْ وَآبَاؤُكُمْ فِي ضَلَالٍ مُبِينٍ (54) قَالُوا أَجِئْتَنَا بِالْحَقِّ أَمْ أَنْتَ مِنَ اللَّاعِبِينَ (55) قَالَ بَلْ رَبُّكُمْ رَبُّ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ الَّذِي فَطَرَهُمْ وَأَنَا عَلَىٰ ذَلِكُمْ مِنَ الشَّاهِدِينَ (56) وَتَاللَّهِ لَأَكِيدَنَّ أَصْنَامَكُمْ بَعْدَ أَنْ تُوَلُّوا مُدْبِرِينَ (57) فَجَعَلَهُمْ جُدَادًا إِلَّا كَبِيرًا لَهُمْ لَعَلَّهُمْ إِلَيْهِ يَرْجِعُونَ (58) قَالُوا مَنْ فَعَلَ هَذَا بِآلِهَتِنَا إِنَّهُ لَمِنَ الظَّالِمِينَ (59) قَالُوا سَمِعْنَا فَتَىٰ يَدُكُرُكُمْ يُقَالُ لَهُ إِبْرَاهِيمُ (60) قَالُوا فَأْتُوا بِهِ عَلَىٰ أَعْيُنِ النَّاسِ لَعَلَّهُمْ يَشْهَدُونَ (61) قَالُوا أَنْتَ فَعَلْتَ هَذَا بِالْهَيْئَةِ يَا إِبْرَاهِيمُ (62) قَالَ بَلْ فَعَلَهُ كَبِيرُهُمْ هَذَا فَاسْأَلُوهُمْ إِنْ كَانُوا يَنْطِقُونَ (63) فَارْجِعُوا إِلَىٰ أَنْفُسِهِمْ فَقَالُوا إِنَّكُمْ أَنْتُمُ الظَّالِمُونَ (64) ثُمَّ نُكِسُوا عَلَىٰ رُءُوسِهِمْ لَقَدْ عَلِمْتَ مَا هَؤُلَاءِ يَنْطِقُونَ (65) قَالَ أَفَتَعْبُدُونَ مِنْ دُونِ اللَّهِ مَا لَا يَنْفَعُكُمْ شَيْئًا وَلَا يَضُرُّكُمْ (66) أَفَبِكُمْ وَلِمَا تَعْبُدُونَ مِنْ دُونِ اللَّهِ أَفَلَا تَعْقِلُونَ (67) قَالُوا حَرِّقُوهُ وَانصُرُوا آلِهَتَكُمْ إِنْ كُنْتُمْ فَاعِلِينَ (68) قُلْنَا يَا نَارُ كُونِي بَرْدًا وَسَلَامًا عَلَىٰ إِبْرَاهِيمَ (69) وَأَرَادُوا بِهِ كَيْدًا فَجَعَلْنَاهُمُ الْأَخْسَرِينَ [الأنبياء: 50-70]

{Talaga ngang nagbigay Kami kay Abraham ng pagkagabay niya bago pa niyan. Laging Kami sa kanya ay nakaalam. [Banggitin] noong nagsabi siya sa ama niya at mga kababayan niya: "Ano ang mga istatuwang ito na kayo sa mga ito ay mga namimintuho?" Nagsabi sila: "Nakatagpo Kami sa mga magulang namin na sa mga ito ay mga tagasamba." Nagsabi siya: "Talaga ngang kayo at ang mga ninuno ninyo ay nasa isang pagkaligaw na malinaw." Nagsabi sila: "Naghatid ka ba sa amin ng katotohanan o ikaw ay kabilang sa mga tagapaglaro?" Nagsabi siya: "Bagkus ang Panginoon ninyo ay ang Panginoon ng mga langit at lupa, na lumalang sa mga ito, at ako ayon doon ay kabilang sa mga tagasaksi. Sumpa man kay Allāh, talagang manlalansi nga ako laban sa mga anito ninyo matapos na tumalikod kayo habang mga lumilisan." Kaya gumawa siya sa mga ito na mga pira-piraso maliban sa isang malaki para sa mga ito nang sa gayon sila tungo rito ay

babalik. Nagsabi sila: "Sino ang gumawa nito sa mga diyos natin? Tunay na siya ay talagang kabilang sa mga tagalabag sa katarungan." Nagsabi sila: "Nakarinig kami ng isang binatang bumabanggit sa kanila, na sinasabi siyang si Abraham." Nagsabi sila: "Kaya magdala kayo sa kanya sa mga mata ng mga tao nang gayon sila ay sasaksi." Nagsabi sila: "Ikaw ba ay gumawa nito sa mga diyos namin, O Abraham?" Nagsabi siya: "Bagkus ginawa iyan ng malaki nilang ito kaya magtanong kayo sa kanila kung sila ay nakabibigkas." Kaya bumalik sila sa mga sarili nila saka nagsabi sila: "Tunay na kayo ay ang mga tagalabag sa katarungan." Pagkatapos nanumbalik sila sa [katigasan ng] mga ulo nila, [na nagsasabi]: "Talaga ngang nalaman mong ang mga ito ay hindi nakabibigkas." Nagsabi siya: "Kaya sumasamba ba kayo sa bukod pa kay Allāh, na hindi nagpapakinabang sa inyo ng anuman at hindi nakapipinsala sa inyo? Pagkasuya ay sa inyo at ukol sa anumang sinasamba ninyo bukod pa kay Allāh! Kaya ba hindi kayo nakapag-uunawa?" Nagsabi sila: "Sunugin ninyo siya at iadya ninyo ang mga diyos ninyo kung kayo ay mga gagawa." Nagsabi Kami: "O apoy, maging kalamigan at kaligtasan ka kay Abraham." Nagnais sila sa kanya ng isang panlalansi ngunit gumawa Kami sa kanila bilang ang mga pinakalugi.} (Qur'ān 21:51-70)

Pagkatapos lumikas si Abraham (sumakanya ang pangangalaga) at ang anak niyang si Ismael matapos niyon mula sa Palestina patungo sa Makkah. Nag-utos si Allāh sa kanya at sa anak niyang si Ismael na ipatayo ang pinarangalang Ka`bah. Inanyayahan ni Abraham ang mga tao sa pagsasagawa ng ḥajj doon at pagsamba kay Allāh sa tabi niyon. [Nagsabi si Allāh:]

(وَعَهْدُنَا إِلَىٰ إِبْرَاهِيمَ وَإِسْمَاعِيلَ أَنَّ طَهَّرَا بَيْتِي لِلطَّائِفِينَ وَالْعَاكِفِينَ وَالرُّكَّعِ
السُّجُودِ) [البقرة: 125].

{Naghabilin Kami kina Abraham at Ismael na dalisayin nilang dalawa ang Bahay Ko para sa mga lumilibot, mga namimintuho, at mga yumuyukod na nagpapatirapa.} (Qur'ān 2:125)

G. Ang Sugong si Lot (Sumakanya ang Pangangalaga)

Pagkatapos matapos niyon, isinugo ni Allāh si Lot sa mga kababayan niya. Sila ay mga tao ng kasagwaan, na sumasamba sa iba pa kay Allāh at gumagawa ng mahalay sa gitna nila. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(وَلَوْطاً إِذْ قَالَ لِقَوْمِهِ أَتَأْتُونَ الْفَاحِشَةَ مَا سَبَقَكُمْ بِهَا مِنْ أَحَدٍ مِنَ الْعَالَمِينَ* إِيَّاكُمْ لَتَأْتُونَ
الرِّجَالَ شَهْوَةً مِنْ دُونِ النِّسَاءِ بَلْ أَنْتُمْ قَوْمٌ مُّسْرِفُونَ* وَمَا كَانَ جَوَابَ قَوْمِهِ إِلَّا أَنْ قَالُوا
أَخْرِجُوهُمْ مِنْ قَرْيَتِكُمْ إِنَّهُمْ أَنَاسٌ يَبْتَغِهُرُونَ) [الأعراف: 80-82]

{[Banggitin mo] si Lot noong nagsabi siya sa mga kababayan niya: "Gumagawa ba kayo ng mahalay, na walang nakauna sa inyo roon na isa man kabilang sa mga nilalang? Tunay na kayo ay talagang pumupunta sa mga lalaki dala ng pagnanasa sa bukod pa sa mga babae, bagkus kayo ay mga taong nagpapakalabis." Walang iba ang sagot ng mga kababayan niya kundi na nagsabi sila: "Palabasin ninyo sila mula sa pamayanan ninyo; tunay na sila ay mga taong nagpapakadalisa."} (Qur'ān 7:80-82) Kaya pinaligtas siya ni Allāh at ang mag-anak niya maliban sa maybahay niya – na naging kabilang sa mga tagatangging sumampalataya – yayamang nag-utos sa kanya si Allāh na lumabas siya at ang mag-anak niya mula sa nayon sa gabi. Kaya noong dumating ang utos ni Allāh, gumawa Siya sa mataas niyon na mababa niyon at nagpaulan Siya roon ng mga batong yari sa natuyong luwad na nagkapatung-patong.

H. Ang Sugong si Shu`ayb (Sumakanya ang Pangangalaga)

Pagkatapos nagpadala si Allāh matapos niyon sa mga tao ng Madyan ng kapatid nilang si Shu`ayb matapos na naligaw sila palayo sa patnubay at lumaganap sa kanila ang mga masagwang kaasalan, ang paglabag sa mga tao, at ang pang-umit-umit sa takalan at timbangan. Nagpabatid sa atin si Allāh tungkol sa kanila sa sabi Niya:

وَأِلَىٰ مَدْيَنَ أَخَاهُمْ شُعَيْبًا قَالَ يَا قَوْمِ اعْبُدُوا اللَّهَ مَا لَكُم مِّنْ إِلَهِ غَيْرُهُ قَدْ جَاءتْكُم بَيِّنَةٌ مِّن رَّبِّكُمْ فَأَوْفُوا الْكَيْلَ وَالْمِيزَانَ وَلَا تَبْخَسُوا النَّاسَ أَشْيَاءَهُمْ وَلَا تُفْسِدُوا فِي الْأَرْضِ بَعْدَ إِصْلَاحِهَا ذَلِكُمْ خَيْرٌ لَّكُمْ إِن كُنتُمْ مُؤْمِنِينَ (85) وَلَا تَقْعُدُوا بِكُلِّ صِرَاطٍ تُوعِدُونَ وَتَصُدُّونَ عَن سَبِيلِ اللَّهِ مَن آمَنَ بِهِ وَتَبْغُونَهَا عِوَجًا وَاذْكُرُوا إِذْ كُنتُمْ قَلِيلًا فَكَذَّبْتُمْ وَانظُرُوا كَيْفَ كَانَ عَاقِبَةُ الْمُفْسِدِينَ (86) وَإِن كَانَ طَائِفَةٌ مِّنْكُمْ آمَنُوا بِالَّذِي أُرْسِلْتُ بِهِ وَطَائِفَةٌ لَّمْ يُؤْمِنُوا فَاصْبِرُوا حَتَّىٰ يَحْكُمَ اللَّهُ بَيْنَنَا وَهُوَ خَيْرُ الْحَاكِمِينَ (87) قَالَ الْمَلَأُ الَّذِينَ اسْتَكْبَرُوا مِن قَوْمِهِ لَنُخْرِجَنَّكَ يَا شُعَيْبُ وَالَّذِينَ آمَنُوا مَعَكَ مِنْ قَرْيَتِنَا أَوْ لَتَعُوذُنَّ فِي مِلَّتِنَا قَالَ أَوَلَوْ كُنَّا كَارِهِينَ (88) قَدْ افْتَرَيْنَا عَلَى اللَّهِ كَذِبًا إِن عُدْنَا فِي مِلَّتِكُمْ بَعْدَ إِذْ نَجَّانَا اللَّهُ مِنَ هَاهُ وَمَا يَكُونُ لَنَا أَن نَعُودَ فِيهَا إِلَّا أَن يَشَاءَ اللَّهُ رَبُّنَا وَسِعَ رَبُّنَا كُلَّ شَيْءٍ عِلْمًا عَلَى اللَّهِ تَوَكَّلْنَا رَبَّنَا افْتَحْ بَيْنَنَا وَبَيْنَ قَوْمِنَا بِالْحَقِّ وَأَنْتَ خَيْرُ الْفَاتِحِينَ (89) وَقَالَ الْمَلَأُ الَّذِينَ كَفَرُوا مِن قَوْمِهِ لَئِن اتَّبَعْتُمْ شُعَيْبًا إِنَّكُمْ إِذًا لَّخَاسِرُونَ (90) فَأَخَذْتَهُمُ الرَّجْفَةُ فَأَصْبَحُوا فِي دَارِهِمْ جَاثِمِينَ (91) الَّذِينَ كَذَّبُوا شُعَيْبًا كَأَن لَّمْ يَغْنَوْا فِيهَا الَّذِينَ كَذَّبُوا شُعَيْبًا كَانُوا هُمُ الْخَاسِرِينَ (92) فَتَوَلَّىٰ عَنْهُمْ وَقَالَ يَا قَوْمِ لَقَدْ أَبْلَغْتُكُمْ رِسَالَاتِ رَبِّي وَنَصَحْتُ لَكُمْ فَكَيْفَ آسَىٰ عَلَىٰ قَوْمٍ كَافِرِينَ [الأعراف:93-85].

{[Nagsugo sa] Madyan ng kapatid nilang si Shu`ayb. Nagsabi siya: "O mga kalipi ko, sumamba kayo kay Allāh; walang ukol sa inyo na anumang Diyos na iba pa sa Kanya. May dumating nga sa inyo na isang malinaw na patunay mula sa Panginoon ninyo. Kaya magpalubus-lubos kayo ng pagtatakal at [pagtitimbang sa] timbangan, huwag kayong magpakulang sa mga tao sa mga bagay-bagay nila, at huwag kayong manggulo sa lupa matapos ng pagsasaayos nito. Iyon ay higit na mabuti para sa inyo kung kayo ay mga mananampalataya. Huwag kayong umupo sa bawat lanasin, na nagbabanta kayo at sumasagabal kayo sa landas ni Allāh sa sinumang sumampalataya sa Kanya, at naghahangad kayo rito ng isang kabaluktutan. Alalahanin ninyo, noong kayo dati ay kakaunti, pinarami Niya kayo. Tumingin kayo kung papaano naging ang kinahinatnan ng mga tagatiwali. Kung may isang pangkatin kabilang sa inyo na sumampalataya sa ipinasugo sa akin at may isang pangkating hindi sumampalataya, magtiis kayo hanggang sa humatol si Allāh sa pagitan natin. Siya ay ang pinakamainam sa mga tagahatol." Nagsabi ang konseho na mga nagmalaki kabilang sa mga kalipi niya: "Talagang magpapalabas nga Kami sa iyo, O Shu`ayb, at sa mga sumampalataya kasama sa iyo mula sa pamayanan natin, o talagang manunumbalik nga kayo sa kapaniwalaan namin." Nagsabi siya: "Kahit ba kami ay naging mga nasusuklam? Gumawa-gawa

nga kami laban kay Allāh ng isang kasinungalingan kung nanumbalik kami sa kapaniwalaan ninyo matapos noong nagligtas sa amin si Allāh mula roon. Hindi nagiging ukol sa amin na manumbalik kami roon maliban na loobin ni Allāh, ang Panginoon namin. Sumakop ang Panginoon namin sa bawat bagay sa kaalaman. Kay Allāh kami nananalig. Panginoon namin, humusga Ka sa pagitan namin at ng mga kalipi namin ayon sa katotohanan, at Ikaw ay ang pinakamabuti sa mga tagahusga." Nagsabi ang konseho na mga tumangging sumampalataya kabilang sa mga kalipi niya: "Talagang kung sumunod kayo kay Shu`ayb, tunay na kayo samakatuwid ay talagang mga lugi." Kaya dumaklot sa kanila ang yanig, saka sila, sa tahanan nila, ay naging mga [patay na] nakasubsob. Ang mga nagpasinungaling kay Shu`ayb ay para bang hindi nanirahan doon. Ang mga nagpasinungaling kay Shu`ayb, sila noon ay ang mga lugi. Kaya tumalikod siya sa kanila at nagsabi: "O mga kalipi ko, talaga ngang nagpaabot ako sa inyo ng mga pasugo ng Panginoon ko at nagpayo ako sa inyo, kaya papaano akong magdadalamhati sa mga taong tagatangging sumampalataya?"} (Qur'ān 7:85-93)

I. Ang Sugong si Moises (Sumakanya ang Pangangalaga)

Pagkatapos may lumitaw sa Ehipto na isang haring mapagmalabis na nagpapakamalaki, na tinatawag na Paraon. Nag-aangkin siya ng pagkadiyos. Nag-uutos siya sa mga tao na sumamba sa kanya. Pumapaslang siya sa sinumang niloob niya mula sa kanila. Nang-aapi sa sinumang niloob niya. Nagpabatid sa atin si Allāh (napakataas Siya) sa sabi Niya:

إِنَّ فِرْعَوْنَ عَلَا فِي الْأَرْضِ وَجَعَلَ أَهْلَهَا شِيَعًا يَسْتَضَعِفُ طَائِفَةٌ مِنْهُمْ يُدْبِحُ أَبْنَاءَهُمْ وَيَسْتَحْيِي نِسَاءَهُمْ إِنَّهُ كَانَ مِنَ الْمُفْسِدِينَ (4) وَنُرِيدُ أَنْ نَمُنَّ عَلَى الَّذِينَ اسْتَضَعَفُوا فِي الْأَرْضِ وَنَجْعَلَهُمْ أَيْمَةً وَنَجْعَلَهُمُ الْوَارِثِينَ (5) وَنَمَكِّنَ لَهُمْ فِي الْأَرْضِ وَنُرِي فِرْعَوْنَ وَهَامَانَ وَجُنُودَهُمَا مِنْهُمْ مَا كَانُوا يَحْذَرُونَ (6) وَأَوْحَيْنَا إِلَىٰ أُمِّ مُوسَىٰ أَنْ أَرْضِعِيهِ فَإِذَا خَفْتِ عَلَيْهِ فَأَلْقِيهِ فِي الْيَمِّ وَلَا

تَخَافِي وَلَا تَحْزَنِي إِنَّا رَادُّوهُ إِلَيْكَ وَجَاعِلُوهُ مِنَ الْمُرْسَلِينَ (7) فَالْتَقَطَهُ آلُ فِرْعَوْنَ لِيَكُونَ لَهُمْ
عَدُوًّا وَحَزَنًا إِنَّ فِرْعَوْنَ وَهَامَانَ وَجُنُودَهُمَا كَانُوا خَاطِبِينَ (8) وَقَالَتْ امْرَأَتُ فِرْعَوْنَ قُتِلَتْ
عَيْنِي لِئَلَّا يَقْتُلُوهُ عَسَىٰ أَنْ يَنْفَعَنَا أَوْ نَتَّخِذَهُ وَادًّا وَهُمْ لَا يَتَّعَرُونَ (9) وَأَصْبَحَ فُؤَادُ أُمِّ
مُوسَىٰ فَارِعًا إِنَّ كَادَتْ لِتُلْجِدِي بِهِ لَوْلَا أَنْ رَبَطْنَا عَلَىٰ قَلْبِهَا لِتَكُونَ مِنَ الْمُؤْمِنِينَ (10)
وَقَالَتْ لِأُخْتِهِ قُصِّبِي فَبَصَّرَتْ بِهِ عَنْ جُنُبٍ وَهُمْ لَا يَشْعُرُونَ (11) وَحَرَمْنَا عَلَيْهِ الْمَرَاضِعَ
مِنْ قَبْلُ فَقَالَتْ هَلْ أَدُلُّكُمْ عَلَىٰ أَهْلِ بَيْتٍ يَكْفُلُونَهُ لَكُمْ وَهُمْ لَهُ نَاصِحُونَ (12) فَرَدَدْنَاهُ إِلَىٰ أُمِّهِ
كَيْ نَقَرَّ عَيْنُهَا وَلَا تَحْزَنَ وَلِتَعْلَمَ أَنَّ وَعْدَ اللَّهِ حَقٌّ وَلَكِنَّ أَكْثَرَهُمْ لَا يَعْلَمُونَ (13) وَلَمَّا بَلَغَ
أَشُدَّهُ وَاسْتَوَىٰ آتَيْنَاهُ حُكْمًا وَعِلْمًا وَكَذَلِكَ نَجْزِي الْمُحْسِنِينَ (14) وَدَخَلَ الْمَدِينَةَ عَلَىٰ حِينِ
غَفْلَةٍ مِنْ أَهْلِهَا فَوَجَدَ فِيهَا رَجُلَيْنِ يَقْتَتِلَانِ هَذَا مِنْ شِيعَتِهِ وَهَذَا مِنْ عَدُوِّهِ فَاسْتَعَاثَ الَّذِي مِنْ
شِيعَتِهِ عَلَى الَّذِي مِنْ عَدُوِّهِ فَوَكَرَهُ مُوسَىٰ فَقَضَىٰ عَلَيْهِ قَالِ هَذَا مِنْ عَمَلِ الشَّيْطَانِ إِنَّهُ عَدُوٌّ
مُضِلٌّ مُبِينٌ (15) قَالَ رَبِّ إِنِّي ظَلَمْتُ نَفْسِي فَاغْفِرْ لِي فَغَفَرَ لَهُ إِنَّهُ هُوَ الْغَفُورُ الرَّحِيمُ (16)
قَالَ رَبِّ بِمَا أَنْعَمْتَ عَلَيَّ فَلَنْ أَكُونَ ظَهِيرًا لِلْمُجْرِمِينَ (17) فَأَصْبَحَ فِي الْمَدِينَةِ خَائِفًا
يَتَرَقَّبُ فَإِذَا الَّذِي اسْتَنْصَرَهُ بِالْأَمْسِ يَسْتَصِرُّهُ قَالَ لَهُ مُوسَىٰ إِنَّكَ لَعَوِيٌّ مُبِينٌ (18) فَلَمَّا أَنْ
أَرَادَ أَنْ يَنْطَشَ بِالَّذِي هُوَ عَدُوٌّ لَهُمَا قَالَ يَا مُوسَىٰ أَتُرِيدُ أَنْ تَقْتُلَنِي كَمَا قَتَلْتَ نَفْسًا بِالْأَمْسِ إِنَّ
تُرِيدُ إِلَّا أَنْ تَكُونَ جَبَّارًا فِي الْأَرْضِ وَمَا تُرِيدُ أَنْ تَكُونَ مِنَ الْمُصْلِحِينَ (19) وَجَاءَ رَجُلٌ مِنْ
أَفْصَى الْمَدِينَةِ يَسْعَىٰ قَالَ يَا مُوسَىٰ إِنَّ الْمَلَائِكَةَ يَأْتَمِرُونَ بِكَ لِيَقْتُلُوكَ فَاخْرُجْ إِنِّي لَكَ مِنَ
النَّاصِحِينَ (20) فَخَرَجَ مِنْهَا خَائِفًا يَتَرَقَّبُ قَالَ رَبِّ نَجِّنِي مِنَ الْقَوْمِ الظَّالِمِينَ (21) وَلَمَّا
تَوَجَّهَ تِلْقَاءَ مَدْيَنَ قَالَ عَسَىٰ رَبِّي أَنْ يَهْدِيَنِي سَوَاءَ السَّبِيلِ (22) وَلَمَّا وَرَدَ مَاءَ مَدْيَنَ وَجَدَ
عَلَيْهِ أُمَّةً مِنَ النَّاسِ يَسْفُونَ وَوَجَدَ مِنْ دُونِهِمْ امْرَأَتَيْنِ تَذُودَانِ قَالَ مَا خَطْبُكُمَا قَالَتَا لَا نَسْقِي
حَتَّىٰ يُصَدَرَ الرَّعَاءُ وَأُبْرْنَا شَيْخَ كَبِيرٍ (23) فَسَقَىٰ لَهُمَا ثُمَّ تَوَلَّىٰ إِلَى الظِّلِّ فَقَالَ رَبِّ إِنِّي لِمَا
أَنْزَلْتَ إِلَيَّ مِنْ خَيْرٍ فَقِيرٌ (24) فَجَاءَهُ إِحْدَاهُمَا تَمْشِي عَلَىٰ اسْتِحْيَاءٍ قَالَتْ إِنَّ أَبِي يَدْعُوكَ
لِيَجْزِيَكَ أَجْرَ مَا سَقَيْتَ لَنَا فَلَمَّا جَاءَهُ وَقَصَّ عَلَيْهِ الْقِصَصَ قَالَ لَا تَخَفْ نَجَوْتَ مِنَ الْقَوْمِ
الظَّالِمِينَ (25) قَالَتْ إِحْدَاهُمَا يَا أَبْتِ اسْتَأْجِرْهُ إِنَّ خَيْرَ مَنِ اسْتَأْجَرْتَ الْقَوِيُّ الْأَمِينُ (26)
قَالَ إِنِّي أُرِيدُ أَنْ أُنْكِحَكَ إِحْدَى ابْنَتَيَّ هَاتَيْنِ عَلَىٰ أَنْ تَأْجُرَنِي ثَمَانِي حَجَّجَ فَإِنْ أَتَمَمْتَ عَشْرًا
فَمِنْ عِنْدِكَ وَمَا أُرِيدُ أَنْ أَسْأَلَكَ سِتْرِي إِنْ شَاءَ اللَّهُ مِنَ الصَّالِحِينَ (27) قَالَ ذَلِكَ بَيْنِي
وَبَيْنَكَ أَيَّمَا الْأَجْلَيْنِ قَضَيْتُ فَلَا عُدْوَانَ عَلَيَّ وَاللَّهُ عَلَىٰ مَا نَقُولُ وَكِيلٌ (28) فَلَمَّا قَضَىٰ مُوسَىٰ
الْأَجَلَ وَسَارَ بِأَهْلِهِ آنَسَ مِنْ جَانِبِ الطُّورِ نَارًا قَالَ لِأَهْلِهِ امْكُثُوا إِنِّي آنَسْتُ نَارًا لَعَلِّي آتِيكُمْ
مِنْهَا بِخَبَرٍ أَوْ جَذْوَةٍ مِنَ النَّارِ لَعَلَّكُمْ تَصْطَلُونَ (29) فَلَمَّا أَتَاهَا نُودِيَ مِنْ شَاطِئِ الْوَادِ
الْأَيْمَنِ فِي الْبُقْعَةِ الْمُبَارَكَةِ مِنَ الشَّجَرَةِ أَنْ يَا مُوسَىٰ إِنِّي أَنَا اللَّهُ رَبُّ الْعَالَمِينَ (30) وَأَنْ لَوْ
عَصَاكَ فَلَمَّا رَأَاهَا تَهْتَزُّ كَأَنَّهَا جَانٌّ وَلَّى مُدْبِرًا وَلَمْ يُعَقِّبْ يَا مُوسَىٰ أَقْبِلْ وَلَا تَخَفْ إِنَّكَ مِنْ
الْأَمِينِينَ (31) اسْلُوكَ يَدَكَ فِي جَيْبِكَ تَخْرُجُ بَيْضَاءَ مِنْ غَيْرِ سُوءٍ وَاضْمُمْ إِلَيْكَ جَنَاحَكَ مِنَ
الرَّهْبِ فَمَاذَا بَرَّ هَانَانَ مِنْ رَبِّكَ إِلَىٰ فِرْعَوْنَ وَمَلِيهِ إِنَّهُمْ كَانُوا قَوْمًا فَاسِقِينَ (32) قَالَ رَبِّ
إِنِّي قَتَلْتُ مِنْهُمْ نَفْسًا فَأَخَافُ أَنْ يَقْتُلُونِ (33) وَأَخِي هَارُونُ هُوَ أَفْصَحُ مِنِّي لِسَانًا فَأَرْسَلْهُ

مَعِيَ رِدْءًا يُصَدِّقُنِي إِنِّي أَخَافُ أَنْ يُكَدِّبُونَ (34) قَالَ سَنَسْتَدُ عَضُدَكَ بِأَخِيكَ وَنَجْعُلُ لَكُمَا
سُلْطَانًا فَلَا يَصِلُونَ إِلَيْكُمَا بِآيَاتِنَا أَنْتُمْ وَمَنْ اتَّبَعَكُمَا الْغَالِبُونَ [القصص: 35-4]

{Tunay na si Paraon ay nagmataas sa lupain at gumawa sa mga naninirahan doon bilang mga kampilan habang naniniil sa isang pangkatin kabilang sa kanila: pinagkakatay niya ang mga lalaking anak nila at pinamumuhay niya ang mga babae nila. Tunay na siya noon ay kabilang sa mga tagagulo. Nagnanais Kami na magmagandang-loob Kami sa mga siniil sa lupain, gumawa Kami sa kanila na mga pinuno, gumawa Kami sa kanila na mga tagapagmana, [Nagnanais Kami na] magbigay-kapangyarihan Kami sa kanila sa lupain at magpakita Kami kay Paraon, kay Hāmān, at sa mga kawal nilang dalawa kabilang sa kanila ng pinangingilagan nila noon. Nagkasi Kami sa ina ni Moises, na [nagsasabi]: "Magpasuso ka sa kanya; ngunit kapag nangamba ka para sa kanya ay itapon mo siya sa ilog at huwag kang mangamba at huwag kang malungkot. Tunay na Kami ay magsasauli sa kanya sa iyo at gagawa sa kanya kabilang sa mga isinugo."¹Kaya napulot siya ng mag-anak ni Paraon upang siya para sa kanila ay maging isang kaaway at isang kalungkutan. Tunay na si Paraon, si Hāmān, at ang mga kawal nilang dalawa ay mga nagkakamali noon. Nagsabi ang maybahay ni Paraon: "Isang lugod ng mata para sa akin at para sa iyo, huwag ninyo siyang patayin; marahil magpakinabang siya sa atin o magturing tayo sa kanya bilang anak," habang sila ay hindi nakararamdam. Ang puso ng ina ni Moises ay naging hungkag. Tunay na muntik talagang maglantad ito sa kanya kung sakaling hindi Kami nagbigkis sa puso nito upang ito ay maging kabilang sa mga mananampalataya. Nagsabi ito sa babaing kapatid niya: "Magsubaybay ka sa kanya." Kaya nakakita iyon sa kanya mula sa malayo habang sila ay hindi nakararamdam. Nagbawal Kami sa kanya ng [ibang] mga tagapasuso bago pa niyan, kaya nagsabi iyon: "Magtuturo po kaya ako sa inyo ng isang bahay na kakandili sa kanya para sa inyo habang sila sa kanya ay mga tagapagpayo?" Kaya nagsauli Kami sa kanya sa ina niya upang magalak ang

¹ Naglagay sa kanya ang ina niya sa kaban at itinapon nito siya sa ilog.

mata nito at hindi ito malungkot at upang makaalam ito na ang pangako ni Allāh ay totoo, subalit ang higit na marami sa kanila ay hindi nakaaalam. Noong umabot siya sa kalakasan niya at nalubos siya sa pag-iisip ay nagbigay Kami sa kanya ng karunungan at kaalaman. Gayon Kami gumaganti sa mga tagagawa ng maganda. Pumasok siya sa lungsod sa isang sandali ng pagkalingat ng mga naninirahan doon saka nakatagpo siya roon ng dalawang lalaking nag-aaway. Itong [una] ay kabilang sa kakampi niya at itong [ikalawa] ay kabilang sa kaaway niya. Nagpasaklolo sa kanya ang kabilang sa kakampi niya laban sa kabilang sa kaaway niya. Kaya binuntal ito ni Moises saka napaslang niya ito. Nagsabi siya: "Ito ay kabilang sa gawain ng demonyo; tunay na siya ay isang kaaway na tagapagligaw na malinaw." Nagsabi siya: "Panginoon ko, tunay na ako ay lumabag sa katarungan sa sarili ko kaya magpatawad Ka sa akin." Kaya nagpatawad Siya rito. Tunay na Siya ay ang Mapagpatawad, ang Maawain. Nagsabi siya: "Panginoon ko, dahil sa ibiniyaya Mo sa akin, hindi ako magiging isang mapagtaguyod para sa mga salarin." Kaya siya sa lungsod ay naging kinakabahang nag-aantabay, saka biglang ang nagpaadya sa kanya kahapon ay nagpapasalba na naman sa kanya. Nagsabi sa kanya si Moises: "Tunay na Ikaw ay talagang isang lisyang malinaw." Kaya noong nagnais siya na sumunggab sa isang kaaway para sa kanilang dalawa ay nagsabi iyon: "O Moises, nagnanais ka ba na pumatay sa akin gaya ng pagpatay mo ng isang tao kahapon? Wala kang ninanais kundi ikaw ay maging isang palasupil sa lupain at hindi ka nagnanais na ikaw ay maging kabilang sa mga tagapagsaayos." May dumating na isang lalaki mula sa pinakamalayo ng lungsod, na tumatakbo. Nagsabi ito: "O Moises, tunay ang pamunuan ay nagpupulong hinggil sa iyo upang patayin ka nila kaya lumisan ka. Tunay na ako para sa iyo ay kabilang sa mga tagapagpayo." Kaya lumisan siya mula roon habang kinakabahang nag-aantabay. Nagsabi siya: "Panginoon ko, ilitas Mo ako laban sa mga taong tagalabag sa katarungan." Noong nakadako siya sa bandang Madyan ay nagsabi siya: "Marahil ang Panginoon ko ay magpapatnubay sa akin sa katumpakan ng landas." Noong nakarating siya sa tubigan ng Madyan, nakatagpo siya roon ng isang kalipunan ng mga tao na nagpapainom [ng kawan] at nakatagpo siya bukod pa sa kanila ng dalawang babaing pumipigil [sa kawan]. Nagsabi

siya: "Ano ang lagay ninyong dalawa?" Nagsabi silang dalawa: "Hindi kami nagpapainom [ng kawan] hanggang sa magpaalis ang mga pastol [ng kawan nila]. Ang ama namin ay lubhang matanda." Kaya nagpainom siya [sa kawan] para sa kanilang dalawa. Pagkatapos tumalikod siya patungo sa lilim saka nagsabi: "Panginoon ko, tunay na ako, sa pinababa Mo sa akin na anumang biyaya, ay maralita." Kaya dumating sa kanya ang isa sa dalawang babae, na naglalakad sa pagkahiya. Nagsabi ito: "Tunay na ang ama ko ay nag-aanyaya sa iyo upang gumanti siya sa iyo ng pabuya sa pagpainom mo [sa kawan] para sa amin." Kaya noong dumating siya roon at nagsalaysay siya roon ng mga kasaysayan [niya] ay nagsabi iyon: "Huwag kang mangamba; naligtas ka mula sa mga taong tagalabag sa katarungan." Nagsabi ang isa sa kanilang dalawa: "O Ama ko, upahan mo siya; tunay na ang pinakamabuti na sinumang upahan mo ay ang malakas na mapagkakatiwalaan." Nagsabi iyon: "Tunay na ako ay nagnanais na ipakasal ko sa iyo ang isa sa dalawang babaing anak ko na ito sa kundisyong magpaupa ka sa akin nang walong taon, ngunit kung lulubusin mo sa sampung [taon] ay nasa ganang iyo. Hindi ako nagnanais na magpabigat sa iyo. Matatagpuan mo ako, kung niloob ni Allāh, na kabilang sa mga maayos." Nagsabi siya: "Iyon ay sa pagitan ko at sa pagitan mo. Alin man sa dalawang taning na matatapos ko ay walang paglabag sa akin. Si Allāh sa anumang sinasabi natin ay Pinananaligan." Kaya noong natapos ni Moises ang taning at humayo siya kasama ng mag-anak niya, nakatanaw siya mula sa gilid ng bundok ng isang apoy. Nagsabi siya sa mag-anak niya: "Manatili kayo; tunay na ako ay nakatanaw ng isang apoy. Harinawa ako ay makapaghahatid sa inyo mula roon ng isang ulat o isang baga mula sa apoy nang harinawa kayo ay makapagpapainit." Kaya noong nakapunta siya roon, tinawag siya mula sa kanang pangpang ng lambak, sa pook na pinagpala, mula sa punong-kahoy, na [nagsasabi]: "O Moises, tunay na Ako ay si Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. Pumukol ka ng tungkod mo." Ngunit noong nakita niya ito na kumikislut-kislot na para bang ito ay isang ahas, tumalikod siya habang lumilisan at hindi lumingon. [Sinabi]: "O Moises, lumapit ka at huwag kang mangamba; tunay na ikaw ay kabilang sa mga tiwasay. Isingit mo ang kamay mo sa eskotadura mo, lalabas ito na maputi na walang sakit. Iyapos mo sa iyo ang kamay mo laban sa kilabot.

Kaya ang dalawang iyon ay dalawang patotoo mula sa Panginoon mo kay Paraon at sa konseho nito. Tunay na sila noon ay mga taong suwail." Nagsabi ito: "Panginoon ko, tunay na ako ay nakapatay mula sa kanila ng isang tao kaya nangangamba ako na patayin nila ako. Ang kapatid ko na si Aaron ay higit na matatas kaysa sa akin sa dila, kaya isugo Mo siya kasama sa akin bilang alalay na magpapatotoo sa akin. Tunay na ako ay nangangamba na magpasinungaling sila sa akin." Nagsabi Siya: "Magpapalakas Kami sa bisig mo sa pamamagitan ng kapatid mo at maglalagay Kami para sa inyong dalawa ng isang pangingibabaw kaya hindi sila makapagpapaabot sa inyong dalawa [ng pinsala]. Dahil sa mga tanda Namin, kayong dalawa at ang sinumang sumunod sa inyo ay ang mga tagapanaig.} (Qur'a'n 28:4-35)

Kaya lumisan si Moises at ang kapatid niyang si Aaron patungo kay Paraon, ang haring mapagmalaki, upang mag-anyaya silang dalawa roon tungo sa pagsamba kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang:

قَالَ فِرْعَوْنُ وَمَا رَبُّ الْعَالَمِينَ (23) قَالَ رَبُّ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ وَمَا بَيْنَهُمَا إِنْ كُنْتُمْ مُوقِنِينَ (24) قَالَ لِمَنْ حَوْلَهُ أَلَا تَسْمَعُونَ (25) قَالَ رَبُّكُمْ وَرَبُّ آبَائِكُمُ الْأُولَى (26) قَالَ إِنَّ رَسُولَكُمْ الَّذِي أُرْسِلَ إِلَيْكُمْ لَمَجْنُونٌ (27) قَالَ رَبُّ الْمَشْرِقِ وَالْمَغْرِبِ وَمَا بَيْنَهُمَا إِنْ كُنْتُمْ تَعْقِلُونَ (28) قَالَ لَئِنِ اتَّخَذْتَ إِلَهًا غَيْرِي لَأَجْعَلَنَّكَ مِنَ الْمَسْجُونِينَ (29) قَالَ أَوْلَوْ جِنَّتِكَ بَشِيءٌ مُّبِينٌ (30) قَالَ فَاتِّبِ بِهِ إِنْ كُنْتَ مِنَ الصَّادِقِينَ (31) فَالْقَى عَصَاهُ فَإِذَا هِيَ ثُعْبَانٌ مُّبِينٌ (32) وَنَزَعَ يَدَهُ فَإِذَا هِيَ بَيْضَاءُ لِلنَّاطِرِينَ (33) قَالَ لِلْمَلِكِ حَوْلَهُ إِنَّ هَذَا لَسَاحِرٌ عَلِيمٌ (34) يُرِيدُ أَنْ يُخْرِجَكُمْ مِنْ أَرْضِكُمْ بِسِحْرِهِ فَمَاذَا تَأْمُرُونَ (35) قَالُوا أَرْجِهْ وَأَخَاهُ وَأَبْعَثْ فِي الْمَدَائِنِ حَاشِرِينَ (36) يَا ثُوكَ بِكُلِّ سَحَابٍ عَلِيمٌ (37) فَجَمَعَ السَّحَرَةُ لِمِيقَاتِ يَوْمٍ مَعْلُومٍ (38) وَقِيلَ لِلنَّاسِ هَلْ أَنْتُمْ مُجْتَمِعُونَ (39) لَعَلَّنَا نَتَّبِعُ السَّحَرَةَ إِنْ كَانُوا هُمُ الْعَالِيِينَ (40) فَلَمَّا جَاءَ السَّحَرَةُ قَالُوا لِفِرْعَوْنَ أَئِنَّا لَنَأْجُرُكَ إِنْ كُنَّا نَحْنُ الْعَالِيِينَ (41) قَالَ نَعَمْ وَإِنَّكُمْ إِذًا لَمِنَ الْمُقَرَّبِينَ (42) قَالَ لَهُمْ مُوسَى أَلْقُوا مَا أَنْتُمْ مُلْفُونَ (43) فَالْقُوا جِبَالَهُمْ وَعَصِيَّهُمْ وَقَالُوا بِعِزَّةِ فِرْعَوْنَ إِنَّا لَنَحْنُ الْعَالِيُونَ (44) فَالْقَى مُوسَى عَصَاهُ فَإِذَا هِيَ ثَلَاثُ مَنَافِقٍ (45) فَالْقَى السَّحَرَةُ سَاحِرِينَ (46) قَالُوا آمَنَّا بِرَبِّ الْعَالَمِينَ (47) رَبِّ مُوسَى وَهَارُونَ (48) قَالَ آمَنْتُمْ لَهُ قَبْلَ أَنْ آذَنَ لَكُمْ إِنَّهُ لَكَبِيرُكُمُ الَّذِي عَلَّمَكُمُ السِّحْرَ فَلَسَوْفَ تَعْلَمُونَ لَأَقْطَعَنَّ أَيْدِيَكُمْ وَأَرْجُلَكُمْ مِنْ خِلَافٍ وَأَلْصَقَ بَيْنَكُمْ أَجْمَعِينَ (49) قَالُوا لَا ضَيْرَ إِنَّا إِلَى رَبِّنَا مُنْقَلِبُونَ (50) إِنَّا نَطْمَعُ أَنْ يَغْفِرَ لَنَا رَبُّنَا خَطَايَانَا أَنْ كُنَّا أَوَّلَ الْمُؤْمِنِينَ (51) وَأَوْحَيْنَا إِلَى مُوسَى أَنْ أَسْرِ بِعِبَادِي إِنَّكَ مُتَّبَعُونَ (52) فَارْسَلْنَا فِرْعَوْنَ فِي الْمَدَائِنِ حَاشِرِينَ (53) إِنَّ هُوَ لَشَرِّ ذِمَّةٍ

قَالِبُونَ (54) وَإِنَّهُمْ لَنَا لَغَائِظُونَ (55) وَإِنَّا لَجَمِيعٌ حَادِرُونَ (56) فَأَخْرَجْنَاهُمْ مِنْ جَنَّاتٍ وَعُيُونٍ (57) وَكُنُوزٍ وَمَقَامٍ كَرِيمٍ (58) كَذَلِكَ وَأَوْرَثْنَاهَا بَنِي إِسْرَائِيلَ (59) فَاتَّبَعُوهُمْ مُشْرِقِينَ (60) فَلَمَّا تَرَاءَى الْجَمْعَانِ قَالَ أَصْحَابُ مُوسَى إِنَّا لَمُدْرِكُونَ (61) قَالَ كَلَّا إِنَّ مَعِيَ رَبِّي سَيَهْدِينِ (62) فَأَوْحَيْنَا إِلَى مُوسَى أَنْ اضْرِبْ بِعَصَاكَ الْبَحْرَ فَانفَلَقَ فَكَانَ كُلُّ فِرْقٍ كَالطَّوْدِ الْعَظِيمِ (63) وَأَزْلَفْنَا ثَمَّ الْأَخْرِينَ (64) وَأَنْجَيْنَا مُوسَى وَمَنْ مَعَهُ أَجْمَعِينَ (65) ثُمَّ أَغْرَقْنَا الْأَخْرِينَ (66) إِنَّ فِي ذَلِكَ لَآيَةً وَمَا كَانَ أَكْثَرُهُمْ مُؤْمِنِينَ (67) وَإِنَّ رَبَّكَ لَهُوَ الْعَزِيزُ الرَّحِيمُ [الشعراء: 23-68]

{Nagsabi si Paraon: "At ano ang Panginoon ng mga nilalang?" Nagsabi siya: "Ang Panginoon ng mga langit at lupa at anumang nasa pagitan ng mga ito, kung kayo ay naging mga nakatitiyak." Nagsabi iyon sa nakapaligid doon: "Hindi ba kayo nakikinig?" Nagsabi siya: "Ang Panginoon ninyo at ang Panginoon ng mga ninuno ninyong sinauna." Nagsabi iyon: "Tunay na ang sugo ninyo na isinugo sa inyo ay talagang baliw." Nagsabi siya: "Ang Panginoon ng silangan at kanluran at anumang nasa pagitan ng dalawang ito, kung kayo ay naging nakapag-uunawa." Nagsabi iyon: "Talagang kung gumawa ka ng isang diyos na iba pa sa akin ay talagang gagawa nga ako sa iyo kabilang sa mga ibinilanggo." Nagsabi siya: "Kahit pa ba naghatid ako sa iyo ng isang bagay na malinaw?" Nagsabi iyon: "Kaya maglahad ka nito kung ikaw ay naging kabilang sa mga tapat." Kaya pumukol siya ng tungkod niya saka biglang ito ay isang ulupong na malinaw. Humugot siya ng kamay niya saka biglang ito ay maputi para sa mga tagatingin. Nagsabi iyon sa konseho sa paligid niyon: "Tunay na ito ay talagang isang manggagaway na maalam. Nagnanais siya na magpalabas sa inyo mula sa lupain ninyo sa pamamagitan ng panggagaway niya; kaya ano ang ipag-uutos ninyo?" Nagsabi sila: "Mag-antala ka sa kanya at sa kapatid niya at magpadala ka sa mga lungsod ng mga tagakalap, na magdadala sa iyo ng bawat mapanggaway na maalam." Kaya tinipon ang mga manggagaway para sa itinakdang oras ng isang araw na nalalaman. Sinabi sa mga tao: "Kayo kaya ay mga magtitipon? Nang sa gayon tayo ay susunod sa mga manggagaway kung sila ay magiging ang mga tagapanaig." Kaya noong dumating na ang mga manggagaway ay nagsabi sila kay Paraon: "Tunay ba na mayroon kaming pabuya kung kami ay naging ang mga tagapanaig?" Nagsabi iyon: "Oo, at tunay na kayo samakatuwid ay talagang kabilang sa

mga palalapitin [sa akin]." Nagsabi sa kanila si Moises: "Pumukol kayo ng anumang kayo ay mga pupukol." Kaya pumukol sila ng mga lubid nila at mga tungkod nila at nagsabi sila: "Sumpa man sa kapangyarihan ni Paraon, tunay na kami, talagang kami, ay ang mga tagapanaig." Kaya pumukol si Moises ng tungkod niya saka biglang ito ay lumalamon sa ipinanlilinlang nila. Kaya napahandusay ang mga manggagaway na mga nakapatirapa. Nagsabi sila: "Sumampalataya kami sa Panginoon ng mga nilalang, ang Panginoon nina Moises at Aaron." Nagsabi iyon: "Naniwala kayo sa kanya bago ako magpahintulot sa inyo? Tunay na siya ay talagang ang pasimuno ninyo na nagturo sa inyo ng panggagaway, kaya talagang malalaman ninyo. Talagang magpuputul-putol nga ako ng mga kamay ninyo at mga paa ninyo nang magkabilaan at talagang magbibitin nga ako sa inyo nang magkakasama." Nagsabi sila: "Walang kapinsalaan; tunay na kami ay sa Panginoon namin mga uui. Tunay na kami ay nagmimithi na magpatawad sa amin ang Panginoon namin sa mga pagkakamali namin dahil kami ay naging una sa mga mananampalataya." Nagkasi Kami kay Moises: "Maglakbay ka sa gabi kasama ng mga lingkod Ko; tunay na kayo ay mga susundan." Kaya nagsugo si Paraon sa mga lungsod ng mga tagakalap, [na nagsasabi]: "Tunay na ang mga ito ay talagang isang kawang kaunti. Tunay na sila sa atin ay talagang mga nagpapangitngit. Tunay na tayo ay talagang isang katipunang nag-iingat." Kaya nagpalabas Kami sa kanila mula sa mga hardin at mga bukal, at mga kayamanan at pinananatilihang marangal. Gayon nga, at nagpamana Kami ng mga ito sa mga anak ni Israel. Kaya sumunod ang mga iyon sa kanila nang sumisikat [ang araw]. Kaya noong nagkakitaan ang dalawang pangkat, nagsabi ang mga kasamahan ni Moises: "Tunay na tayo ay talagang mga maaabutan." Nagsabi siya: "Aba'y hindi; tunay na kasama sa akin, ang Panginoon ko ay magpapatnubay sa akin." Kaya nagkasi Kami kay Moises, na [nagsasabi]: "Hampasin mo ng tungkod mo ang dagat." Kaya nabiyak iyon saka ang bawat bahagi ay naging gaya ng bundok na dambuhala. Nagpalapit Kami roon ng mga iba pa. Nagligtas Kami kay Moises at sa sinumang kasama sa kanya nang magkakasama. Pagkatapos lumunod Kami sa mga iba. Tunay na sa gayon ay talagang may tanda. Ang higit na marami sa kanila ay hindi

naging mga mananampalataya. Tunay na ang Panginoon mo ay talagang Siya ang Makapangyarihan, ang Maawain.} (Qur'ān 26:23-68)

Kaya noong umabot kay Paraon ang pagkalunod, nagsabi siya: "Sumampalataya ako na walang Diyos kundi ang sinampalatayanan ng mga anak ni Israel." Nagsabi naman si Allāh (napakataas Siya):

(الآن وَقَدْ عَصَيْتَ قَبْلُ وَكُنْتَ مِنَ الْمُفْسِدِينَ*فَالْيَوْمَ نُنَجِّيكَ بِبَدَنِكَ لِتَكُونَ لِمَنْ خَلَقَكَ آيَةً وَإِنَّ كَثِيرًا مِنَ النَّاسِ عَنْ آيَاتِنَا لَعَافُونَ)[بنس: 91، 92].

{Ngayon ba samantalang sumuway ka nga noon pa man, at ikaw dati ay kabilang sa mga tagatiwali? Kaya sa araw na ito, magliligtas Kami sa iyo sa katawan mo upang ikaw para sa sinumang papalit sa iyo ay maging isang tanda. Tunay na marami sa mga tao sa mga tanda Namin ay talagang mga nalilingat.} (Qur'ān 10:91-92)

Nagpamana si Allāh sa mga tao ni Moises, na mga dating minamahina, ng mga silangan ng lupain at mga kanluran nito, na biniyayaan Niya, at winasak Niya ang dating niyayari ni Paraon at ng mga tao nito at ang dati nilang ipinatatayo.

Nagpababa si Allāh, matapos niyon, kay Moises ng aklat ng Torah. Dito ay may patnubay para sa mga tao at may liwanag na gumagabay sa kanila sa naiibigan ni Allāh at nagpapalugod sa Kanya. Narito ang paglilinaw sa ipinahihintulot at ipinagbabawal na kinakailangan sa mga anak ni Israel (mga kalipi ni Moises) ang pagsunod dito.

Pagkatapos pinapanaw si Moises (sumakanya ang pangangalaga) at nagpadala si Allāh matapos niya ng marami sa mga propeta sa mga kalipi niya, ang mga anak ni Israel, na gumagabay sa kanila sa tumpak na daan. Sa tuwing namamatay ang isang propeta, hinahalilihan ito ng isa pang propeta.

Nagsalaysay si Allāh ng ilan sa kanila sa atin, tulad nina David, Solomon, Job, at Zacarias, at hindi Siya nagsalaysay sa atin ng marami sa kanila, pagkatapos winakasan ang mga propetang ito [ng Israel] sa pamamagitan ni Jesus na anak ni Maria (sumakanya ang pangangalaga), na ang buhay ay

puno ng mga himala sa simula ng pagkapanganak sa kanya hanggang sa pag-angat sa kanya sa langit.

Dumanas ang Torah, na pinababa ni Allāh kay Moises, sa paglipas ng mga salinlahi ng pagpilipit at pagpapalit sa kamay ng mga Hudyo na mga nagsasabi na sila raw ay mga tagasunod ni Moises (sumakanya ang pangangalaga) samantalang si Moises ay walang-kaugnayan sa kanila. Ang Torah na nasa mga kamay nila ay hindi na ang Torah na pinababa mula sa ganang kay Allāh yayamang nagpasok sila rito ng hindi nababagay ang pamumutawi niyon buhat kay Allāh. Naglarawan sila kay Allāh dito ng mga katangian ng kakulangan, kamangmangan, at kahinaan. Napakataas si Allāh higit sa sinasabi nila ayon sa kataasang malaki! Nagsabi si Allāh (napakataas Siya) kaugnay sa paglalarawan sa kanila:

(فَوَيْلٌ لِلَّذِينَ يَكْتُمُونَ الْكِتَابَ بِأَيْدِيهِمْ ثُمَّ يَقُولُونَ هَذَا مِنْ عِنْدِ اللَّهِ لِيُشْتَرَوْا بِهِ تَمَنَّا قَلِيلًا فَوَيْلٌ لَهُمْ مِمَّا كَتَبَتْ أَيْدِيهِمْ وَوَيْلٌ لَهُمْ مِمَّا يَكْسِبُونَ) [البقرة: 79]

{Kaya kapighatian ay ukol sa mga sumusulat ng kasulatan sa pamamagitan ng mga kamay nila. Pagkatapos nagsasabi silang ito ay mula sa ganang kay Allāh upang magbili sila nito sa kaunting halaga. Kaya kapighatian ay ukol sa kanila dahil sa sinulat ng mga kamay nila at kapighatian ay ukol sa kanila dahil sa nakakamit nila.} (Qur'an 2:79)

J. Ang Sugong si Jesus (Sumakanya ang Pangangalaga)

Talaga ngang ang Dalisay na Birheng Maria na anak ni `Imrān ay isang babaing mananamba kabilang sa mga babaing mananambang tagasunod sa mga utos ni Allāh na pinababa sa mga propeta matapos ni Moises. Siya ay kabilang sa mag-anak na hinirang ni Allāh higit sa mga nilalang, gaya ng sinabi Niya (napakataas Siya):

(إِنَّ اللَّهَ اصْطَفَىٰ آدَمَ وَنُوحًا وَآلَ إِبْرَاهِيمَ وَآلَ عِمْرَانَ عَلَى الْعَالَمِينَ) [آل عمران: 33].

{Tunay na si Allāh ay humirang kay Adan, kay Noe, sa mag-anak ni Abraham, at sa mag-anak ni `Imrān higit sa mga nilalang –} (Qur`ān 3:33)

Nagbalita ng nakagagalak sa kanya ang mga anghel hinggil sa paghirang ni Allāh sa kanya:

(وَإِذْ قَالَتِ الْمَلَائِكَةُ يَا مَرْيَمُ إِنَّ اللَّهَ اصْطَفَاكِ وَطَهَّرَكِ وَاصْطَفَاكِ عَلَى نِسَاءِ الْعَالَمِينَ*يَا مَرْيَمُ اقْنُتِي لِرَبِّكِ وَاسْجُدِي وَارْكَعِي مَعَ الرَّاكِعِينَ) (آل عمران: 42، 43)

{[Banggitin] noong nagsabi ang mga anghel kay Maria: "O Maria, tunay na si Allāh ay humirang sa iyo, nagdalisay sa iyo, at humirang sa iyo higit sa mga babae ng mga nilalang. O Maria, magmasunurin ka sa Panginoon mo, magpatirapa ka, at yumukod ka kasama ng mga yumuyukod.} (Qur`ān 3:42-43)

Pagkatapos nagpabatid si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) kung papaano Siyang lumikha kay Jesus sa sinapupunan ni Maria nang hindi nagkaroon ng isang ama, gaya ng nasaad sa sabi Niya (napakataas Siya):

وَاذْكُرْ فِي الْكِتَابِ مَرْيَمَ إِذِ اتَّيَبَتْ مِنْ أَهْلِهَا مَكَانًا شَرْقِيًّا (16) فَاتَّخَذَتْ مِنْ دُونِهِمْ حِجَابًا فَأَرْسَلْنَا إِلَيْهَا رُوحَنَا فَتَمَثَّلَ لَهَا بَشَرًا سَوِيًّا (17) قَالَتْ إِنِّي أَعُوذُ بِالرَّحْمَنِ مِنْكَ إِنْ كُنْتَ تَقِيًّا (18) قَالَ إِنَّمَا أَنَا رَسُولُ رَبِّكِ لِأَهَبَ لَكِ غُلَامًا زَكِيًّا (19) قَالَتْ أَنَّى يَكُونُ لِي غُلَامٌ وَلَمْ يَمْسَسْنِي بَشَرٌ وَلَمْ أَكُ بَغِيًّا (20) قَالَ كَذَلِكَ قَالَ رَبُّكِ هُوَ عَلَيَّ هَيِّنٌ وَلِنَجْعَلَهُ آيَةً لِلنَّاسِ وَرَحْمَةً مِنَّا وَكَانَ أَمْرًا مَقْضِيًّا (21) فَحَمَلَتْهُ فَانْتَبَذَتْ بِهِ مَكَانًا قَصِيًّا (22) فَأَجَاءَهَا الْمَخَاضُ إِلَى جِذْعِ النَّخْلَةِ قَالَتْ يَا لَيْتَنِي مِتُّ قَبْلَ هَذَا وَكُنْتُ نَسِيًّا مَنْسِيًّا (23) فَوَدَّعَهَا مِنْ تَحْتِهَا أَلَّا تَحْزَنِي قَدْ جَعَلَ رَبُّكِ تَحْتَكِ سَرِيًّا (24) وَهَرَوِي إِلَيْكَ بِجِذْعِ النَّخْلَةِ تُسَاقُ عَلَيْكَ رُطْبًا جَنِيًّا (25) فَكَلِمَةَ أَشْرَبِي وَفَرَى عَيْنًا فَإِمَّا تَرِينٍ مِنَ الْبَشَرِ أَحَدًا فَقُولِي إِنِّي نَذَرْتُ لِلرَّحْمَنِ صَوْمًا فَلَنْ أُكَلِّمَ الْيَوْمَ إِنْسِيًّا (26) فَأَنْتَ بِهِ قَوْمَهَا تَحْمِلُهُ قَالُوا يَا مَرْيَمُ لَقَدْ جِئْتِ شَيْئًا فَرِيًّا (27) يَا أُخْتُ هَارُونَ مَا كَانَ أَبُوكَ امْرَأَ سَوْءٍ وَمَا كَانَتْ أُمُّكَ بَغِيًّا (28) فَأُنشِرَتْ إِلَيْهِ قَالُوا كَيْفَ نُكَلِّمُ مَنْ كَانَ فِي الْمَهْدِ صَبِيًّا (29) قَالَ إِنِّي عَبْدُ اللَّهِ آتَانِيَ الْكِتَابَ وَجَعَلَنِي نَبِيًّا (30) وَجَعَلَنِي مُبَارَكًا أَيْنَ مَا كُنْتُ وَأَوْصَانِي بِالصَّلَاةِ وَالزَّكَاةِ مَا دُمْتُ حَيًّا (31) وَبَرًّا بِوَالِدَتِي وَلَمْ يَجْعَلْنِي جَبَّارًا شَقِيًّا (32) وَالسَّلَامُ عَلَيَّ يَوْمَ وُلِدْتُ وَيَوْمَ أُمُوتُ وَيَوْمَ أُبْعَثُ حَيًّا (33) ذَلِكَ عِيسَى ابْنُ مَرْيَمَ قَوْلَ الْحَقِّ الَّذِي فِيهِ يَمْتَرُونَ (34) مَا كَانَ لِلَّهِ أَنْ يَتَّخِذَ مِنْ وَلَدٍ سُبْحَانَہُ إِذَا قَضَىٰ

أَمْرًا فَإِنَّمَا يَقُولُ لَهُ كُنْ فَيَكُونُ ۗ (35) وَإِنَّ اللَّهَ رَبِّي وَرَبُّكُمْ فَاعْبُدُوهُ هَذَا صِرَاطٌ
مُّسْتَقِيمٌ [مریم: 36-16].

{Bumanggit ka sa Aklat kay Maria noong nagpakalayu-layo siya mula sa mag-anak niya sa isang pook na silanganin. Saka gumawa siya, mula sa pagbukod sa kanila, ng isang lambong, saka nagsugo Kami sa kanya ng espiritu Namin, saka nag-anyo ito sa kanya bilang taong lubos. Nagsabi siya: "Tunay na ako ay nagpapakupkop sa Napakamaawain laban sa iyo; [lumayo ka,] kung ikaw ay isang mapangilag magkasala." Nagsabi ito: "Ako lamang ay sugo ng Panginoon mo upang maghandog ako sa iyo ng isang batang lalaking malinis." Nagsabi siya: "Paanong magkakaroon ako ng isang batang lalaki samantalang walang sumaling sa akin na isang lalaki at hindi ako naging isang mapakiapid?" Nagsabi ito: "Gayon nagsabi ang Panginoon mo: Ito sa Akin ay madali, at upang gumawa Kami sa kanya bilang tanda para sa mga tao at bilang awa mula sa Amin. Ito ay naging isang bagay na naitadhana." Kaya nagdalang-tao siya nito at nagpakalayu-layo siya kasama nito sa isang pook na liblib. Saka nagpapunta sa kanya ang sakit ng panganganak tungo sa katawan ng punong datiles. Nagsabi siya: "O sana ako ay namatay bago nito at naging isang limot na kinalimutan." Saka may nanawagan sa kanya mula sa ilalim niya: "Huwag kang malungkot; naglagay nga ang Panginoon mo sa ilalim mo ng isang batis. Yumugyog ka patungo sa iyo sa katawan ng punong datiles, may maglalaglagan sa iyo na mga hinog na datiles na sariwa. Kaya kumain ka, uminom ka, at magalak ka. Saka kung makakikita ka nga kabilang sa mga tao ng isa man ay sabihin mo: Tunay na Ako ay namanata para sa Napakamaawain ng isang pananahimik kaya hindi ako mangungusap ngayong araw sa isang tao." Saka nagdala siya nito sa mga kalipi niya habang kinakarga ito. Nagsabi sila: "O Maria, talaga ngang nagdala ka ng isang bagay na mapanirang-puri! O kapatid ni Aaron, ang ama mo ay hindi naging isang lalaki ng kasagwaan at ang ina mo ay hindi naging isang mapakiapid." Kaya tumuro siya rito. Nagsabi sila: "Papaano kaming mangungusap sa sinumang nasa lampin na isang paslit?" Nagsabi ito: "Tunay na ako ay alipin ni Allāh. Nagbigay Siya sa akin ng Kasulatan at gumawa Siya sa akin bilang propeta. Gumawa Siya sa akin bilang pinagpala

saan man ako naroon at nagsatagubilin Siya sa akin ng pagdarasal at pagkakawanggawa hanggat nananatili akong buhay. [Gumawa Siya sa akin] bilang mabuting-loob sa ina ko, at hindi Siya gumawa sa akin bilang palasupil na malumbay. Ang kapayapaan ay sumaakin sa araw na ipinanganak ako, sa araw na mamamatay ako, at sa araw na bubuhayin ako bilang buhay." Iyon si Jesus na anak ni Maria, bilang pagsasabi ng katotohanan na hinggil sa kanya ay nag-aalangan sila. Hindi nangyaring ukol kay Allāh na gumawa Siya ng anumang anak – kaluwalhatian sa Kanya! Kapag nagtadhana Siya ng isang bagay ay nagsasabi lamang Siya rito na mangyari saka mangyayari ito. [Nagsabi si Jesus:] "Tunay na si Allāh ay Panginoon ko at Panginoon ninyo kaya sumamba kayo sa Kanya; ito ay isang landasing tuwid."} (Qur'ān 19:16-36)

Kaya noong nag-anyaya si Jesus (sumakanya ang pangangalaga) sa mga tao tungo sa pagsamba kay Allāh, tumugon naman sa kanya ang sinumang tumugon at umayaw naman sa paanyaya ang marami sa mga tao. Nagpatuloy siya sa pag-aanyaya niya. Nag-aanyaya siya sa mga tao sa pagsamba kay Allāh subalit ang marami sa kanila ay tumanging sumampalataya sa kanya at nakipag-away sa kanya; bagkus nagsabwatan sila laban sa kanya. Tinangka pa nilang patayin siya! Kaya naman nagsabi si Allāh (napakataas Siya) kay Jesus:

إِذْ قَالَ اللَّهُ يَا عِيسَى ابْنُ مَرْيَمَ نَحْنُ اللَّهُ فَمَنْ تَتَّبِعُونَ [آل عمران:55]
إِذْ قَالَ اللَّهُ يَا عِيسَى ابْنُ مَرْيَمَ نَحْنُ اللَّهُ فَمَنْ تَتَّبِعُونَ [آل عمران:55]
إِذْ قَالَ اللَّهُ يَا عِيسَى ابْنُ مَرْيَمَ نَحْنُ اللَّهُ فَمَنْ تَتَّبِعُونَ [آل عمران:55]

{"O Jesus, tunay na Ako ay hahango sa iyo, mag-aangat sa iyo tungo sa Akin, magdadalisay sa iyo laban sa mga tumangging sumampalataya,..."} (Qur'ān 3:55)

Naglapat si Allāh ng pagkakahawig sa kanya sa isa sa mga tumutugis sa kanya, kaya hinuli nila ito habang nagpapalagay sila na ito ay si Jesus na anak ni Maria (sumakanya ang pangangalaga) saka ipinako nila ito sa krus at pinatay nila ito. Hinggil naman kay Jesus na anak ni Maria, ang sugo, iniangat nga ito ni Allāh sa Kanya. Bago lumisan si Jesus sa Mundo,

nagbalita siya ng nakagagalak sa mga kasamahan niya na si Allāh ay magpapadala ng isa pang sugo na ang pangalan ay Aḥmad, na ipalalaganap ni Allāh sa pamamagitan nito ang Relihiyon. Nagsabi Siya (napakataas Siya):

وَإِذْ قَالَ عِيسَى ابْنُ مَرْيَمَ يَا بَنِي إِسْرَائِيلَ إِنِّي رَسُولُ اللَّهِ إِلَيْكُمْ مُصَدِّقًا لِمَا بَيْنَ يَدَيَّ مِنَ التَّوْرَةِ
وَأْتِيَنَا بِرَسُولٍ يُأْتِيَنَا مِنْ بَعْدِي اسْمُهُ أَحْمَدُ فَلَمَّا جَاءَهُمْ بِالْبَيِّنَاتِ قَالُوا هَذَا سِحْرٌ
مُبِينٌ [الصف:6]

{Banggitin noong nagsabi si Jesus na anak ni Maria: "O mga anak ni Israel, tunay na ako ay sugo ni Allāh sa inyo, na nagpapatotoo sa nauna sa akin na mula sa Torah at nagbabalita ng nakagagalak hinggil sa isang Sugo na darating pagkatapos ko, na ang pangalan niya ay Aḥmad."} (Qur'ān 61:6)

Pagkatapos may lumipas na isang yugto ng panahon na nahati sa yugtong iyon ang mga tagasunod ni Jesus. May lumabas mula sa kanila na isang pangkating nagpakalabis-labis kaugnay kay Jesus. Nag-angkin ito na si Jesus ay Anak ng Diyos. Napakataas si Allāh higit sa sinasabi nila ayon sa kataasang malaki! Humalina nga sa pangkating ito yaong pagkakaalam nito na si Jesus (sumakanya ang pangangalaga) ay ipinanganak nang walang ama. Nagpabatid si Allāh tungkol doon sa sabi Niya:

(إِنَّ مَثَلَ عِيسَى عِنْدَ اللَّهِ كَمَثَلِ آدَمَ خَلَقَهُ مِنْ تُرَابٍ ثُمَّ قَالَ لَهُ كُنْ فَيَكُونُ) [آل عمران:59].

{Tunay na ang paghahalintulad kay Jesus sa ganang kay Allāh ay gaya ng paghahalintulad kay Adan; lumikha Siya rito mula sa alabok, pagkatapos nagsabi Siya rito na mangyari saka mangyayari ito.} (Qur'ān 3:59)

Kaya ang pagkakaalikha kay Jesus nang walang ama ay hindi higit na kahanga-hanga kaysa sa pagkakaalikha kay Adan nang walang ama at walang ina. Dahil doon, si Allāh ay kumakausap sa mga anak ni Israel, ayon sa Qur'ān, upang lumayo sila sa kawalang-pananampalatayang ito sa pamamagitan ng pagsabi Niya (napakataas Siya):

يَا أَهْلَ الْكِتَابِ لَا تَغْلُوا فِي دِينِكُمْ وَلَا تَقُولُوا عَلَى اللَّهِ إِلَّا الْحَقَّ إِنَّمَا الْمَسِيحُ عِيسَى ابْنُ مَرْيَمَ رَسُولُ اللَّهِ وَكَلِمَتُهُ أَلْقَاهَا إِلَى مَرْيَمَ وَرُوحٌ مِنْهُ فَآمِنُوا بِاللَّهِ وَرُسُلِهِ وَلَا تَقُولُوا ثَلَاثَةٌ انْتَهُوا خَيْرًا لَكُمْ إِنَّمَا اللَّهُ إِلَهٌ وَاحِدٌ سُبْحَانَهُ أَنْ يَكُونَ لَهُ وَلَدٌ لَهُ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ وَكَفَى بِاللَّهِ وَكِيلًا (171) لَنْ يَسْتَنْكِفَ الْمَسِيحُ أَنْ يَكُونَ عَبْدًا لِلَّهِ وَلا الْمَلَائِكَةُ الْمُقَرَّبُونَ وَمَنْ يَسْتَنْكِفْ عَنْ عِبَادَتِهِ وَيَسْتَكْبِرْ فَسَيَحْشُرْهُمْ إِلَيْهِ جَمِيعًا (172) فَأَمَّا الَّذِينَ آمَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ فَيُوَفِّيهِمْ أُجُورَهُمْ وَيَزِيدُهُمْ مِنْ فَضْلِهِ وَأَمَّا الَّذِينَ اسْتَنْكَفُوا وَاسْتَكْبَرُوا فَيُعَذِّبُهُمْ عَذَابًا أَلِيمًا وَلا يَجِدُونَ لَهُمْ مِنْ دُونِ اللَّهِ وَلِيًّا وَلا نَصِيرًا [النساء:171-173].

{O mga May Kasulatan, huwag kayong magpalabis sa relihiyon ninyo at huwag kayong magsabi tungkol kay Allāh kundi ng totoo. Ang Kristo Jesus na anak ni Maria ay sugo ni Allāh lamang, salita Niya na ipinarating Niya kay Maria, at isang espiritu na mula sa Kanya. Kaya sumampalataya kayo kay Allāh at sa mga sugo Niya. Huwag kayong magsabi ng tatlo. Tumigil kayo; mabuti [ito] para sa inyo. Si Allāh ay nag-iisang Diyos lamang. Kaluwalhatian sa Kanya para magkaroon pa sa Kanya ng isang anak. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Nakasapat si Allāh bilang Pinananaligan. Hindi magmamata ang Kristo na siya ay maging isang lingkod ni Allāh, ni ang mga anghel na minamalapit [kay Allāh]. Ang sinumang nangmamata sa pagsamba sa Kanya at nagmamalaki ay kakalap Siya sa kanila tungo sa Kanya nang lahatan. Kaya hinggil sa mga sumampalataya at gumawa ng mga maayos, maglulubus-lubos Siya sa kanila ng mga pabuya sa kanila at magdaragdag Siya sa kanila mula sa kabutihang-loob Niya. Hinggil naman sa mga nangmata at nagmalaki, pagdurusahin Niya sila ng isang pagdurusang masakit at hindi sila makatagpo para sa kanila bukod pa kay Allāh ng isang katangkilik ni isang mapag-adya.} (Qur'ān 4:171-173)

Makikipag-usap si Allāh kay Jesus sa Araw ng Pagbangon sa pamamagitan ng pagsabi Niya:

وَإِذْ قَالَ اللَّهُ يَا عِيسَى ابْنَ مَرْيَمَ اأَنْتَ قُلْتَ لِلنَّاسِ اتَّخِذُونِي وَأُمِّي إِلَهَيْنِ مِنْ دُونِ اللَّهِ قَالِ سُبْحَانَكَ مَا يَكُونُ لِي أَنْ أَقُولَ مَا لَيْسَ لِي بِحَقِّ إِنْ كُنْتُ قُلْتُهُ فَقَدْ عَلِمْتَهُ تَعْلَمَ مَا فِي نَفْسِي وَلا أَعْلَمُ مَا فِي نَفْسِكَ إِنَّكَ أَنْتَ عَلَّامُ الْغُيُوبِ (116) مَا قُلْتُ لَهُمْ إِلا مَا أَمَرْتَنِي بِهِ أَنْ اعْبُدُوا اللَّهَ رَبِّي وَرَبَّكُمْ وَكُنْتُ عَلَيْهِمْ شَهِيدًا مَا دُمْتُ فِيهِمْ فَلَمَّا تَوَفَّيْتَنِي كُنْتُ أَنْتَ الرَّقِيبَ عَلَيْهِمْ وَأَنْتَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ شَهِيدٌ (117) إِنْ تُعَذِّبُهُمْ فَإِنَّهُمْ عَبْدَاكَ وَإِنْ تُعْفِرْ لَهُمْ فَإِنَّكَ أَنْتَ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ

(118) قَالَ اللَّهُ هَذَا يَوْمُ يَنْفَعُ الصَّادِقِينَ صِدْقُهُمْ لَهُمْ جَنَّاتٌ تَجْرِي مِنْ تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ خَالِدِينَ فِيهَا أَبَدًا رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمْ وَرَضُوا عَنْهُ ذَلِكَ الْقَوْزُ الْعَظِيمُ [المائدة: 116-119]

{[Banggitin] kapag magsasabi si Allāh: "O Jesus na anak ni Maria, ikaw ba ay nagsabi sa mga tao: Gawin ninyo ako at ang ina ko bilang dalawang diyos bukod pa kay Allāh?" Magsasabi ito: "Kaluwalhatian sa Iyo! Hindi nagiging ukol sa akin na magsabi ako ng anumang ukol sa akin ay hindi isang karapatan. Kung nangyaring nagsabi ako niyon ay nakaalam Ka nga niyon. Nakaaalam Ka ng nasa sarili ko at hindi ako nakaaalam ng nasa sarili Mo. Tunay na Ikaw ay ang Palaalam sa mga nakalingid. Hindi ako nagsabi sa kanila maliban ng ipinag-utos Mo sa akin na: Sumamba kayo kay Allāh na Panginoon ko at Panginoon ninyo. Ako noon sa kanila ay isang saksi hanggat nananatili ako sa piling nila; ngunit noong kumuha Ka sa akin, Ikaw ay ang Mapagmasid sa kanila. Ikaw sa bawat bagay ay Saksi. Kung magpaparusa Ka sa kanila, tunay na sila ay mga lingkod Mo; at kung magpapatawad Ka sa kanila, tunay na Ikaw ay ang Makapangyarihan, ang Marunong." Magsasabi si Allāh: "Ito ay Araw na magpapakinabang sa mga tapat ang katapatan nila. Ukol sa kanila ay mga hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog bilang mga mananatili sa mga ito magpakailanman." Nalugod si Allāh sa kanila at nalugod naman sila sa Kanya. Iyon ay ang pagkatamong sukduhan.} (Qur'ān 5:116-119)

Dahil doon, si Kristo Jesus (sumakanya ang pangangalaga) ay walang-kinalaman sa milyun-milyong ito na tumatawag sa sarili nila bilang Kristiyano at naniniwala na sila ay mga tagasunod ni Kristo.

3. Si Muḥammad, ang Sugo ni Allāh (ang Pangwakas sa mga Propeta at mga Isinugo)

Matapos ng pag-angat kay Jesus (sumakanya ang pangangalaga), may lumipas na isang mahabang yugto ng panahon na malapit sa anim na siglo na nadagdagan ang pagkalahis ng mga tao palayo sa patnubay at lumaganap sa kanila ang kawalang-pananampalataya, ang pagkaligaw, at ang pagsamba sa iba pa kay Allāh (napakataas Siya). Ipinadala ni Allāh si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Makkah Mukarramah sa lupain ng Hijāz kalakip ng patnubay at Relihiyon ng Katotohanan upang sambahin si Allāh lamang nang walang katambal sa Kanya. Pinabaunan siya ni Allāh ng mga tanda at mga himalang nagpapatunay sa pagkapropeta niya at mensahe niya. Winakasan ni Allāh sa pamamagitan niya ang mga isinugo, ginawa ang relihiyon niya bilang pangwakas sa mga relihiyon, at iningatan ito laban sa pagpapalit at pagpapaiba hanggang sa wakas ng makamundong buhay at pagsapit ng Huling Sandali. Kaya sino si Muḥammad? Sino ang mga kababayan niya? Papaano siyang isinugo? Ano ang mga patunay ng pagkapropeta niya? Ano ang mga detalye ng talambuhay niya? Ito ang tatangkain nating linawin ayon sa pahintulot ni Allāh sa mga pinaiksing pahinang ito.

A. Ang Kaangkanan Niya at ang Dangal Niya

Siya ay si Muḥammad na anak ni `Abdullāh na anak ni `Abdulmuṭṭalib na anak ni Hāshim na anak ni `Abdumanāf na anak ni Quṣayy na anak ni Kilāb. Ang kaangkanan niya ay hanggang sa kay Ismael na anak ni Abraham (sumakanilang dalawa ang pangangalaga), na kabilang sa liping Quraysh at ang Quraysh naman ay kabilang sa mga Arabe. Ipinanganak siya sa

Makkah noong taong 571 matapos ng kapanganakan ni Kristo (sumakanya ang pangangalaga). Pinapanaw ang ama niya habang siya ay isang sanggol sa sinapupunan, kaya lumaki siya na isang ulila sa ilalim ng pagtangkilik ng lolo niyang si `Abdulmuṭṭalib. Pagkatapos noong pinapanaw naman ang lolo niya, tinangkilik siya ng tiyuhin niyang si Abū Ṭālib.

B. Ang mga Katangian Niya

Nabanggit natin na ang sugong pinili mula sa ganang kay Allāh ay hindi maiiwasan na maging nasa pinakamataas na rurok ng katayugan ng kaluluwa, katapatan ng pagsasalita, at kagandahan ng mga kaasalan. Gayon si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat lumaki siyang tapat, mapagkakatiwalaan, maganda ang kaasalan, kaaya-aya ang pagsasalita, matatas ang dila, na iniibig ng kaanak at di-kanak, dinadakila sa mga kababayan niya, iginagalang sa gitna nila, na wala silang itinataguri sa kanya kundi "Ang Mapagkakatiwalaan." Sila noon ay naglalagay sa piling niya ng mahahalagang bagay nila kapag naglakbay sila.

Karagdagan sa kagandahan ng kaasalan niya, siya nga noon ay marikit ang anyo, na hindi nagsasawa ang mata sa pagkakita sa kanya, maputi ang mukha, madilat ang mga mata, mahaba ang mga pilikmata ng mga mata, maitim ang buhok, malapad ang mga balikat, na hindi matangkad at hindi mababa: katamtaman sa mga lalaki gayong siya sa katangkaran ay higit na malapit. Naglalarawan sa kanya ang isa sa mga Kasamahan niya na nagsasabi ito: "Nakita ko ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa isang kasuutang Yemeneo saka hindi ako nakakita ng higit na makisig kaysa sa kanya kailanman." Siya ay isang iliterato: hindi nakababasa at hindi nakasusulat, sa mga taong iliterato na kaunti ang mahusay sa pagbasa at pagsulat sa kanila subalit sila noon ay matatalino, malalakas ang memorya, mabibilis ang kabatiran.

C. Ang Quraysh at ang mga Arabe

Ang mga kababayan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ang angkan niya ay nakatira sa Makkah Mukarramah sa tabi ng Bahay na Pinakababanal at Pinarangalang Ka`bah na ipinag-utos ni Allāh kina Abraham at Ismael (sumakanilang dalawa ang pangangalaga) na ipatayo.

Subalit sila, kasabay ng paghahabaan ng panahon, ay lumihis palayo sa relihiyon ni Abraham (ang dalisay na pagsamba kay Allāh). Naglagay sila sampu ng mga lipi na nasa paligid nila ng mga anito mula na mga bato, mga punong-kahoy, at ginto sa paligid ng Ka`bah. Bumanal sila sa mga ito at naniwala sila na nasa kamay ng mga ito ang pakinabang at ang pinsala. Nagpauso sila ng mga ritwal ng mga pagsamba sa mga ito. Kabilang sa pinakatanyag sa mga ito ay ang anitong si Hubal na siyang pinakamalaki sa mga anito at pinakasukdulan sa mga ito sa kalagayan. Karagdagan sa mga iba pang anito at mga punong-kahoy sa labas ng Makkah, na sinasamba bukod pa kay Allāh at pinaliligiran ng isang sinag ng kabanalan, ang tulad nina Allāt, Al`uzzā, at Manāh. Ang buhay nila noon kasama ng mga kapaligiran na nasa palibot nila ay puno ng kagaslawan, kayabangan, kahambugan, paglabag sa mga ibang tao, at mga mapanirang digmaan, kahit pa man nasa kanila ang ilan sa mga magandang kaasalan tulad ng katapangan, pagpaparangal sa panauhin, katapatan ng pagsasalita, at iba pa sa mga ito.

D. Ang Pagpapadala sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)

Noong umabot ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa edad na 40 taon habang siya ay nasa yungib ng Hirā' sa labas ng Makkah, bumaba sa kanya ang kauna-unahang pagkasi mula sa langit mula sa ganang kay Allāh. Dumating sa kanya si Anghel Gabriel saka mahigpit itong yumakap sa kanya at nagsabi sa kanya: "Bumasa ka." Nagsabi naman siya:

"Ako ay hindi nakababasa." Pagkatapos mahigpit itong yumakap sa kanya sa ikalawang pagkakataon hanggang sa tumindi sa kanya ang pahirap nang matindi saka nagsabi ito sa kanya: "Bumasa ka." Kaya nagsabi na naman siya: "Ako ay hindi nakababasa." Pagkatapos mahigpit itong yumakap sa kanya sa ikatlong pagkakataon hanggang sa tumindi sa kanya ang pahirap nang matindi saka nagsabi ito sa kanya: "Bumasa ka. Kaya nagsabi naman siya: "Ano ang babasahin ko?" Nagsabi ito:

أَفْرَأُ بِاسْمِ رَبِّكَ الَّذِي خَلَقَ (1) خَلَقَ الْإِنْسَانَ مِنْ عَلَقٍ (2) أَفْرَأُ وَرَبُّكَ الْأَكْرَمُ (3) الَّذِي عَلَّمَ بِالْقَلَمِ (4) عَلَّمَ الْإِنْسَانَ مَا لَمْ يَعْلَمْ [العلق: 1-5]

{Bumasa ka sa ngalan ng Panginoon mo na lumikha, lumikha sa tao mula sa isang malalinta. Bumasa ka samantalang ang Panginoon mo ay ang Pinakamapagbigay, na nagturo sa pamamagitan ng panulat, nagturo sa tao ng hindi nito nalaman.} (Qur'ān 96:1-5)

Pagkatapos umalis ang anghel at iniwan siya. Bumalik ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa bahay niya at maybahay niya nang nangangambang nasisindak saka nagsabi sa maybahay niyang si Khadijah: "Balutin mo ako! Tunay na ako ay natakot para sa sarili ko." Kaya nagsabi sa kanya ang maybahay niya: "Aba'y huwag! Sumpa man kay Allāh, hindi magpapahiya sa iyo si Allāh magpakailanman. Tunay na ikaw ay talagang nakikiugnay sa kaanak, pumapasan ng pabigat [ng iba], at tumutulong sa mga dinapuan ng kasawiang-palad."

Pagkatapos dumating sa kanya si Gabriel sa anyo nito na ayon sa pagkakalikha ni Allāh sa kanya. Humarang nga ito sa pagitan ng mga abotanaw saka nagsabi ito: "O Muḥammad, ako ay si Gabriel at ikaw ay Sugo ni Allāh."

Pagkatapos nagsunuran ang [pagdating ng] kasi mula sa langit, na nag-uutos sa Sugo ng pag-anyaya sa mga kababayan niya sa pagsamba kay Allāh lamang at ng pagbibigay-babala sa kanila laban sa Shirk at kawalang-pananampalataya. Kaya nagsimula siya na mag-anyaya sa mga kababayan niya nang isa-isa sa pinakamalapit saka higit na malapit upang pumasok sila sa Relihiyong Islām. Ang kauna-unahan sa mga sumampalataya sa

kanya ay ang maybahay niyang si Khadījah bint Khuwaylid, ang kaibigan niyang si Abū Bakr Aṣ-Ṣiddīq, at ang pinsan niyang si `Alīy bin Abi Ṭālib.

Pagkatapos noong nakaalam ang mga kababayan niya hinggil sa pag-aanyaya niya, nagsimula sila sa pagkontra sa kanya, panlalansi sa kanya, at pakikipag-away sa kanya. Pumunta siya, isang umaga ng isang araw, sa mga kababayan saka nanawagan sa kanila sa pinakamalakas na tinig niya: "Wāṣabāhāh." Ito ay isang salitang sinasabi ng sinumang nagnais na tipunin ang mga tao. Kaya nagsunuran naman ang mga kababayan niya habang nagtitipon sila upang makarinig ng sasabihin sa kanila. Noong nakapagtipon sila, nagsabi siya sa kanila: "Sa tingin ba ninyo kung nagpabatid ako sa inyo na ang kaaway ay darating nang umaga sa inyo o darating nang gabi sa inyo, kayo ba ay maniniwala sa akin?" Nagsabi sila: "Hindi kami nakasubok sa iyo ng isang pagsisinungaling." Nagsabi siya: "Kaya tunay na ako ay isang mapagbabala para sa inyo sa harap ng isang pagdurusang matindi." Kaya nagsabi naman ang tiyuhin niyang si Abū Lahab, na isa sa mga tiyuhin niya sampu ng maybahay niya, na kabilang sa pinakamatindi sa mga tao sa pagkamuhi sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapahamakan sa iyo! Dahil ba dito tinipon mo kami?" Kaya nagpababa si Allāh sa Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng sabi Niya (napakataas Siya):

تَبَّتْ يَدَا أَبِي لَهَبٍ وَتَبَّ (1) مَا أَغْنَىٰ عَنْهُ مَالُهُ وَمَا كَسَبَ (2) سَيَصْلَىٰ نَارًا ذَاتَ لَهَبٍ (3)
وَأَمْرًا تُهَمِّمَةٌ هَمَّالَةً أَلْحَبًا (4) فِي جِيدِهَا حَبْلٌ مِّن مَّسَدٍ (5) [المسد: 1-5]

{Napahamak ang dalawang kamay ni Abū Lahab at napahamak siya! Walang naipakinabang para sa kanya ang yaman niya at ang anumang nakamit niya. Masusunog siya sa isang Apoy na may lagablab at ang maybahay niya [rin], na tagapasan ng kahoy na panggatong, Sa leeg nito ay may tali mula sa linubid na himaymay.} (Qur'ān 111:1-5)

Pagkatapos nagpatuloy ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nag-aanyaya sa kanila tungo sa Islām at nagsasabi sa kanila: "Magsabi kayo na walang Diyos kundi si Allāh, magtatagumpay kayo;" ngunit nagsabi

sila: "Gumawa ba siya sa mga diyos bilang nag-iisang diyos? Tunay na ito ay talagang isang bagay na kataka-taka."

Nagbabaan ang mga talata mula sa ganang kay Allāh, na nag-aanyaya sa kanila tungo sa patnubay at nagbibigay-babala sa kanila laban sa pagkaligaw na kinasadlakan nila, na kabilang sa mga talatang ito ang sabi ni Allāh (napakataas Siya):

قُلْ أَنْتُمْ لَتَكْفُرُونَ بِالَّذِي خَلَقَ الْأَرْضَ فِي يَوْمَيْنِ وَتَجْعَلُونَ لَهُ أَنْدَادًا ذَلِكَ رَبُّ الْعَالَمِينَ (9)
وَجَعَلَ فِيهَا رِوَاسِيٍّ مِنْ فَوْقِهَا وَبَارَكَ فِيهَا وَقَدَّرَ فِيهَا أَقْوَاتَهَا فِي أَرْبَعَةِ أَيَّامٍ سَوَاءً لِّلسَّائِلِينَ
(10) ثُمَّ اسْتَوَى إِلَى السَّمَاءِ وَهِيَ دُخَانٌ فَقَالَ لَهَا وَلِلْأَرْضِ ائْتِينَا طُوعًا أَوْ كَرْهًا قَالَتَا أَتَيْنَا
طَائِعِينَ (11) فَفَضَّاهُنَّ سَبْعَ سَمَاوَاتٍ فِي يَوْمَيْنِ وَأَوْحَى فِي كُلِّ سَمَاءٍ أَمْرَهَا وَزَيَّنَّا السَّمَاءَ
الدُّنْيَا بِمَصَابِيحٍ وَحِفْظًا ذَلِكَ تَقْدِيرُ الْعَزِيزِ الْعَلِيمِ (12) فَإِنْ أَعْرَضُوا فَقُلْ أَنْذَرْتُكُمْ صَاعِقَةً
مِثْلَ صَاعِقَةِ عَادٍ وَثَمُودَ

{Sabihin mo: "Tunay na kayo ba ay talagang tumatangging sumampalataya sa lumikha ng lupa sa dalawang araw at gumagawa sa Kanya ng mga kaagaw? Iyon ay ang Panginoon ng mga nilalang." Naglagay Siya rito ng mga matatag na bundok mula sa ibabaw nito. Nagpala Siya rito at nagtakda Siya rito ng mga makakain dito sa [pagkalubos ng] apat na araw nang magkapantay para sa mga nagtatanong. Pagkatapos bumaling Siya sa langit habang ito ay usok pa saka nagsabi Siya rito at sa lupa: "Pumunta kayong dalawa sa pagtalima o sapilitan." Nagsabi silang dalawa: "Pupunta kami na mga tumatalima." Saka tumapos Siya sa mga ito bilang pitong langit sa dalawang araw at nagkasi Siya sa bawat langit ng utos dito. Gumayak Kami sa langit na pinakamababa ng mga lampara at bilang pangangalaga. Iyon ay ang pagtatakda [Niya], ang Makapangyarihan, ang Maalam. Kaya kung umayaw sila ay sabihin mo: "Nagbabala ako sa inyo ng isang lintik tulad ng lintik ng `Ad at Thamūd.} (Qur`ān 41:9-13)

Subalit ang mga talatang ito at ang pag-aanyayang iyon ay hindi nakadagdag sa kanila maliban ng isang pagpapakasutil at isang pagmamalaki laban sa pagtanggap ng katotohanan; bagkus nagsimula silang tumitindi sa pagdudulot ng pagdurusang sa bawat sinumang pumasok sa Relihiyong Islām, lalo na sa mga minamahina na hindi nagkaroon ng

magsasanggalang sa kanila. Naglalagay sila sa dibdib ng isa sa mga ito ng malaking bato. Hinihila nila ito sa mga lansangan sa sandali ng tindi ng init. Nagsasabi sila rito: "Tumanggi kang sumampalataya sa relihiyon ni Muḥammad o malugod ka sa pagdurusang ito," hanggang sa namatay kabilang sa mga ito ang namatay dahil sa tindi ng pagdudulot ng pagdurusa.

Hinggil naman sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), siya ay nasa pagsasanggalang ng tiyuhin niyang si Abū Ṭālib na umiibig sa kanya at dumadamay sa kanya. Ito ay kabilang sa mga malalaking pinagpipitaganang tao ng liping Quraysh, gayon pa man hindi ito pumasok sa Islām.

Nagtangka ang liping Quraysh na makipagtawaran sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pag-aanyaya niya kaya nag-alok sila sa kanya ng mga yaman, paghahari, at mga pang-udyok sa kundisyon na magpigil siya sa pag-aanyaya tungo sa bagong relihiyong ito na nagmamasama sa mga diyos nila na binabanal nila at sinasamba nila bukod pa kay Allāh. Ang paninindigan ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay tiyakang matigas dahil ito ay isang utos na ipinag-utos ni Allāh sa kanya upang magpaabot siya nito sa mga tao. Kung sakaling tumalikod siya sa utos na ito, talagang magdudulot ng pagdurusa sa kanya si Allāh. Nagsabi siya sa kanila: "Tunay na ako ay nagnanais ng kabutihan para sa inyo. Kayo ay mga kababayan ko at kaangkan ko. Sumpa man kay Allāh, kung sakaling nagpasinungaling ako sa mga tao sa kabuuan nila, hindi ako magpapasinungaling sa inyo; at kung sakaling nandaya ako sa mga tao sa kabuuan nila, hindi ako mandaraya sa inyo."

Yayamang walang naipakinabang ang mga pakikipagtawaran sa paghinto ng paanyaya, nadagdagan ang pangangaway ng liping Quraysh sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mga tagasunod niya. Humiling ang liping Quraysh kay Abū Ṭālib na isuko niya sa kanila si Muḥammad (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) upang mapatay nila ito at magbibigay sila sa kanya ng anumang loloobin niya o magpigil ito sa

paglalantad ng relihiyon niya sa gitna nila. Kaya naman hiniling niya rito na magpigil ito sa pag-aanyaya tungo sa relihiyong ito.

Kaya naluha ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at nagsabi: "O tiyo, sumpa man kay Allāh; kung sakaling inilagay nila ang araw sa kanang kamay ko at ang buwan sa kaliwang kamay ko para mag-iwan ako ng relihiyong ito, hindi ako mag-iwan nito hanggang sa magpangibabaw nito si Allāh o masawi ako alang-alang dito." Kaya nagsabi ang tiyuhin niya: "Magpatuloy ka saka magsabi ka ng niloob mo; sumpa man kay Allāh, hindi sila makapananakit sa iyo ng anuman hanggang sa mapatay ako alang-alang sa iyo." Noong paparating ang pagpanaw ni Abū Ṭālib habang nasa tabi nito ang ilan sa malalaking tao ng Quraysh, dumating dito ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na naggigiit dito na pumasok sa Islām. Nagsasabi siya rito: "O tiyo, magsabi ka ng pangungusap [ng Tawhīd], makikipagpangatwiran ako para sa iyo dahil dito sa harap ni Allāh; magsabi ka na walang Diyos kundi si Allāh." Nagsabi naman dito ang malalaking tao: "Umaayaw ka ba sa relihiyon ni `Abdulmuṭṭalib? (Umaayaw ka ba sa relihiyon ng mga magulang at mga ninuno?)" Minabigat ni Abū Ṭālib na iwan ang relihiyon ng mga magulang nito para pumasok sa Relihiyong Islām, kaya namatay ito na Mushrik. Kaya nalungkot ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang isang matinding pagkalungkot sa pagpanaw ng tiyuhin niya habang nasa Shirk, kaya nagpabatid sa kanya si Allāh (napakataas Siya) sa pamamagitan ng pagsabi:

[إِنَّكَ لَا تَهْدِي مَنْ أَحْبَبْتَ وَلَكِنَّ اللَّهَ يَهْدِي مَنْ يَشَاءُ وَهُوَ أَعْلَمُ بِالْمُهْتَدِينَ] [القصاص:56]

{Tunay na ikaw ay hindi pumapatnubay sa sinumang inibig mo, subalit si Allāh ay pumapatnubay sa sinumang niloob Niya. Siya ay higit na maalam sa mga napapatnubayan.} (Qur'ān 28:56)

Sumapit ang pamemerhuwisyo sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) matapos ng pagpanaw ng tiyuhin niyang si Abū Ṭālib. Kumukuha sila ng mga dumi (mula sa mga hayop) at inilagay nila ang mga ito sa likod niya habang siya ay nagdarasal sa tabi ng Ka`bah.

Pagkatapos pumunta ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa lungsod ng Ṭā'if upang mag-anyaya sa mga mamamayan nito tungo sa Islām. (Ang Ṭā'if ay isang lungsod na nalalayo ng 70 kilometro buhat sa Makkah.) Ngunit kinontra ng mga mamamayan ng Ṭā'if ang paanyaya niya nang higit na matindi kaysa sa ginawa ng mga mamamayan ng Makkah. Inudyukan nila ang mga hunghang nila na batuhin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at pinalayas nila siya mula sa Ṭā'if saka sinundan naman siya ng mga ito habang pinupukol siya ng bato hanggang sa napadugo nila ang mga marangal na sakong niya.

Kaya dumulog ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Panginoon niya habang dumadalangin at nagpapaadya. Nagsugo naman si Allāh sa kanya ng anghel saka nagsabi ito sa kanya: "Tunay na ang Panginoon mo ay nakarinig sa sinasabi ng mga kababayan mo sa iyo. Kaya kung loloobin mo, itataklob ko sa kanila ang Akhshabān." (Ang Akhshabān ay dalawang malaking bundok.) Nagsabi naman siya: "Huwag; subalit umaasa ako kay Allāh na magpalabas Siya mula sa mga supling nila ng sasamba sa Kanya lamang at hindi magtatambal sa Kanya ng anuman."

Pagkatapos bumalik ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Makkah at nagpatuloy ang pangangaway at ang pagkontra ng mga kababayan niya sa bawat sinumang sumampalataya sa kanya. Pagkatapos may dumating sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na isang pangkat mula sa lungsod ng Yathrib, na tinatawag matapos niyon sa pangalang Madīnah. Inanyayahan niya sila sa Islām saka yumakap naman sila sa Islām. Nagsugo siya kasama nila ng isa sa mga Kasamahan niya, na ang pangalan ay Muṣ`ab bin `Umayr, na magtuturo sa kanila ng mga katuruan ng Islām. Yumakap naman sa Islām sa mga kamay ni Muṣ`ab ang marami sa mga mamamayan ng Madīnah.

Pumunta sila sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) noong sumunod na taon upang mangako sila sa kanya ng katapatan sa Islām. Pagkatapos nag-utos siya sa mga sinisiil na Kasamahan niya na lumikas sa Madīnah. Lumikas naman sila bilang mga pangkat at bilang mga indibiduwal. Ipinantawag sa kanila ang taguring muhājirūn (mga lumikas).

Sinalubong sila ng mga mamamayan ng Madīnah ng pagpaparangal, pagkalugod, at pagtanggap. Pinatuloy sila ng mga ito sa mga bahay ng mga ito at hinatian sila ng mga ito ng mga ari-arian ng mga ito at mga tirahan ng mga ito. Tinawag ang mga ito matapos niyon bilang anṣār (mga tagaadya).

Pagkatapos noong nakaalam ang liping Quraysh hinggil sa paglikas na ito, nagpasya sila na patayin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagpasya sila na kubkubin ang tirahan niya na pinagpapagabihan niya sapagkat kapag lumabas siya ay tatagain nila siya ng tabak gaya ng isang taga ng iisang lalaki, ngunit sinagip siya ni Allāh mula sa kanila. Lumabas siya sa gitna nila samantalang sila ay hindi nakararamdam. Sumunod sa kanya si Abū Bakr Aṣ-Ṣiddīq at nag-utos ito kay `Alīy na manatili sa Makkah upang isauli sa mga may-ari ang mga ipinagkatiwalang nakalagak sa pag-iingat ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Habang nasa daan ng paglikas, gumawa ang liping Quraysh ng mamahaling premyo para sa sinumang makahuhuli kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang buhay o patay. Subalit si Allāh ay nagligtas sa kanya laban sa kanila sapagkat nakarating siya nang ligtas sa Madīnah kasama ng kasamahan niya.

Sinalubong siya ng mga mamamayan ng Madīnah nang may kagalakan, pagkalugod, at matinding tuwa. Lumabas silang lahat mula sa mga tahanan nila para sa pagsalubong sa Sugo ni Allāh habang nagsasabing dumating ang Sugo ni Allāh, dumating ang Sugo ni Allāh.

Tumatag ang pananatili ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagpasimula siya sa Madīnah, una, ng pagpapatayo ng masjid upang pagsagawaan ng mga dasal. Nag-umpisa siyang magturo sa mga tao ng mga batas ng Islām, magpabigkas sa kanila ng Qur'ān, at humubog sa kanila sa mararangal na mga kaasalan, kaya naman nagkumpulan sa paligid niya ang mga Kasamahan niya habang natututo mula sa kanya ng patnubay, nagpapabusilak sa pamamagitan niya ng mga sarili nila, at

umaangat sa pamamagitan niya ang mga kaasalan nila. Lumalim ang pag-ibig nila sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Naimpluwensiyahan sila ng mga katangian niyang mataas. Lumakas ang bigkis ng kapatirang pampananampalataya sa pagitan nila. Ang Madīnah ay naging totohanang lungsod na Ideyal na namumuhay sa isang kapaligiran ng kaligayahan at kapatiran. Walang pagkakaiba sa ganang mga residente nito sa pagitan ng isang mayaman ni isang maralita ni isang puti ni isang itim ni isang Arabe ni isang di-Arabe. Hindi nakalalamang ang iba sa kanila sa iba pa maliban sa pananampalataya at pangingilag magkasala. Nabuo mula sa mga hinirang na ito ang pinakamainam na salinlahing nakilala ng kasaysayan.

Matapos ng isang taon mula ng paglikas ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), nagsimula ang mga pagsalansang at ang mga labanan sa pagitan ng Sugo at mga Kasamahan niya laban sa liping Quraysh at mga sumabay sa mga ito sa pakikipag-away sa relihiyong Islām.

Kaya naganap ang kauna-unahang labanan sa pagitan nila. Ito ay ang dakilang labanan sa Badr, sa isang lambak sa pagitan ng Makkah at Madīnah. Umalalay si Allāh sa mga Muslim, na ang bilang ay 314 manlalaban, laban sa liping Quraysh, na ang bilang ay 1,000 manlalaban. Nagwagi ang mga Muslim sa isang pinagtagumpay na pagwawagi. Napatay rito mula sa liping Quraysh ang pitumpu, na ang karamihan sa mga ito ay kabilang malalaking tao at mga pinuno, nabihag ang pitumpu, at tumakas naman ang mga natitira.

Pagkatapos may dumating na mga iba pang labanan sa pagitan ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ng liping Quraysh. Nakaya ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa katapusan ng mga ito (walong taon matapos ng paglisan niya mula sa Makkah) na magpadala sa Makkah Mukarramah ng isang hukbong ang lakas ay 10,000 manlalaban kabilang sa mga pumasok sa Islām upang sumalakay sa liping Quraysh sa looban ng tahanan nito, upang pasukin ito nang puwersahan, magwagi laban sa kanila sa isang malawakang pagwawagi, at tumalo sa lipi niya na

nagnais pumatay sa kanya, nagpasakit sa mga Kasamahan, at sumagabal sa Relihiyon na inihatid niya mula sa ganang kay Allāh.

Tinipon niya sila matapos ng tanyag na pagwawaging iyon at nagsabi sa kanila: "O katipunan ng Quraysh, ano ang ipinagpapalagay ninyo na gagawin ko sa inyo?" Nagsabi sila: "Kapatid na marangal at anak ng kapatid na marangal." Nagsabi siya: "Humayo kayo sapagkat kayo ay pinalaya na." Nagpaumanhin siya sa kanila at nagbigay sa kanila ng kalayaan sa pagyakap ng Relihiyong Islām.

Kaya ito ay naging isang kadahilanan sa pagpasok ng mga tao sa Relihiyong Islām nang pulu-pulutong, saka umanib sa Islām ang Arabya sa kabuuan nito at pumasok sa relihiyong Islām.

Hindi lumipas ang isang maikling yugto ng panahon hanggang sa nagsagawa ng ḥajj ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsagawa ng ḥajj kasama sa kanya ang 114,000 kabilang sa mga pumasok kamakailan sa Relihiyong Islām.

Tumindig siya na nagtatalumpati sa kanila sa araw ng malaking ḥajj, na naglilina sa kanila ng mga patakarang Relihiyon at mga batas ng Islām. Pagkatapos nagsabi siya sa kanila: "Marahil ako ay hindi makikipagkita sa inyo matapos ng taon kong ito. Pansinin, magpaabot ang nakadalo sa nakaliban." Pagkatapos tumingin siya sa kanila saka nagsabi: "Pansinin, nagpaabot kaya ako?" Kaya nagsabi ang mga tao: "Opo." Kaya nagsabi siya: "O Allāh, sumaksi Ka. Pansinin, nagpaabot kaya ako?" Kaya nagsabi ang mga tao: "Opo." Kaya nagsabi siya: "O Allāh, sumaksi Ka."

Pagkatapos bumalik ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Madīnah matapos ng ḥajj. Nagtalumpati siya sa mga tao isang araw. Nagsabi siya sa kanila: "Tunay na may isang lingkod na pinapili ni Allāh sa pagitan ng pamamalagi sa Mundo o ng nasa kay Allāh saka pinili niya ang nasa kay Allāh." Umiyak ang mga Kasamahan at nalaman nila na siya ay tumutukoy sa sarili niya at na siya ay nalapit na sa paglipat niya mula sa pangmundong buhay. Sa araw ng Lunes ng ikalabindalawa ng ikatlong buwang panghijrah ng ikalabing-isang taon mula ng paglikas, tumindi ang

karamdaman sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at nagsimula sa kanya ang mga hapdi ng kamatayan. Tumingin siya sa mga Kasamahan niya nang tingin ng pamamaalam. Nagtagubilin siya sa kanila ng pangangalaga sa pagdarasal. Isinuko niya ang espiritu niyang marangal at lumipat siya sa Pinakamataas na Kasama.

Nagulantang ang mga Kasamahan (ang lugod ni Allāh ay sumakanila) sa pagpanaw ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at sumidhi sa kanila ang lungkot at ang kahapisan sa kasidhian nito. Nakaapekto sa kanila ang dalamhati nang labis na epekto hanggang sa ang isa sa kanila, si `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya), ay tumindig nang nakahugot ang tabak nito dahil sa hilakbot ng pagkabigla, habang nagsasabi: "Hindi ako makaririnig sa isa man na nagsasabing namatay ang Sugo ni Allāh malibang tatagain ko ang leeg niya!"

Kaya tumindig si Abū Bakr Aṣ-Ṣiddīq na nagpapaalaala rito ng sabi ni Allāh (napakataas Siya):

(وَمَا مُحَمَّدٌ إِلَّا رَسُولٌ قَدْ خَلَتْ مِنْ قَبْلِهِ الرُّسُلُ أَفَإِنْ مَاتَ أَوْ قُتِلَ انْقَلَبْتُمْ عَلَىٰ أَعْقَابِكُمْ وَمَنْ يَنْقَلِبْ عَلَىٰ عَقْبَيْهِ فَلَنْ يَضُرَّ اللَّهَ شَيْئًا وَسَيَجْزِي اللَّهُ الشَّاكِرِينَ) [آل عمران: 144]

{Walang iba si Muḥammad kundi isang Sugo, na nakalipas na bago pa niya ang mga sugo. Kaya ba kung namatay siya o napatay siya ay uwi kayo sa mga pinagdaanan ninyo? Ang sinumang babalik sa pinagdaanan niya ay hindi siya makapipinsala kay Allāh ng anuman. Gaganti si Allāh sa mga tagapagpasalamat.} (Qur'ān 3:144)

Kaya noong narinig ni `Umar ang talatang ito, kaagad siyang bumagsak nang walang-malay.

Ito si Muḥammad, ang Sugo ni Allāh, ang Pangwakas sa mga Propeta at mga Isinugo. Ipinadala siya ni Allāh sa mga tao sa kalahatan bilang mapagbalita ng nakagalak at bilang mapagbabala. Naipaabot niya ang pasugo, nagampanan niya ang ipinagkatiwala, at napayuhan niya ang Kalipunan.

Nag-alalay sa kanya si Allāh sa pamamagitan ng Marangal na Qur'ān, ang salita ni Allāh na pinababa mula sa langit na:

(لَا يَأْتِيهِ الْبَاطِلُ مِنْ بَيْنِ يَدَيْهِ وَلَا مِنْ خَلْفِهِ تَنْزِيلٌ مِنْ حَكِيمٍ حَمِيدٍ) [فصلت:42]

{Hindi pumupunta rito ang kabulaanan mula sa harapan nito ni mula sa likuran nito. [Ito ay] isang pagbababa mula sa Marunong, Kapuri-puri.} (Qur'ān 41:42)

Kung sakaling nagtipon ang mga tao mula sa simula ng Mundo hanggang sa wakas nito para maglahad ng tulad ng Qur'ān, hindi sila makapaglalahad ng tulad nito at kahit pa ang iba sa kanila para sa iba pa ay naging mapagtaguyod. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

يَا أَيُّهَا النَّاسُ اعْبُدُوا رَبَّكُمُ الَّذِي خَلَقَكُمْ وَالَّذِينَ مِنْ قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ (21) الَّذِي جَعَلَ لَكُمُ الْأَرْضَ فِرَاشًا وَالسَّمَاءَ بِنَاءً وَأَنْزَلَ مِنَ السَّمَاءِ مَاءً فَأَخْرَجَ بِهِ مِنَ الثَّمَرَاتِ رِزْقًا لَكُمْ فَلَا تَجْعَلُوا لِلَّهِ أَنْدَادًا وَأَنْتُمْ تَعْلَمُونَ (22) وَإِنْ كُنْتُمْ فِي رَيْبٍ مِمَّا نَزَّلْنَا عَلَىٰ عَبْدِنَا فَأْتُوا بِسُورَةٍ مِثْلِهِ وَادْعُوا شُهَدَاءَكُمْ مِنْ دُونِ اللَّهِ إِنْ كُنْتُمْ صَادِقِينَ (23) فَإِنْ لَمْ تَفْعَلُوا وَلَنْ تَفْعَلُوا فَاتَّقُوا النَّارَ الَّتِي وَقُودُهَا النَّاسُ وَالْحِجَارَةُ أُعِدَّتْ لِلْكَافِرِينَ (24) وَبَشِّرِ الَّذِينَ آمَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ أَنَّ لَهُمْ جَنَّاتٍ تَجْرِي مِنْ تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ كُلَّمَا رُزِقُوا مِنْهَا مِنْ ثَمَرَةٍ رِزْقًا قَالُوا هَذَا الَّذِي رُزِقْنَا مِنْ قَبْلُ وَأَنُوبُوا بِهِ مُتَشَابِهًا وَلَهُمْ فِيهَا أَزْوَاجٌ مُطَهَّرَةٌ وَهُمْ فِيهَا خَالِدُونَ

[البقرة:21-25]

{O mga tao, sumamba kayo sa Panginoon 69llāh na lumikha sa inyo at sa mga nauna pa sa inyo, nang sa gayon kayo ay mangingilag magkasala, na gumawa para sa inyo ng lupa bilang himlayan at ng langit bilang silong, at nagpababa mula sa langit ng tubig kaya nagpalabas Siya sa pamamagitan nito ng mga bunga bilang panustos para sa inyo. Kaya huwag kayong gumawa para kay Allāh ng mga kaagaw samantalang kayo ay nakaaalam. Kung kayo ay nasa isang pag-aalinlangan sa ibinaba Namin sa Lingkod Namin, maglahad kayo ng isang kabanata kabilang sa tulad nito at tumawag kayo ng mga saksi 69llāh bukod pa kay Allāh kung kayo ay mga tapat. Ngunit kung hindi kayo 69llāhs a – at hindi kayo makagagawa – ay mangilag kayo sa Apoy na ang panggatong nito ay ang mga tao at ang mga bato. Inihanda ito para sa mga tagatangging sumampalataya. Magbalita ka

ng nakagagalak sa mga sumampalataya at gumawa ng mga maayos na ukol sa kanila ay mga Hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog. Sa tuwing tinutustusan sila mula sa mga ito ng bunga bilang panustos ay nagsasabi sila: “Ito ay ang itinustos sa amin bago pa niyan.” Bibigyan sila nito na nagkakawangisan. Ukol sa kanila roon ay mga asawang dinalisay at sila ay doon mga mananatili.} (Qur’an 2:21-25)

Ang Qur’ān na ito ay binubuo ng 114 kabanata, na sa mga ito ay may higit sa 6,000 talata. Si Allāh ay humahamon sa mga tao sa paglipas ng mga panahon na maglahad sila ng iisang kabanata na kabilang sa tulad ng mga kabanata ng Qur’ān. Ang pinakamaikling kabanata sa Qur’ān ay binubuo ng tatlong talata lamang.

Kung sakaling nakakaya sila niyon, malalaman 70llāhs ang Qur’ān na ito ay hindi mula sa ganang kay Allāh. Ito ay kabilang sa pinakadakila sa mga himala na ipinang-alalay ni 70llāhs a Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) gaya ng pag-alalay sa kanya ni Allāh ng mga iba pang himalang labas sa karaniwan. Kabilang sa mga ito:

E. Ang Pag-alalay sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Pamamagitan ng mga Himala:

1. Na siya noon ay dumalangin kay Allāh at naglagay ng kamay niya sa lalagyan saka bumukal ang tubig mula sa pagitan ng mga daliri niya at uminom ang hukbo mula sa tubig na ito at ang bilang ng hukbo ay humigit sa isang libo.
2. Na siya noon ay dumalangin kay Allāh at naglagay ng kamay niya sa pagkain saka dumami ang pagkain sa bandeha hanggang sa nakakain mula rito ang 1,500 Kasamahan.

3. Na siya noon ay nag-angat ng mga kamay niya sa langit habang dumadalangin kay Allāh na magpababa ng ulan saka hindi siya humiwalay sa kinalalagyan niya hanggang sa nagbagsakan ang tubig mula sa mukha niyang marangal dahil sa epekto ng ulan. Mayroon pang maraming ibang himala.

Umalalay sa kanya si Allāh sa pamamagitan ng pag-iingat sa kanya kaya walang nakararating sa kanya na isa man kabilang sa nagnanais na pumatay sa kanya at umapula sa liwanag na inihatid niya mula sa ganang kay Allāh gaya ng nasaad sa sabi ni Allāh:

يَا أَيُّهَا الرَّسُولُ بَلِّغْ مَا أُنزِلَ إِلَيْكَ مِنْ رَبِّكَ وَإِنْ لَمْ تَفْعَلْ فَمَا بَلَّغْتَ رِسَالَتَهُ وَاللَّهُ يَعْصِمُكَ مِنَ
النَّاسِ [المائدة:67].

{O Sugo, magpaabot ka ng pinababa sa iyo mula sa Panginoon mo. Kung hindi mo gagawin ay hindi ka nagpapaaaabot ng pasugo Niya. Si Allāh ay magsasanggalang sa iyo sa mga tao.} (Qur'ān 5:67)

Talaga ngang ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kalakip ng pag-alalay ni Allāh sa kanya, ay naging isang magandang tinutuluran sa lahat ng mga ginagawa niya at mga sinasabi niya. Siya noon ay ang kauna-unahang tagapagpatupad sa mga utos na nagbababaan mula kay Allāh. Siya noon ay ang pinakamasigasig sa mga tao sa paggawa ng mga pagsamba at mga pagtalima at ang pinakamapagbigay sa mga tao. Walang natitira sa kamay niya na anuman mula sa yaman malibang ginugol niya sa landas ni Allāh sa mga dukha, mga maralita, at mga nangangailangan; bagkus pati na ang pamana. Nagsabi siya sa mga Kasamahan niya: "Tunay na kaming katipunan ng mga propeta ay hindi nagpapamana; ang anumang iniwan namin ay kawanggawa."²

² Ang ḥadīth ay itinala ni Imām Aḥmad (2/463). Ang kawing ng pagpapaabot nito ay tumpak gaya ng binanggit ni Aḥmad Shākir sa pagsisiyasat niya sa Musnad (19/92): "Hindi maghahati-hati ang mga tagapagmana ko sa isang dinar. Ang maiiwan ko matapos ng panggugol ng mga maybahay ko at upa sa manggagawa ko, ito ay kawanggawa."

Hinggil naman sa mga kaasalan niya, walang nakaabot sa mga ito na isa man. Walang nakasama sa kanya na isa man malibang umibig ito sa kanya mula sa kaibuturan ng puso nito. Kaya naman ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagiging pinakainiibig sa kanya kaysa sa anak niya, sa magulang niya, at sa mga tao sa kalahatan.

Nagsasabi si Anas bin Mālik, ang tagapagsilbi ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi ako nakasaling ng isang palad na higit na kaaya-aya ni higit na malambot ni higit na kaaya-aya sa bango kaysa sa palad ng Sugo ni Allāh. Talaga ngang nagsilbi ako sa kanya nang sampung taon ngunit hindi siya nakapagsabi sa akin dahil sa isang bagay na ginawa ko kung bakit ko ginawa iyon ni dahil sa isang bagay na hindi ko ginawa kung bakit hindi ko ginawa iyon."³

Iyan si Muḥammad, ang Sugo ni Allāh, na pinataas ni Allāh ang kahalagahan niya at inangat ang pagbanggit sa kanya sa mga nilalang sapagkat walang nababanggit na tao sa kairalan sa ngayon at bago ngayon gaya ng pagkakabanggit sa kanya. Magmula isang libo at apat na raang taon, may milyun-milyong minaret sa mga dako ng mundo na "sumisigaw" sa bawat araw nang limang ulit sa pagsasabi ng mga ito na: "Sumasaksi ako na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh." Daan-daang milyon ng mga nagdarasal ay nag-uulit-ulit sa mga dasal nila araw-araw nang sampu-sampung ulit na: "Sumasaksi ako na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh."

F. Ang Mararangal na Kasamahan

Dinala ng mararangal na Kasamahan ang paanyaya ng Islām matapos ng pagpanaw ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Humayo sila kalakip nito sa mga silangan ng lupa at mga kanluran nito. Sila noon sa totoo ay pinakamainam sa mga tagapag-anyaya para sa relihiyong ito

³ Nagtala nito si Imām Al-Bukhārī (4/230).

sapagkat sila noon ay ang pinakatapat sa mga tao sa pananalita, ang pinakadakila sa kanila sa katarungan, ang pinakamarami sa kanila sa [katangian ng] pagkamapagkakatiwalaan, at ang pinakamasigasig sa kanila sa kapatnubayan ng mga tao at pagpapalaganap ng kabutihan sa gitna ng mga ito.

Nagsakaasalan sila ng mga kaasalan ng mga propeta at tumulad sila sa mga katangian ng mga ito. Ang mga kaasalang ito ay nagkaroon ng hayag na epekto ng mga ito sa pagtanggap ng mga bansa sa Mundo sa Relihiyong ito. Kaya naman pumasok ang mga iyon nang magkasunuran sa Relihiyon ni Allāh nang pulu-pulutong mula sa kanluran ng Afrika hanggang sa silangan ng Asya hanggang sa gitna ng Europa dahil sa pagkaibig ng mga iyon sa Relihiyong ito nang walang pamumuwersa o pamimilit.

Tunay na sila ay ang mga Kasamahan ng Sugo ni Allāh, ang pinakamainam sa mga tao matapos ng mga propeta. Ang pinakatangyag sa kanila ay ang apat na matinong khalīfah na namahala sa Estado ng Islām matapos ng pagpanaw ng Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Sila ay sina:

1. Abū Bakr Aṣ-Ṣiddīq,
2. `Umar bin Al-Khaṭṭāb,
3. `Uthmān bin `Affān, at
4. `Alīy bin Abī Ṭālib.

Nakararamdam ang mga Muslim tungo sa kanila ng bawat utang na loob at paggalang. Nagpapakalapit-loob ang mga Muslim kay Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamamagitan ng pag-ibig sa Sugo Niya at pag-ibig sa mga Kasamahan ng Sugo Niya na mga lalaki at mga babae. Nagpipitagan sa kanila ang mga ito, nagdadakila sa kanila ang mga ito, at nagluluklok sa kanila ang mga ito sa kalagayan nila na naaangkop sa kanila.

Walang nasusuklam sa kanila at walang nagmamaliit sa halaga nila maliban sa sinumang isang tagatangging sumampalataya sa Relihiyong Islām, kahit pa man nag-angkin siya na siya ay isang Muslim. Nagbunyi si Allāh sa kanila sa sabi Niya:

(كُنْتُمْ خَيْرَ أُمَّةٍ أُخْرِجَتْ لِلنَّاسِ تَأْمُرُونَ بِالْمَعْرُوفِ وَتَنْهَوْنَ عَنِ الْمُنْكَرِ وَتُؤْمِنُونَ بِاللَّهِ.) {آل عمران 110}

{Kayo ay pinakamabuting kalipunang pinalabas para sa mga tao. Nag-uutos kayo ng nakabubuti, sumasaway kayo ng nakasasama, at sumasampalataya kayo kay Allāh.} (Qur'ān 3:110)

Nagpatibay si Allāh ng pagkalugod Niya sa kanila nang nangako sila ng katapatan sa Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat nagsabi Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

(لَقَدْ رَضِيَ اللَّهُ عَنِ الْمُؤْمِنِينَ إِذْ يُبَايِعُونَكَ تَحْتَ الشَّجَرَةِ فَعَلِمَ مَا فِي قُلُوبِهِمْ فَأَنْزَلَ السَّكِينَةَ عَلَيْهِمْ وَأَثَابَهُمْ فَتْحًا قَرِيبًا.) {الفتح 18}

{Talaga ngang nalugod si Allāh sa mga mananampalataya noong nangangako sila ng katapatan sa iyo sa ilalim ng punong-kahoy sapagkat nakaalam Siya sa nasa mga puso nila kaya naman nagpababa Siya ng katiwasayan sa kanila at gumantimpala Siya sa kanila ng isang pagpapawaging malapit,} (Qur'ān 48:18)

4. Ang mga Haligi ng Islām

Ang Islām ay may limang pangulong haligi na ang panlabas nito ay kinakailangan sa Muslim na sumunod sa mga ito nang sa gayon mapatotohanan sa kanya ang paglalarawan sa Muslim.

A. Ang Unang Haligi: Ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh.

Ito ay ang kauna-unahang pangungusap na kinakailangan na sabihin ng pumapasok sa Relihiyong Islām sapagkat magsasabi siya: "Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh at Lingkod Niya," habang naniniwala sa lahat ng mga kahulugan nito gaya ng dinetalye natin sa naunang pagtatalakay.

Kaya naman maniniwala na si Allāh ang Diyos na iisang kaisa-isa na hindi nagkaanak at hindi ipinanganak at hindi nagkaroon sa Kanya ng isang kapantay na isa man, na Siya ay ang Tagalikha at ang anumang iba sa Kanya ay nilikha, na Siya lamang ang Diyos na naging karapat-dapat sa pagsamba kaya walang Diyos kundi Siya at walang Panginoon na iba sa Kanya; at maniniwala na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh at Lingkod Niya, na ibinaba sa kanya ang pagkakasi mula sa langit, na tagapagpaabot buhat kay Allāh ng pag-uutos Niya at pagsaway Niya, na kinakailangan ang paniniwala sa anumang ipinabatid niya, ang pagtalima sa kanya sa anumang ipinag-utos niya, at ang pag-iwas sa anumang sinaway niya at sinawata niya.

B. Ang Ikalawang Haligi: Ang Pagpapanatili ng Pagdarasal

Sa pagdarasal napalilitaw ang mga pinakatampok ng pagkamananamba at ang pagpapasailalim kay Allāh (napakataas Siya) sapagkat ang tao ay tumatayo nang taimtim habang bumibigkas ng mga talata ng Qur'ān, dumadakila kay Allāh sa pamamagitan ng mga uri ng pagsambit at pagbubunyi, yumuyukod sa Kanya, at sumsubsob sa Kanya nang nakapatirapa para makipag-usap nang lihim sa Kanya, dumalangin sa Kanya, at humingi sa Kanya mula sa kabutihang-loob Niyang dakila. Kaya naman ito ay isang ugnayan sa pagitan ng tao at ng Panginoon niya na lumikha sa kanya at nakaalam sa paglilihim niya, paglalantad niya, at paggalaw-galaw niya sa gitna ng mga nagpapatirapa. Ito ay isang kadahilanan sa pag-ibig ni Allāh sa lingkod Niya, pagkalapit Niya rito, at pagkalugod Niya rito. Ang sinumang nag-iwan nito dala ng pagmamalaki laban sa pagkamananamba kay Allāh, magagalit si Allāh sa kanya, susumpa sa kanya, at lumalabas sa Relihiyong Islām.

Ang kinakailangan sa mga ito ay limang pagdarasal sa isang araw, na naglalaman ng pagtindig, pagbigkas [sa wikang Arabe] ng Kabanatang Al-Fātiḥah:

(بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ * الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ * الرَّحْمَنُ الرَّحِيمِ * مَالِكِ يَوْمِ الدِّينِ * إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ * اهْدِنَا الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ * صِرَاطَ الَّذِينَ أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمْ غَيْرِ الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ وَلَا الضَّالِّينَ.) {الفاتحة 1-7}

{1. Bismi -llāhi -rraḥmāni -rraḥīm (Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.) 2. Alḥamdu lillāhi rabbi -l'ālāmin (Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang,) 3. Arraḥmāni -rraḥīm (ang Napakamaawain, ang Maawain,) 4. Māliki yawmi -ddīn (ang Tagapagmay-ari ng Araw ng Pagtutumbas.) 5. Iyyāka na`budu wa iyyāka nasta`īn (Sa Iyo [lamang] kami sumasamba at sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong.) 6. Ihdina -ṣṣirāṭa -lmustaqīm (Patnubayan Mo kami sa landasing tuwid:) 7. Ṣirāṭa -lladhīna an`amta `alayhim ghayri -lmaghḍūbi `alayhim wa la -ḍḍāllīn

(ang landasin ng mga biniyayaan Mo, hindi ng mga kinagalitan, at hindi ng mga naliligaw.}) (Qur'ān 1:1-7)

At pagbigkas ng anumang naging madali mula sa mga talata ng Qur'ān. Ito ay naglalaman ng pagyukod, pagpapatirapa, panalangin kay Allāh, pagdakila [kay Allāh] sa pamamagitan ng pagsabi ng Allāhu akbar (si Allāh ay pinakadakila), at pagluluwalhati sa Kanya sa pagkakayukod sa pamamagitan ng pagsabi ng subhāna rabbiya -l-`ađīm (kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Sukdulan) at sa pagkakapatirapa sa pamamagitan ng pagsabi ng subhāna rabbiya -l-a`lā (kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Pinakamataas).

Bago ng pagsasagawa ng dasal, walang pag-iwas para sa magdarasal na siya ay nakapagdalisay mula sa mga karumihan (mula sa ihi at dumi) sa katawan niya, kasuutan niya, at lugar ng pagdarasal niya, habang nakapagsagawa ng wuđū' sa pamamagitan ng tubig, sa pamamagitan ng paghuhugas sa mukha niya at mga kamay niya, pagpapahid sa ulo niya, pagkatapos paghuhugas ng mga paa niya.

Kapag siya ay naging junub (nangangailangang maligo dahil nakipagtalik sa asawa), kailangan sa kanya ang maligo sa pamamagitan ng paghuhugas sa buong katawan niya.

C. Ang Ikatlong Haligi: Ang Zakāh

Ito ay isang naitakdang proporsiyon mula sa puhunan na isinatungkulin ni Allāh sa mga mayaman, na ibinibigay sa mga maralita at mga dukhang naging karapat-dapat kabilang sa mga indibiduwal ng lipunan para maibsan ang kasalatan at ang pangangailangan sa kanila. Ang halaga nito sa salapi ay 2.5% mula sa puhunan. Ipinamamahagi ito sa sinumang nagiging karapat-dapat dito.

Ang haliging ito ay isang kadahilanan sa paglaganap ng pagdadamayang panlipunan sa pagitan ng mga individuwal ng lipunan kalakip ng

pagkadagdag ng pag-ibig, pagkakapalagayan, pagtutulungan sa pagitan nila, at paglaho ng mga hinanakit at mga sama ng loob ng mga uring maralita sa mga lipunan ng mga mayaman at mga nakaririwasa; at isang pangunahing kadahilanan ng paglago ng ekonomiya, pamumukadkad nito, pagkilos ng salapi sa isang tumpak na paraan, at sa pagkaabot nito sa lahat ng mga uri ng lipunan. Ang zakāh na ito ay kinakailangan sa mga yaman sa sarisaring uri ng mga ito gaya ng mga salapi, mga hayupan, mga bunga, mga butil, mga paninda ng kalakal, at iba pa roon sa magkakaiba-ibang proporsiyon mula sa puhunan ng bawat isa sa mga uri.

D. Ang Ikaapat na Haligi: Ang Pag-aayuno sa Ramaḍān

Ang pag-aayuno ay ang pagtigil sa pagkain, pag-inom, at pakikipagtalik sa asawa nang may layunin ng pagpapakamananamba kay Allāh mula sa pagsapit ng madaling-araw hanggang sa paglubog ng araw.

Ang buwan ng Ramaḍān na isinatungkulin ang pag-aayuno rito ay ang ikasiyam na buwan sa mga lunar na buwan. Ito ay ang buwan na pinagsimulan ng pagbaba ng Qur'ān sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(شَهْرُ رَمَضَانَ الَّذِي أُنزِلَ فِيهِ الْقُرْآنُ هُدًى لِّلنَّاسِ وَبَيِّنَاتٍ مِّنَ الْهُدَىٰ وَالْفُرْقَانِ فَمَنْ شَهِدَ مِنْكُمُ الشَّهْرَ فَلْيَصُمْهُ) [البقرة: 185]

{Ang buwan ng Ramaḍān ay ang [buwang] pinababa rito ang Qur'ān bilang patnubay para sa mga tao at bilang mga malinaw na patunay mula sa patnubay at saligan. Kaya ang sinumang nakasaksi kabilang sa inyo sa buwan [ng Ramaḍān] ay mag-aayuno siya nito...} (Qur'ān 2:185)

Kabilang sa mga dakilang katuturan ng pag-aayuno ay ang pagkahirati sa pagtitiis at ang pagpapalakas sa pagsasa-ugali ng pangigingilag sa

pagkakasala at pananampalataya sa puso. Iyon ay dahil ang pag-aayuno ay isang lihim sa pagitan ng tao at ni Allāh sapagkat ang tao ay nakakakaya, kapag namumukod-tangi sa isang lugar, na kumain at uminom at walang nakaaalam na isa man sa pagtigil-ayuno niya. Kaya kapag iniwan niya [ang mga nabanggit na] iyon bilang pagpapakamananamba kay Allāh at bilang pagtalima sa mga utos Niya lamang nang walang katambal sa Kanya, habang siya ay nakaaalam na walang nakababatid doon sa pagsamba niyang ito kundi si Allāh, iyon ay magiging isang kadahilanan sa pagkadagdag ng pananampalataya at pangigingilag sa pagkakasala sa ganang kanya. Dahil doon, ang pabuya sa mga nag-aayuno ay mabigat sa ganang kay Allāh; bagkus may ukol sa kanila na isang natatanging pintuan sa Paraiso, na ang pangalan ay ang Pinto ng Ar-Rayyān. Maaari para sa Muslim ang mag-ayuno bilang kusang-loob sa hindi buwan ng Ramaḍān o sa nalalabi sa mga araw ng taon maliban sa dalawang araw ng `īdulfiṭr at `īdul'adhā.

E. Ang Ikalimang Haligi: Ang Ḥajj sa Bahay na Pinakababanal

Isinasatungkulin sa Muslim ang pagsasagawa nito nang iisang beses sa tanang buhay; ngunit kung nagdagdag siya roon, iyon ay magiging isang pagkukusang-loob. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(وَلِلَّهِ عَلَى النَّاسِ حِجُّ الْبَيْتِ مَنِ اسْتَطَاعَ إِلَيْهِ سَبِيلًا) [آل عمران: 97].

{Sa kay Allāh tungkulin ng mga tao ang pagsagawa ng ḥajj sa Bahay: ng sinumang nakayang [magkaroon] patungo roon ng isang landas.} (Qur'ān 3:97)

Maglalakbay ang Muslim sa mga lugar ng gawain ng ḥajj sa Makkah Mukarramah sa buwan ng ḥajj, ang pinakahuli sa mga buwang lunar na panghijrah. Bago ng pagpasok sa Makkah, mag-aalis ang Muslim ng mga kasuutan niya at magsusuot ng kasuutan ng ihrām. Ito ay binubuo ng dalawang telang puti.

Pagkatapos magsasagawa siya ng iba't ibang gawain ng ḥajj gaya ng pag-ikot (ṭawāf) sa Pinarangalang Ka`bah, paglalakad (sa`y) sa pagitan ng Şafā at Marwā, pagtigil (wuqūf) sa `Arafah, pagpapagabi (mabīt) sa Muzdalifah, at iba pa roon.

Ang ḥajj ay pinakamalaking pagtitipon ng mga Muslim sa balat ng lupa, na naghahari sa gitna nila ang pagkakapatiran, ang pag-aawaan, at ang pagpapayuhan. Ang kasuutan nila ay iisa at ang mga ritwal nila ay iisa. Walang kalamangan para sa isa sa kanila higit sa iba pa maliban sa pangingilag sa pagkakasala. Ang pabuya [mula kay Allāh] ng ḥajj ay sukdulan. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagsagawa ng ḥajj at hindi nagmalaswa at hindi nagpakasuwail ay lalabas mula sa mga pagkakasala niya gaya ng araw na ipinanganak siya ng ina niya."⁴

⁴ Ang ḥadīth ay itinala ni Imām Al-Bukhārīy (2/164), Aklat: Ang Ḥajj, Kabanata: Ang Kainaman ng Tanggap na Ḥajj.

5. Ang mga Haligi ng Pananampalataya

Kapag nalaman na ang mga Haligi ng Islām ay ang mga panlabas na gawain nito na isinasabuhay ng Muslim at nagpapahiwatig ang pagsasagawa niya ng mga ito sa pagkakayakap niya sa Relihiyong Islām, mayroong mga batayan sa loob ng puso na kinakailangan sa Muslim ang pagsampalataya sa mga ito upang tumumpak ang pagkakaanib niya sa Islām, na tinatawag na mga Haligi ng Pananampalataya. Sa tuwing nadaragdagan ang halaga ng mga ito sa puso niya at nalulubos, lalong nadaragdagan ang pag-akyat niya sa mga antas ng pananampalataya at nagiging karapat-dapat siya sa pagkabilang sa mga mananampalatayang lingkod ni Allāh. Ito ay isang antas na higit na mataas kaysa sa antas ng [pagiging] mga Muslim sapagkat ang lahat ng mananampalataya ay Muslim ngunit hindi lahat ng Muslim ay umabot sa antas ng [pagiging] mga mananampalataya.

Kabilang sa natitiyak na taglay ng Muslim ang ugat ng pananampalataya subalit maaaring hindi niya taglay ang kalubusan nito.

Ang mga Haligi ng Pananampalataya ay Anim:

Ang mga ito ay na sumampalataya ka kay Allāh,

Sa mga anghel Niya, sa mga aklat Niya, sa mga Sugo Niya, sa Huling Araw, at sa pagtatakda: sa kabutihan nito at kasamaan nito.

Ang Unang Haligi ay na sumampalataya ka kay Allāh

Para mapuno ang puso ng pag-ibig kay Allāh, pagpipitagan sa Kanya, pagkaaba sa Kanya, pagkagupo sa harap Niya, pagtalima sa mga utos Niya lamang nang walang katambal sa Kanya; at para mapuno rin ang puso ng pangamba kay Allāh at pag-aasam sa nasa taglay Niya para maging kabilang sa mga lingkod ni Allāh, na mga tagapangilag magkasala, na mga tagatahak sa lanasin Niyang tuwid.

Ang Ikalawang Haligi ay ang pananampalataya sa mga Anghel;

Na sila ay mga lingkod ni Allāh, na nilikha mula sa isang liwanag, na walang nakatataya sa dami ng bilang nila sa mga langit at lupa kundi si Allāh, na isinakalikasan sa pagsamba, pagsambit ng pag-aalaala [kay Allāh], at pagluluwalhati [sa Kanya sapagkat] "nagluluwalhati sila sa gabi at maghapon nang hindi nananamlay."

{لَا يَعْصُونَ اللَّهَ مَا أَمَرَهُمْ وَيَفْعَلُونَ مَا يُؤْمَرُونَ} (التحریم 6)

{na hindi sumusuway kay Allāh sa anumang ipinag-utos Niya sa kanila at gumagawa sa anumang inuutos sa kanila.} (Qur'ān 66:6)

Bawat isa sa kanila ay may gawain niya na pinagsilbi siya ni Allāh para roon. Kabilang sa kanila ang mga tagapasan ng trono. Kabilang sa kanila ang pinagkatiwalaan sa pagkuha ng mga kaluluwa. Kabilang sa kanila ang nagbababa ng pagkasi mula sa langit. Siya ay si Anghel Gabriel, ang pinakamainam sa kanila. Kabilang sa kanila ang mga tagatanod ng Paraiso at ang mga tagatanod ng Impiyerno. May iba pa roon na mga mabuting-loob na anghel. Umiibig sila sa mga mananampalataya kabilang sa mga tao at nagpaparami sila ng paghingi ng tawad at pagdalangin para sa kanila.

Ang Ikatlong Haligi ay ang pananampalataya sa mga aklat na pinababa mula kay Allāh.

Kaya naman sumasampalataya ang Muslim na si Allāh ay nagpababa ng mga aklat sa sinumang nilolob Niya kabilang sa mga sugo Niya, na naglalaman ng tapat na pabatid at makatarungang utos mula sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya); na Siya ay nagpababa kay Moises ng Torah, kay Jesus ng Ebanghelyo, kay David ng Salmo, at kay Abraham ng mga kalatas. Ang mga kasulatang ito ay hindi na umiiral sa ngayon kung paanong nagpapababa ng mga ito si Allāh (napakataas Siya). Sumasampalataya rin ang Muslim na si Allāh ay nagpababa ng Qur'ān sa Pangwakas sa mga Propeta na si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), at na Siya ay nagbaba ng mga talata [nito] na nagkakasunud-sunuran sa buong

itinagal ng 23 taon. Pinag-ingatan ni Allāh ang Qur'ān laban sa pagpapalit at pagpapaiba:

{إِنَّا نَحْنُ نَزَّلْنَا الذِّكْرَ وَإِنَّا لَهُ لَحَافِظُونَ.} {الحجر 9}

{Tunay na Kami ay nagbaba ng Paalaala at tunay na Kami rito ay talagang mag-iingat.} (Qur'ān 15:9)

Ang Ikaapat na Haligi ay ang pananampalataya sa mga sugo.

(Nauna na ang pag-uusap tungkol sa kanila sa isang detalyadong paraan.) Ang lahat ng mga kalipunan sa buong itinagal ng kasaysayan ay pinadalhan na ng mga propeta. Ang relihiyon nila ay iisa at ang Panginoon nila ay iisa. Nag-aanyaya sila sa Sangkatauhan sa paniniwala sa kaisahan ni Allāh at pagsamba sa Kanya at nagbibigay-babala sila sa mga ito laban sa kawalang-pananampalataya, Shirk, at pagsuway.

، {وَإِنْ مِنْ أُمَّةٍ إِلَّا خَلَا فِيهَا نَذِيرٌ.} {فاطر 24}

{Walang anumang kalipunan malibang may nagdaan doon na isang mapagbabala.} (Qur'ān 35:24)

Sila ay mga tao gaya ng nalalabi sa mga tao. Humirang sa kanila si Allāh para magpaabot ng pasugo Niya:

إِنَّا أَوْحَيْنَا إِلَيْكَ كَمَا أَوْحَيْنَا إِلَى نُوحٍ وَالنَّبِيِّينَ مِنْ بَعْدِهِ وَأَوْحَيْنَا إِلَى إِبْرَاهِيمَ وَإِسْمَاعِيلَ وَإِسْحَاقَ وَيَعْقُوبَ وَالْأَسْبَاطِ وَعِيسَى وَأَيُّوبَ وَيُونُسَ وَهَارُونَ وَسُلَيْمَانَ وَأَتَيْنَا دَاوُدَ رُجُورًا (163) وَرُسُلًا قَدْ قَصَصْنَاهُمْ عَلَيْكَ مِنْ قَبْلُ وَرُسُلًا لَمْ نَقْصُصْهُمْ عَلَيْكَ وَكَلَّمَ اللَّهُ مُوسَى تَكْلِيمًا (164) رُسُلًا مُبَشِّرِينَ وَمُنذِرِينَ لِنَلَّا يَكُونَ لِلنَّاسِ عَلَى اللَّهِ حُجَّةً بَعْدَ الرُّسُلِ وَكَانَ اللَّهُ عَزِيزًا حَكِيمًا {النساء 163-165}

{Tunay na Kami ay nagkasi sa iyo kung paanong nagkasi Kami kay Noe at sa mga propeta nang matapos niya; nagkasi kina Abraham, Ismael, Isaac, at Jacob, sa mga lipi, kina Jesus, Job, Jonas, Aaron, at Solomon; at nagbigay kay David ng Salmo. May mga sugong isinalaysay na Namin sa iyo bago pa niyan at may mga sugong hindi Namin isinalaysay sa iyo. At kumausap si Allāh kay Moises sa isang pakikipag-usap. [Nagsugo ng] mga sugo bilang

mga tagapagbalita ng nakagagalak at mga tagapagbabala upang hindi magkaroon ang mga tao laban kay Allāh ng isang katwiran matapos ng mga sugo. Laging si Allāh ay Makapangyarihan, Marunong.} (Qur'ān 5:163-165)

Sumasampalataya ang Muslim sa kanila sa kalahatan, umiibig sa kanila sa kalahatan, nag-aadya sa kanila sa kalahatan, at hindi nagtatangi sa isa man sa kanila sapagkat ang sinumang tumangging sumampalataya sa iisa sa kanila o nang-alipusta rito o nanlait dito o nanakit dito ay tumanggi ngang sumampalataya sa kanila sa kalahatan.

Ang pinakamabuti sa kanila, ang pinakamainam sa kanila, at ang pinakadakila sa kanila sa kalagayan sa ganang kay Allāh ay ang Pangwakas sa mga Propeta na si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Ang Ikalimang Haligi ay ang pananampalataya sa Huling Araw.

Na si Allāh ay bubuhay sa mga tao mula sa mga libingan nila at kakalap sa kanila sa Araw ng Pagbangon sa kalahatan upang makipagtuos sa kanila sa mga gawa nila sa pangmundong buhay:

{يَوْمَ نُبَدِّلُ الْأَرْضَ غَيْرَ الْأَرْضِ وَالسَّمَاوَاتِ وَبَرَزُوا لِلَّهِ الْوَاحِدِ الْقَهَّارِ.} {إبراهيم 48}

{Sa Araw na papalitan ang lupa ng ibang lupa at ang mga langit, at lalantad sila kay Allāh, ang Nag-iisa, ang Palalupig.} (Qur'ān 14:48)

{إِذَا السَّمَاءُ انْفَطَرَتْ * وَإِذَا الْكَوَاكِبُ انْتَبَرَتْ * وَإِذَا الْبِحَارُ فُجِّرَتْ * وَإِذَا الْقُبُورُ بُعْثِرَتْ * عَلِمْتَ نَفْسٌ مَّا قَدَّمَتْ وَأَخَّرَتْ.} {الإنفطار 1-5}

{Kapag ang langit ay nabitak, kapag ang mga tala ay naisabog, kapag ang mga dagat ay isinambulat, at kapag ang mga libingan ay hinalukay; malalaman ng isang kaluluwa ang ipinauna niya at ipinaantala niya.} (Qur'ān 82:1-5)

{أَوَلَمْ يَرَ الْإِنْسَانُ أَنَّا خَلَقْنَاهُ مِنْ نُطْفَةٍ فَإِذَا هُوَ خَصِيمٌ مُبِينٌ * وَضَرَبَ لَنَا مَثَلًا وَنَسِيَ خَلْقَهُ * قَالَ مَنْ يُحْيِي الْعِظَامَ وَهِيَ رَمِيمٌ * قُلْ يُحْيِيهَا الَّذِي أَنشَأَهَا أَوَّلَ مَرَّةٍ * وَهُوَ بِكُلِّ خَلْقٍ عَلِيمٌ * الَّذِي جَعَلَ لَكُم مِّنَ الشَّجَرِ الْأَخْضَرِ نَارًا فَإِذَا أَنْتُمْ مِنْهُ تُوقَدُونَ * أَوَلَيْسَ الَّذِي خَلَقَ السَّمَاوَاتِ

وَالْأَرْضَ بِقَادِرٍ عَلَىٰ أَنْ يَخْلُقَ مِنْهُمْ ۖ بَلَىٰ ۚ وَهُوَ الْخَلَّاقُ الْعَلِيمُ * إِنَّمَا أَمْرُهُ إِذَا أَرَادَ شَيْئًا أَنْ يَقُولَ لَهُ كُنْ فَيَكُونُ * فَسُبْحَانَ الَّذِي بِيَدِهِ مَلَكُوتُ كُلِّ شَيْءٍ وَإِلَيْهِ تُرْجَعُونَ.} (يس ۷۷-۸۳)

{Hindi ba nakaalam ang tao na Kami ay lumikha sa kanya mula sa isang patak saka biglang siya ay isang kaalitang malinaw. Naglahad siya para sa Amin ng isang paghahalintulad at nakalimot siya sa pagkalikha sa kanya. Nagsabi siya: "Sino ang magbibigay-buhay sa mga buto samantalang ang mga ito ay bulok na?" Sabihin mo: "Magbibigay-buhay sa mga ito ang nagpaluwal sa mga ito sa unang pagkakataon; at Siya sa bawat nilikha ay Maalam." [Siya] ang gumawa para sa inyo mula sa mga punong-kahoy na luntian ng isang apoy, saka biglang kayo mula sa mga ito ay nagpapaningas. Hindi ba ang lumikha ng mga langit at lupa ay nakakakayang lumikha ng tulad nila? Oo, at Siya ay ang Palalikha, ang Maalam. Tanging ang utos Niya, kapag nagnais Siya ng isang bagay, ay na magsabi rito: "Mangyari," saka mangyayari ito. Kaya kaluwalhatian sa Kanya na nasa kamay Niya ang pagkahari sa bawat bagay, at tungo sa Kanya pabalikang kayo.} (Qur'ān 36:77-83)

(وَنَضَعُ الْمَوَازِينَ الْقِسْطَ لِيَوْمِ الْقِيَامَةِ فَلَا تُظْلَمُ نَفْسٌ شَيْئًا ۖ وَإِنْ كَانَ مِثْقَالَ حَبَّةٍ مِنْ خَرْدَلٍ أَتَيْنَا بِهَا ۗ وَكَفَىٰ بِنَا حَاسِبِينَ.} (الأنبياء 47)

{Maglalagay Kami ng mga timbangang pangmakatarungan para sa Araw ng Pagbangon, kaya hindi lalabagin sa katarungan ang isang kaluluwa sa anuman. Kung ito man ay kasimbibat ng buto ng mustasa ay magtatanghal Kami nito. Nakasapat na Kami bilang Tagapagtuos.} (Qur'ān 21:47)

(فَمَنْ يَعْمَلْ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ خَيْرًا يَرَهُ ۖ وَمَنْ يَعْمَلْ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ شَرًّا يَرَهُ.} (الزلزلة 7-8)

{Kaya ang sinumang gumawa ng kasimbibat ng isang katiting na kabutihan ay makikita niya iyon, at ang sinumang gumawa ng kasimbibat ng isang katiting na kasamaan ay makikita niya iyon.} (Qur'ān 99:7-8)

Bubuksan ang mga pintuan ng Impiyerno para sa sinumang nagindapat sa kanya ang galit ni Allāh, ang pagkamuhi Niya, at ang masakit sa parusa Niya; at bubuksan ang mga pintuan ng Paraiso para sa mga mananampalataya na gumagawa ng mga maayos:

(وَتَتَلَقَاَهُمُ الْمَلَائِكَةُ هَذَا يَوْمُكُمْ الَّذِي كُنْتُمْ تُوعَدُونَ.) {الأنبياء 103}

{at tatanggap sa kanila ang mga anghel, [na nagsasabi]: "Ito ay ang Araw ninyo na kayo noon ay pinangangakuan,} (Qur'ān 21:103)

وَسِيقَ الَّذِينَ كَفَرُوا إِلَىٰ جَهَنَّمَ زُمَرًا حَتَّىٰ إِذَا جَاءَهَا فَتَحَتْ أَبْوَابُهَا وَقَالَ لَهُمْ خَزَنَتُهَا أَلَمْ يَأْتِكُمْ رُسُلٌ مِّنْكُمْ يَتْلُونَ عَلَيْكُمْ آيَاتِ رَبِّكُمْ وَيُنذِرُونَكُمْ لِقَاءَ يَوْمِكُمْ هَذَا قَالُوا بَلَىٰ وَلَٰكِن حَقَّتْ كَلِمَةُ الْعَذَابِ عَلَى الْكَافِرِينَ (71) قِيلَ ادْخُلُوا أَبْوَابَ جَهَنَّمَ خَالِدِينَ فِيهَا فَبِئْسَ مَثْوَى الْمُتَكَبِّرِينَ (72) وَسِيقَ الَّذِينَ اتَّقَوْا رَبَّهُمْ إِلَى الْجَنَّةِ زُمَرًا حَتَّىٰ إِذَا جَاءَهَا وَفُتِحَتْ أَبْوَابُهَا وَقَالَ لَهُمْ خَزَنَتُهَا سَلَامٌ عَلَيْكُمْ طِبْتُمْ فَادْخُلُوهَا خَالِدِينَ (73) وَقَالُوا الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي صَدَقَنَا وَعْدَهُ وَأَوْرَثَنَا الْأَرْضَ نَبِّؤًا مِّنَ الْجَنَّةِ حَيْثُ نَشَاءُ فَنِعْمَ أَجْرُ الْعَامِلِينَ (74) وَتَرَى الْمَلَائِكَةَ حَافِينَ مِنْ حَوْلِ الْعَرْشِ يُسَبِّحُونَ بِحَمْدِ رَبِّهِمْ وَقُضِيَ بَيْنَهُم بِالْحَقِّ وَقِيلَ الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ

{الزمر 71-75}

{Aakayin ang mga tumangging sumampalataya patungo sa Impiyerno nang pangkat-pangkat; hanggang sa nang dumating sila roon ay bubuksan ang mga pintuan niyon at magsasabi sa kanila ang mga tagatanod niyon: "Wala bang pumunta sa inyo na mga sugong kabilang sa inyo, na bumibigkas sa inyo ng mga tanda ng Panginoon ninyo at nagbababala sa inyo sa pakikipagkita sa Araw ninyong ito?" Magsasabi sila: "Oo; ngunit nagindapat ang hatol ng pagdurusa sa mga tagatangging sumampalataya." Sasabihin: "Pumasok kayo sa mga pintuan ng Impiyerno bilang mga mananatili roon. Kaya kay saklap ang tuluyan ng mga nagpapakamalaki!" Aakayin ang mga nangilag magkasala sa Panginoon nila patungo sa Paraiso nang pangkat-pangkat; hanggang sa nang dumating sila roon ay nabuksan na ang mga pintuan niyon at magsasabi sa kanila ang mga tagatanod niyon: "Kapayapaan ay sumainyo! Nagpakaaya-aya kayo kaya pumasok kayo rito bilang mga mananatili." Magsasabi sila: "Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagtotoo sa amin ng pangako Niya at nagpamana sa amin ng lupa. Manunuluyan kami sa Paraiso saanman namin loloobin. Kaya kay inam ang pabuya sa mga tagagawa!"} (Qur'ān 39:71-74)

Ang paraisong ito na sa loob nito ay may kaginhawahan na walang matang nakakita, walang taingang nakarinig, at hindi sumagi sa isip ng tao.

فَلَا تَعْلَمُ نَفْسٌ مَّا أُخْفِيَ لَهُمْ مِنْ قُرَّةِ أَعْيُنٍ جَزَاءً بِمَا كَانُوا يَعْمَلُونَ (17) أَفَمَنْ كَانَ مُؤْمِنًا كَمَنْ كَانَ فَاسِقًا لَا يَسْتَوُونَ (18) أَمَّا الَّذِينَ آمَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ فَلَهُمْ جَنَّاتُ الْمَأْوَى نُزُلًا بِمَا

كَانُوا يَعْمَلُونَ (19) وَأَمَّا الَّذِينَ فَسَقُوا فَمَأْوَاهُمُ النَّارُ كُلَّمَا أَرَادُوا أَنْ يَخْرُجُوا مِنْهَا أُعِيدُوا فِيهَا وَقِيلَ لَهُمْ دُوفُوا عَذَابَ النَّارِ الَّذِي كُنْتُمْ بِهِ تُكَذِّبُونَ {السجدة 17-20}

{Kaya hindi nalalaman ng isang kaluluwa ang ikinubli para sa kanila na kasiyahan ng mga mata bilang ganti sa anumang dati nilang ginagawa. Kaya ba ang sinumang naging isang mananampalataya ay gaya ng sinumang naging isang suwail? Hindi sila nagkakapantay. Hinggil naman sa mga sumampalataya at gumawa ng mga maayos, ukol sa kanila ay mga hardin ng kanlungan bilang tuluyan dahil sa dati nilang ginagawa. Hinggil naman sa mga nagpakasuwail, ang kanlungan nila ay ang Apoy. Sa tuwing nagnais sila na lumabas mula roon, pinanunumbalik sila roon at sinasabi sa kanila: "Lasapin ninyo ang pagdurusa sa Apoy, na dati kayo ay nagpapasinungaling dito."} (Qur'an 32:17-20)

مَثَلُ الْجَنَّةِ الَّتِي وَعِدَ الْمُتَّقُونَ فِيهَا أَنْهَارٌ مِنْ مَاءٍ غَيْرِ آسِنٍ وَأَنْهَارٌ مِنْ لَبَنٍ لَمْ يَتَغَيَّرَ طَعْمُهُ وَأَنْهَارٌ مِنْ حَمْرٍ لَذَّةٍ لِلنَّارِ بَيْنَ وَأَنْهَارٌ مِنْ عَسَلٍ مُصَفًّى وَلَهُمْ فِيهَا مِنْ كُلِّ الثَّمَرَاتِ وَمَعْوَرَةٌ مِنْ رَبِّهِمْ كَمَنْ هُوَ خَالِدٌ فِي النَّارِ وَسُقُوا مَاءً حَمِيمًا فَقَطَّعَ أَمْعَاءَهُمْ {محمد 15}

{Ang paglalarawan sa Paraiso – na pinangakuan ang mga tagapangilag magkasala roon ng mga ilog mula sa tubig na hindi nagbabago, ng mga ilog mula sa gatas na hindi nagbago ang lasa nito, ng mga ilog mula sa alak na kasarapan para sa mga tagainom, at ng mga ilog mula sa pulut-pukyutan na dinalisay, at may ukol sa kanila roon na lahat ng mga bunga at isang kapatawaran mula sa Panginoon nila – ay gaya ba ng mga mamamalagi sa Apoy at paiinum ng isang nakapapasong tubig kaya magpuputul-putol ito sa mga bituka nila?} (Qur'an 47:15)

إِنَّ الْمُتَّقِينَ فِي جَنَّاتٍ وَنَعِيمٍ (17) فَالْكاهِينَ بِمَا آتَاهُمْ رَبُّهُمْ وَرَوَّاهُمْ رَبُّهُمْ عَذَابَ الْجَحِيمِ (18) كَلُوا وَاشْرَبُوا هَنِيئًا بِمَا كُنْتُمْ تَعْمَلُونَ (19) مُنْكِبِينَ عَلَى سُرُرٍ مَصْفُوفَةٍ وَرَوَّجْنَاهُمْ بِحُورٍ عِينٍ {الطور 17-20}

{Tunay na ang mga tagapangilag magkasala ay nasa mga hardin at kaghinhawahan, na mga nagpapasarap sa ibinigay sa kanila ng Panginoon nila at nagsanggalang sa kanila ang Panginoon nila sa pagdurusa sa Impiyerno. Kumain kayo at uminom kayo nang kaiga-igaya dahil sa dati ninyong ginagawa, habang mga nakasandal sa mga kama na inihanay. Magkakasal Kami sa kanila sa mga dilag na may manining na mata.} (Qur'an 52:17-20)

Gumawa nawa sa atin si Allāh nang sama-sama kabilang sa mga maninirahan sa Paraiso.

Ang Ikaanim na Haligi: Ang Pananampalataya sa Pagtatakda: sa Kabutihan Nito at Kasamaan Nito

Na ang bawat pagkilos sa kairalan ay pagtatakdang naitala ni Allāh (kapita-pitagan ang pumapatungkol sa Kanya).

(مَا أَصَابَ مِنْ مُصِيبَةٍ فِي الْأَرْضِ وَلَا فِي أَنْفُسِكُمْ إِلَّا فِي كِتَابٍ مِّن قَبْلِ أَنْ نَبْرَأَهَا إِنَّ ذَلِكَ عَلَى اللَّهِ يَسِيرٌ.) {الحديد 22}

{Walang tumamang anumang kasawian sa lupa ni sa mga sarili ninyo malibang nasa isang talaan bago pa Kami lumalang niyon. Tunay na iyon kay Allāh ay madali.} (Qur'ān 57:22)

(إِنَّا كُلَّ شَيْءٍ خَلَقْنَاهُ بِقَدَرٍ.) {القمر 49}

{Tunay na Kami sa bawat bagay ay lumikha ayon sa isang takda.} (Qur'ān 54:49)

(أَلَمْ تَعْلَمْ أَنَّ اللَّهَ يَعْلَمُ مَا فِي السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ إِنَّ ذَلِكَ فِي كِتَابٍ إِنَّ ذَلِكَ عَلَى اللَّهِ يَسِيرٌ.) {الحج 70}

{Hindi ka ba nakaalam na si Allāh ay nakaalam sa anumang nasa langit at lupa. Tunay na iyon ay nasa isang aklat. Tunay na iyon kay Allāh ay madali.} (Qur'ān 22:70)

Ang anim na haliging ito, ang sinumang nakabuo ng mga ito at sumampalataya sa mga ito nang totoong pagsampalataya, siya ay kabilang sa mga mananampalatayang lingkod ni Allāh. Ang pangkalahatan sa mga nilikha ay mga nagkakaibahan sa mga antas ng pananampalataya: nakalalamang ang iba sa kanila sa iba. Ang pinakamataas sa mga antas ng pananampalataya ay ang antas ng pagpapakahusay (iḥsān). Ito ay ang pagkaabot sa katayuan: "na sumamba ka kay Allāh na para bang nakakikita ka sa Kanya sapagkat kung hindi ka man nakakita sa Kanya, tunay na Siya

ay nakakikita sa iyo."⁵Ang mga ito ay ang mga hinirang sa mga nilikha sa pinakamataas sa mga antas sa Paraiso sa mga tahanan sa Firdaws.

⁵ Nagtala nito si Imām Al-Bukhārī 4777.

6. Ang mga Katuruan ng Islām at ang mga Kaasalan Dito

A. Ang mga Ipinag-uutos

Heto ang ilan sa mga etika ng Islām at mga etiketa dito, na nagsisigasi ito sa pagsasaasal ng mga ito ang lipunang Muslim. Magtatala tayo ng mga ito sa isang binuod na pinaikling paraan. Magsisigasi tayo sa mga ito sa paghinuha sa mga kaasalang ito at mga etiketa na iyon mula sa mga pangulong pinagkukunan ng Islām: ang Aklat ni Allāh (ang Marangal na Qur'ān) at ang mga ḥadīth na Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Una: Ang Katapatan sa Pagsasalita

Nag-oobliga ang Islām sa mga tagasunod nito, na mga nakaugnay rito, ng katapatan sa pagsasalita. Gumawa ito niyon bilang tatak na nakadikit sa kanila, na hindi pinapayagan sa kanila sa isa man sa mga kalagayan na mag-iwan ng mga ito. Nagbibigay-babala ito sa kanila ng pinakamatinding pagbibigay-babala laban sa pagsisinungaling at nagpapalayo ito sa kanila roon sa pamamagitan ng pinakamariing pagpapahayag at pinakamaliwanag na paglalarawan. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

[يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ وَكُونُوا مَعَ الصَّادِقِينَ] [التوبة: 119]

{O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allāh at maging kasama kayo sa mga tapat.} (Qur'ān 9:119)

Nagsabi naman ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Manatili kayo sa katapatan sapagkat tunay na ang katapatan ay pumapatnubay tungo sa pagsasamabuting-loob at tunay na ang pagsasamabuting-loob ay pumapatnubay tungo sa Paraiso. Hindi natitigil ang tao na nagpapakatapat at naghahangad ng katapatan hanggang sa

itala siya sa ganang kay Allāh bilang napakatapat. Kaingat kayo sa pagsisinungaling sapagkat tunay na ang pagsisinungaling ay pumapatnubay tungo sa kasamaang-loob at tunay na ang kasamaang-loob ay pumapatnubay tungo sa Impiyerno. Hindi natitigil ang tao na nagsisinungaling at naghahangad ng kasinungalingan hanggang sa itala siya sa ganang kay Allāh bilang palasinungaling."⁶

Ang pagsisinungaling ay hindi kabilang sa mga katangian ng mananampalataya; bagkus ito ay kabilang sa mga katangian ng mapagpaimbabaw.⁷Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang tanda ng mapagpaimbabaw ay tatlo: kapag nagsalita siya, nagsisinungaling siya; kapag nangako siya, sumisira siya; at kapag pinagkatiwalaan siya, nagtataksil siya."⁸

Dahil dito, natatatakan ang mararangal na Kasamahan ng katangian ng katapatan hanggang sa nagsabi ang isa sa kanila: "Hindi kami nakaaalam noon ng pagsisinungaling sa panahon ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)."

Ikalawa: Ang Pagganap sa mga Ipinagkatiwala, ang Pagtupad sa mga Kasunduan at mga Tipan, at ang Katarungan sa mga Tao

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُكُمْ أَنْ تُؤَدُّوا الْأَمَانَاتِ إِلَىٰ أَهْلِهَا وَإِذَا حَكَمْتُمْ بَيْنَ النَّاسِ أَنْ تَحْكُمُوا
بِالْعَدْلِ) [النساء: 58]

⁶ Nagtala nito sina Imām Al-Bukhārīy (6094) at Imām Muslim (2607).

⁷ Ang mapagpapaimbabaw ay nagpapakita na siya ay Muslim subalit siya, sa reyalidad ng nauukol sa kanya at paniniwala niyang pampuso, ay hindi mananampalataya sa Relihiyong Islām.

⁸ Ang ḥadīth ay itinala ni Imām Al-Bukhārīy, Aklat: Ang Pananampalataya, Kabanata: Ang Palatandaan ng Mapagpaimbabaw (1/15).

{Tunay na si Allāh ay nag-uutos sa inyo na gampanan ninyo ang mga ipinagkatiwala sa mga kinauukulan ng mga ito. Kapag humatol kayo sa pagitan ng mga tao na humatol kayo ayon sa katarungan.} (Qur'ān 4:58)

Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

(وَأَوْفُوا بِالْعَهْدِ إِنَّ الْعَهْدَ كَانَ مَسْئُولًا*وَأَوْفُوا الْكَيْلَ إِذَا كِلْتُمْ وَزَنُوا بِالْقِسْطِ أَسْمُنْتَقِيمَ ذَلِكَ خَيْرٌ وَأَحْسَنُ تَأْوِيلًا) [الإسراء: 34، 35] .

{Magpatupad kayo sa kasunduan; tunay na ang kasunduan ay laging pinananagutan. Magpalubus-lubos kayo ng pagtatakal kapag nagtatakal kayo at tumimbang kayo sa pamamagitan ng timbangang tuwid. Lyon ay higit na mabuti at higit na maganda sa pagpapawakas.} (Qur'ān 417:34-35)

Nagbunyi si Allāh sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng sabi Niya:

(الَّذِينَ يُوفُونَ بِعَهْدِ اللَّهِ وَلَا يَنْفُضُونَ الْمِيثَاقَ) [الرعد: 20]

{na mga nagpapatupad sa kasunduan kay Allāh at hindi kumakalas sa tipan,} (Qur'ān 13:20)

Ikatlo: Ang Pagpapakumbaba at ang Kawalan ng Pagkamapagmalaki

Ang Propeta nga (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay kabilang sa pinakamarami sa mga tao sa pagpapakumbaba. Umuupo siya sa gitna ng mga Kasamahan niya gaya ng isa sa kanila. Nasusuklam siya na tumayo para sa kanya ang mga tao kapag dumating siya. Talaga ngang ang may pangangailangan ay kumukuha ng kamay niya saka humihila sa kanya ngunit hindi siya bumabawi nito hanggang sa makatugon siya sa pangangailangan nito. Nag-utos nga siya sa mga Muslim ng pagpapakumbaba sapagkat nagsabi siya: "Tunay na si Allāh ay nagkasi sa

akin na magpakumbaba kayo nang sa gayon hindi magmayabang ang isa sa isa pa at hindi lumabag ang isa sa isa pa."⁹

Ikaapat: Ang Pagkamapagbigay, ang Pagkagalante, at ang Paggugol sa mga Uri ng Kabutihan

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(وَمَا تُنْفِقُوا مِنْ خَيْرٍ فَلَأَنْفُسِكُمْ وَمَا تُنْفِقُونَ إِلَّا ابْتِغَاءَ وَجْهِ اللَّهِ وَمَا تُنْفِقُوا مِنْ خَيْرٍ يُؤَفَّ إِلَيْكُمْ وَأَنْتُمْ لَا تُظْلَمُونَ) [البقرة: 272]،

{Ang anumang ginugugol ninyo na kabutihan ay para sa sarili ninyo, at ang anumang ginugugol ninyo bilang paghahangad sa mukha ni Allāh, at anumang ginugugol ninyo na kabutihan ay lulubus-lubusin tungo sa inyo [ang kabayaran] at kayo ay hindi lalabagin sa katarungan.} (Qur'ān 2:272)

Nagbunyi nga si Allāh sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng sabi Niya:

(وَيُطْعَمُونَ الطَّعَامَ عَلَىٰ حُبِّهِ مِسْكِينًا وَيَتِيمًا وَأَسِيرًا) [الإنسان: 8].

{Nagpapakain sila ng pagkain, sa kabila ng pagkaibig dito, sa dukha, ulila, at bihag.} (Qur'ān 76:8)

Ang pagkamapagbigay at ang pagkagalante ay katangian ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at ng sinumang tumulad sa kanya kabilang sa mga mananampalataya. Walang natitira sa taglay niya na anumang yaman malibang ginugol niya sa mga uri ng kabutihan. Nagsabi si Jābir (malugod si Allāh sa kanya), na isa sa mga Kasamahan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi hiningan ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng anuman kailanman saka nagsabi siya ng hindi." Humimok ang Propeta ng pagpaparangal sa panauhin

⁹ Ang ḥadīth ay itinala ni Imām Muslim (17/200), Aklat: Ang Paraiso, Kabanata: Ang mga Katangian na Nakikilala sa Pamamagitan ng mga Ito ay mga Maninirahan sa Paraiso.

sapagkat nagsabi siya: "Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw ay magparangal siya sa panauhin niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw ay makiugnay siya sa kaanak niya. Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw ay magsabi siya ng mabuti o manahimik siya."¹⁰

Ikalima: Ang Pagtitiis at ang Pagbata ng Pananakit

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(وَاصْبِرْ عَلَىٰ مَا أَصَابَكَ إِنَّ ذَٰلِكَ مِنْ عَزْمِ الْأُمُورِ) [لقمان: 17]،

{at magtiis ka sa anumang tumatama sa iyo; tunay na iyon ay kabilang sa pinagpapasyahan sa mga usapin.} (Qur'ān 31:17)

Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

(يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اسْتَعِينُوا بِالصَّبْرِ وَالصَّلَاةِ إِنَّ اللَّهَ مَعَ الصَّابِرِينَ) [البقرة: 153]

{O mga sumampalataya, magpatulong kayo sa pamamagitan ng pagtitiis at pagdarasal. Tunay na si Allāh ay kasama ng mga nagtitiis.} (Qur'ān 2:153)

Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

(وَلَنَجْزِيَنَّ الَّذِينَ صَبَرُوا أَجْرَهُمْ بِأَحْسَنِ مَا كَانُوا يَعْمَلُونَ) [النحل: 96]

{Talagang gaganti nga Kami sa mga nagtiis ng pabuya sa kanila ayon sa higit na maganda sa anumang dati nilang ginagawa.} (Qur'ān 16:96)

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) noon ay kabilang sa pinakasukdulan sa mga tao sa pagtitiis, sa pagbata ng pananakit, at kawalan ng pakikipagantihan sa masagwang gawa. Nanakit sa kanya ang mga kababayan niya samantalang siya ay nag-aanyaya sa kanila tungo sa Islām. Nambugbog sila sa kanya hanggang sa napaduguan nila siya ngunit pinahiran lamang niya ang dugo paalis sa mukha niya habang nagsasabi:

¹⁰ Nagtala nito sina Imām Al-Bukhārīy (6138) at Imām Muslim (47).

"O Allāh, magpatawad Ka sa mga kababayan ko sapagkat tunay na sila ay hindi nakaaalam."¹¹

Ikaanim: Ang Pagkamayhiya

Ang Muslim ay mabini, mayhiya. Ang pagkamayhiya ay isang sangay mula sa mga sangay ng pananampalataya. Ito ay tagatulak sa Muslim tungo sa bawat kaasalang nakalalamang. Pumipigil ito sa tagapagtaglay nito laban sa kabastusan at kahalayan sa salita at gawa. Nagsabi nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): Ang pagkamayhiya ay walang idinudulot kundi kabutihan.¹²

Ikapito: Ang Pagsasamabuting-loob sa mga Magulang

Ang pagsasamabuting-loob sa mga magulang, ang paggawa ng maganda sa kanila, ang kagandahan ng pakikitungo sa kanila, at ang pagbababang-loob sa kanila ay kabilang sa mga pangunahing tungkulin sa Relihiyong Islām. Nadaragdagan ang tungkuling ito ng pagbibigay-diin kapag sumulong ang mga magulang sa katandaan at nangailangan sila sa anak nila. Nag-utos nga si Allāh (napakataas Siya) ng pagsasamabuting-loob sa kanila sa Aklat Niya at nagbigay-diin Siya sa kasukdulan ng karapatan nila sapagkat nagsabi Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

(وَقَضَىٰ رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوا إِلَّا إِيَّاهُ وَبِالْوَالِدَيْنِ إِحْسَانًا إِمَّا يَبُلُغَنَّ عِنْدَكَ الْكِبَرَ أَحَدُهُمَا أَوْ كِلَاهُمَا فَلَا تَقُلْ لَهُمَا أُفٍّ وَلَا تَنْهَرْهُمَا وَقُلْ لَهُمَا قَوْلًا كَرِيمًا * وَخُفِضَ لَهُمَا جَنَاحَ الذَّلِيلِ مِنَ الرَّحْمَةِ وَقُلْ رَبِّ ارْحَمْهُمَا كَمَا رَبَّيْتَنِي صَغِيرًا) [الإسراء: 23، 24]

{Nagtadhana ang Panginoon mo na huwag kayong sumamba maliban sa Kanya at sa mga magulang ay [mag-ukol ng] paggawa ng maganda. Kung aabutan nga sa piling mo ng katandaan ang isa sa kanilang dalawa o ang

¹¹Ang ḥadīth ay itinala ni Imām Al-Bukhārī, Aklat: Ang mga Tumulikod sa Islām, Kabanata: 5 (9/20).

¹² Ang ḥadīth ay itinala ni Imām Al-Bukhārī, Aklat: Ang Magandang Asal, Kabanata: Ang Pagkamayhiya (8/35).

kapwa sa kanilang dalawa ay huwag kang magsabi sa kanilang dalawa ng nakasusuya at huwag kang bumulyaw sa kanilang dalawa. Magsabi ka sa kanilang dalawa ng salitang marangal. Magbaba ka para sa kanila ng loob sa pagkaaba dahil sa pagkaawa at magsabi ka: "Panginoon ko, maawa Ka sa kanilang dalawa yayamang nag-alaga silang dalawa sa akin noong bata pa [ako]." } (Qur'ān 17:23-24)

Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

(وَوَصَّيْنَا الْإِنْسَانَ بِوَالِدَيْهِ حَمَلَتْهُ أُمُّهُ وَهْنًا عَلَىٰ وَهْنٍ وَفِصَالُهُ فِي عَامَيْنِ أَنِ اشْكُرْ لِي
وَلِوَالِدَيْكَ إِلَيَّ الْمَصِيرُ) [لقمان: 14]

{Nagtagubilin Kami sa tao hinggil sa mga magulang niya – nagdalang-tao sa kanya ang ina niya sa isang panlalata sa ibabaw ng isang panlalata at ang pag-awat sa kanya ay sa dalawang taon – na [nagsasabi]: “Magpasalamat ka sa Akin at sa mga magulang mo. Tungo sa Akin ang kahahantungan.” } (Qur'ān 31:14)

May nagtanong na isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at batiin ng kapayapaan) sapagkat nagsabi ito: "Sino po ang higit na karapat-dapat sa mga tao sa kagandahan ng pakikisama ko?" Nagsabi siya: "Ang ina mo." Nagsabi ito: "Pagkatapos sino po?" Nagsabi siya: "Ang ina mo." Nagsabi ito: "Pagkatapos sino po?" Nagsabi siya: "Ang ina mo." Nagsabi ito: "Pagkatapos sino po?" Nagsabi siya: "Ang ama mo."13

Dahil doon, ang Islām ay nag-oobliga sa Muslim ng pagtalima sa mga magulang sa lahat ng ipinag-uutos nila sa kanya maliban na ito ay maging isang pagsuway kay Allāh sapagkat sa sandaling iyon ay walang pagtalima sa nilikha kapalit ng pagsuway sa Tagalikha. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

¹³ Ang ḥadīth ay itinala ni Imām Al-Bukhārīy, Aklat: Ang Maganang Asal, Kabanata: Ang Pinakakarapat-dapat sa mga Tao sa Kagandahan ng Pakikisama (8/2).

(وَإِنْ جَاهِدَاكَ عَلَىٰ أَنْ تُشْرِكَ بِي مَا لَيْسَ لَكَ بِهِ عِلْمٌ فَلَا تُطِعْهُمَا وَصَاحِبُهُمَا فِي الدُّنْيَا
مَعْرُوفًا) [لقمان: 15]

{Kung nakipagpunyagi silang dalawa sa iyo na magtambal ka sa Akin ng wala kang kaalaman hinggil doon ay huwag kang tumalima sa kanilang dalawa. Makisama ka sa kanilang dalawa sa Mundo ayon sa nakabubuti.} (Qur'ān 31:15)

Isinasatungkulin din sa kanya ang pagpipitagan sa kanila, ang pagbababang-loob sa kanila, ang pagpaparangal sa kanila sa salita at gawa, at ang pagsasamabuting-loob sa kanila sa bawat nakakakaya na mga uri ng pagsasamabuting-loob gaya ng pagpapakain sa kanila, pagpapademit sa kanila, pagpapagamot sa maysakit sa kanila, pagtaboy ng perhuwisyo palayo sa kanila, pagdalangin at paghingi ng tawad para sa kanila, pagpapatupad sa pangako nila, at pagpaparangal sa kaibigan nila.

Ikawalo: Ang Kagandahan ng Kaasalan sa mga Ibang Tao

Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang pinakaganap sa mga mananampalataya sa pananampalataya ay ang pinakamaganda sa kanila sa kaasalan."

Nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na kabilang sa pinaka-iniibig sa inyo sa akin at pinakamalapit sa inyo mula sa akin sa upuan sa Araw ng Pagbangon ay ang mga pinakamaganda sa inyo sa mga kaasalan."¹⁴

Naglarawan si Allāh sa Propeta Niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamamagitan ng sabi Niya:

(وَإِنَّكَ لَعَلَىٰ خُلُقٍ عَظِيمٍ) [القلم: 4]

¹⁴ Ang ḥadīth ay itinala ni Imām Al-Bukhārīy, Aklat: Ang mga Dakilang Katangian, Kabanata: Ang Katangian ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) (4/230), na may pananalita: "Tunay na kabilang sa mga pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamaganda sa iyon sa mga kaasalan."

{Tunay na ikaw ay talagang nasa isang kaasalang sukduhan.} (Qur'ān 68:4)

Nagsabi naman siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ipinadala lamang ako upang lumubos ako ng mararangal sa mga kaasalan."¹⁵

Dahil doon, kinakailangan sa Muslim na maging maganda ang kaasalan sa mga magulang niya, nagsasamabuting-loob sa kanila gaya ng naunang nasabi natin, maganda ang kaasalan sa mga anak niya, tagapagpalaki sa kanila sa isang magandang pagpapalaki, tagapagturo sa kanila ng mga katuruan ng Islām, tagapagpalayo sa kanila sa bawat makapipinsala sa kanila sa Mundo at Kabilang-buhay, tagagugol sa kanila mula sa yaman niya hanggang sa umabot sila sa edad ng pag-asa sa sarili at kakayahan sa pagkita. Gayon din, siya ay maganda ang kaasalan sa asawa niya, mga lalaking kapatid niya, mga babaing kapatid niya, mga kamag-anak niya, mga kapit-bahay niya, at mga tao sa kalahatan. Umiibig siya para sa mga kapatid niya ng iniibig niya para sa sarili niya. Nakikipag-ugnayan siya sa kaanak niya at mga kapit-bahay niya. Gumagalang siya sa nakatatanda sa kanila, naaawa siya sa nakababata sa kanila, at dumadalaw siya at nakikiramay siya sa pinasawi sa kanila bilang paggawa sa sabi Niya (napakataas Siya):

(وَبِالْوَالِدَيْنِ إِحْسَانًا وَبِذِي الْقُرْبَىٰ وَالْأَقْرَبَىٰ وَالْجَارِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَالْجَارِ الْأَجْنَبِ
وَالصَّاحِبِ بِالْجَنبِ وَابْنِ السَّبِيلِ) [النساء:36]

{...Sa mga magulang ay [mag-ukol ng] paggawa ng maganda, at sa may pagkakamag-anak, mga ulila, mga dukha, kapit-bahay na may pagkakamag-anak, kapit-bahay na malayo, kasamahan sa tabi, at sa kinapos sa daan,...} (Qur'ān 4:36)

¹⁵ Ang ḥadīth ay itinala ni Imām Aḥmad sa Al-Musnad (17/80). Nagsabi si Aḥmad Shākir: Ang kawing ng pagpapaabot nito ay tumpak. Nagtala nito sina Imām Al-Bukhārī sa Al-Adab, Imām Al-Bayhaqī sa Shi`b Al-Ṭīman, at Imām Al-Ḥākim sa Al-Mustadrak.

Ang sabi naman ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw ay huwag siyang mamerhuwisyo ng kapit-bahay niya."¹⁶

Ikasiyam: Ang Pakikibaka sa Landas ni Allāh (Napakataas Siya) Para sa Pag-aadya sa Naaapi, Pagsasakatotohanan ng Katotohanan, at Pagpapalaganap ng Katarungan.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(وَقَاتِلُوا فِي سَبِيلِ اللَّهِ الَّذِينَ يُقَاتِلُونَكُمْ وَلَا تَعْتَدُوا إِنَّ اللَّهَ لَا يُحِبُّ الْمُعْتَدِينَ) [البقرة: 190]

{Makipaglaban kayo ayon sa landas ni Allāh sa mga kumakalaban sa inyo ngunit huwag kayong lumabag; tunay na si Allāh ay hindi umiibig sa mga tagalabag.} (Qur'ān 2:190)

Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya):

(وَمَا لَكُمْ لَا تُقَاتِلُونَ فِي سَبِيلِ اللَّهِ وَالْمُسْتَضْعَفِينَ مِنَ الرِّجَالِ وَالنِّسَاءِ وَالْوِلْدَانَ الَّذِينَ يَقُولُونَ رَبَّنَا أَخْرِجْنَا مِنْ هَذِهِ الْقَرْيَةِ الظَّالِمِ أَوْلَاهَا وَاجْعَلْ لَنَا مِنْ لَدُنْكَ نَصِيرًا) [النساء: 75]

{Ano ang [pumipigil] sa inyo? Hindi kayo nakikipaglaban alang-alang sa landas ni Allāh at ng mga minamahina kabilang sa mga lalaki, mga babae, at mga bata, na nagsasabi: "Panginoon namin, magpalisan Ka sa amin mula sa pamayanang ito, na tagalabag sa katarungan ang mga naninirihan dito, magtalaga Ka para sa amin mula sa ganang Iyo ng isang katangkilik, at magtalaga Ka para sa amin mula sa ganang Iyo ng isang mapag-adya."} (Qur'ān 4:75)

Kaya naman ang layon ng pakikibakang pang-Islām ay ang pagsasakatotohanan ng katotohanan; ang pagpapalaganap ng katarungan

¹⁶Ang ḥadīth ay itinala ni Imām Al-Bukhārīy, Aklat: Ang Magandang Asal, Kabanata: Ang Sinumang Sumasampalataya kay Allāh at sa Huling Araw ay Huwag Siyang Mamerhuwisyo ng Kapit-bahay Niya (8/13).

sa pagitan ng mga tao; at ang pakikipaglaban sa mga lumalabag sa katarungan sa mga tao, naniniil sa mga ito, at pumipigil sa mga ito sa pagsamba kay Allāh at pagyakap sa Relihiyong Islām. Ito, katapat niyon, ay tumututol sa ideya ng pagpilit sa mga tao sa pamamagitan ng lakas sa pagpasok sa Relihiyong Islām. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

[لا إِكْرَاهَ فِي الدِّينِ] [البقرة: 256].

{Walang pamimilit sa relihiyon.} (Qur'ān 2:256)

Sa sandali ng mga labanan, hindi pinapayagan para sa Muslim ang pagpatay ng babae ni ng batang paslit ni ng matandang tao; bagkus makikipaglaban siya sa mga nakikidigmang nang-aapi.

Ang sinumang napatay sa landas ni Allāh (napakataas Siya), siya ay isang martir at ukol sa kanya ang mataas na antas, ang pabuya, at ang gantimpala sa ganang kay Allāh (napakataas Siya). Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(وَلَا تَحْسَبَنَّ الَّذِينَ قُتِلُوا فِي سَبِيلِ اللَّهِ أَمْوَاتًا بَلْ أَحْيَاءٌ عِنْدَ رَبِّهِمْ يُرْزَقُونَ *فَرِحِينَ بِمَا آتَاهُمُ اللَّهُ مِنْ فَضْلِهِ وَيَسْتَبْشِرُونَ بِالَّذِينَ لَمْ يَلْحَقُوا بِهِمْ مِنْ خَلْفِهِمْ أَلَّا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ) [آل عمران: 169, 170]

{Huwag ka ngang mag-akalang ang mga pinatay sa landas ni Allāh ay mga patay bagkus mga buhay, na sa piling ng Panginoon nila ay tinutustusan sila, na mga natutuwa sa ibinigay sa kanila ni Allāh mula sa kabutihang-loob Niya, at nagagalak para sa mga hindi pa nakasunod sa kanila kabilang sa naiwan nila, na walang pangamba sa kanila ni sila ay malulungkot.} (Qur'ān 3:169,170)

Ikasampu: Ang Panalangin, ang Pagsambit ng Pag-aalaala [kay Allāh], ang Pagbigkas ng Qur'ān

Sa tuwing nadaragdagan ang pananampalataya ng mananampalataya, nadaragdagan ang pagkakaugnay nito kay Allāh (napakataas Siya), pagdalangin nito sa Kanya, at pagsusumamo nito sa harap Niya dahil sa pagtugon sa mga pangangailangan nito sa Mundo, pagpapatawad sa mga

pagkakasala nito at mga masagwang gawa nito, at pag-angat sa mga antas nito sa Kabilang-buhay. Si Allāh ay Mapagbigay, na Galante, na nakaiibig na humingi sa Kanya ang mga humihingi. Nagsabi Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

[وإِذَا سَأَلَكَ عِبَادِي عَنِّي فَإِنِّي قَرِيبٌ أُجِيبُ دَعْوَةَ الدَّاعِ إِذَا دَعَانِ] [البقرة: 186]

{Kapag nagtanong sa iyo ang mga lingkod Ko tungkol sa Akin, tunay na Ako ay malapit: sumasagot Ako sa panalangin ng dumadalangin kapag dumalangin siya sa Akin...} (Qur'ān 2:186)

Kaya naman si Allāh ay sumasagot sa panalangin kapag ito ay naging mabuti para sa tao at gumagantimpala sa tao dahil sa panalanging ito. Gayon din, kabilang sa mga katangian ng mga mananampalataya ang kadalasan ng pagsambit ng pag-aalaala kay Allāh (napakataas Siya) sa gabi at sa maghapon nang palihim at nang hayagan. Kaya naman nagdadakila siya kay Allāh (napakataas Siya) sa pamamagitan ng mga uri ng pagdakila at pagsambit ng pag-aalaala [kay Allāh] tulad ng pagsabi ng subhāna -llāh (kaluwalhatian kay Allāh), alḥamdu lillāh (ang papuri ay ukol kay Allāh), lā ilāha illa -llāh (walang Diyos kundi si Allāh), Allāhu akbar (si Allāh ay pinakadakila), at iba pa roon kabilang sa mga anyo ng pag-aalaala kay Allāh (napakataas Siya). Iniresulta nga dahil doon ang dakilang pabuya at ang masaganang gantimpala mula kay Allāh (napakataas Siya). Nagsabi ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {"Nauna ang mga mufarrid." Nagsabi sila: "At ano naman po ang mga mufarrid, o Sugo ni Allāh?" Nagsabi siya: "Ang mga lalaking tagapag-alaala kay Allāh nang madalas at ang mga babaing tagapag-alaala."}¹⁷

Nagsabi naman Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

[يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اذْكُرُوا اللَّهَ ذِكْرًا كَثِيرًا * وَسَبِّحُوهُ بُكْرَةً وَأَصِيلًا] [الأحزاب: 41، 42]

¹⁷ Ang ḥadīth ay itinala ni Imām Muslim, Aklat: Ang Pagsambit ng Pag-aalaala at ang Panalangin, Kabanata: Ang Paghimok sa Pagsambit ng Pag-aalaala (4/17).

{O mga sumampalataya, alalahanin ninyo si Allāh nang pag-aalaalang madalas. Magluwalhati Kayo sa Kanya sa umaga at gabi.} (Qur'ān 33:41-42)

Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

[فَاذْكُرُونِي أَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوا لِي وَلَا تَكْفُرُونِ] [البقرة:152]

{Kaya alalahanin ninyo Ako, aalalahanin Ko kayo; at magpasalamat kayo sa Akin at huwag kayong tumangging sumampalataya sa Akin.} (Qur'ān 2:152)

Bahagi ng pagsambit ng pag-aalaala [kay Allāh] ang pagbigkas ng Aklat ni Allāh, ang Marangal na Qur'ān. Kaya sa tuwing nagpapadalas ang tao ng pagbigkas ng Qur'ān at pagmumuni-muni rito, nadaragdagan ang antas niya sa ganang kay Allāh.

Sasabihin sa tagabigkas ng Marangal na Qur'ān sa Araw ng Pagbangon: "Bumasa ka, umakyat ka, at bumigkas ka kung paanong ikaw noon ay bumibigkas sa Mundo sapagkat tunay na ang antas mo ay nasa sandali ng katapusan ng talatang babasahin mo."¹⁸

Ang Ikalabing-isa: Ang Pagkatuto ng Kaalamang Pang-Islām, ang Pagtuturo Nito sa mga Tao, at ang Pag-aanyaya Tungo Rito

Nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang tumahak sa isang daan habang naghahanap dito ng kaalaman, magpapadali si Allāh para sa kanya ng isang daan tungo sa Paraiso. Tunay

¹⁸ Nagtala nito sina Imām Abū Dāwud (1464), na ang pananalita ay sa kanya; Imām At-Tirmidhiy (2914); Imām An-Nasā'iy sa As-Sunan Al-Kubrā (8056); at Imām Aḥmad (6799).

na ang mga anghel ay talagang nagbababa ng mga pakpak nila para sa tagapaghanap ng kaalaman dala ng pagkalugod sa ginagawa niya."¹⁹

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang pinakamabuti sa inyo ay ang sinumang natuto ng Qur'ān at nagturo nito."²⁰

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na ang mga anghel ay talagang dumadalangin ng pagpapala sa tagapagturo ng mga tao ng kabutihan."²¹

Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nag-anyaya tungo sa patnubay, magiging ukol sa kanya ang tulad ng pabuya ng sinumang gumawa ayon doon nang hindi nakababawas ito sa mga pabuya nila ng anuman."²²

Nagsabi naman Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

[وَمَنْ أَحْسَنُ قَوْلًا مِمَّنْ دَعَا إِلَى اللَّهِ وَعَمِلَ صَالِحًا وَقَالَ إِنِّي مِنَ الْمُسْلِمِينَ] (فصلت: 33)

¹⁹ Ang ḥadīth ay itinala ni Imām At-Tirmidhī sa Mga Kabanata ng Kaalaman, Kabanata: Ang Kainaman ng Pagkaunawa sa Pagsamba (4/153); Imām Abū Dāwud, Aklat: Ang Kaalaman, Kabanata: Ang Paghimok sa Paghahanap ng Kaalaman (4/5857); at Imām Ibnu Mājah sa Al-Muqaddimah (1/81). Sumang-ayon sa katumpakan nito si Shaykh Al-Alblānī sa Ṣaḥīḥ Al-Jāmi` (5/302).

²⁰ Ang ḥadīth ay itinala ni Imām Al-Bukhārī, Aklat: Ang mga Kainaman, Kabanata: Ang Pinakamabuti sa Inyo ay ang Sinumang Natuto ng Qur'ān at Nagturo Nito (6/236).

²¹ Ang ḥadīth ay itinala ni Imām At-Tirmidhī, Aklat: Ang Kaalaman, Kabanata: Ang Nasaad sa Kainaman ng Pagkaunawa sa Pagsamba (5/50), na may kontekstong higit na mahaba.

²² Nagtala nito si Imām Muslim, Aklat: Ang Kaalaman, Kabanata: Ang Sinumang Nagsakalakaran ng Sunnah na Maganda o Masagwa (16/227).

{Sino pa ang higit na maganda sa sinasabi kaysa sa sinumang nag-anyaya tungo kay Allāh, gumawa ng maayos, at nagsabi: "Tunay na ako ay kabilang sa mga muslim."} (Qur'ān 41:33)

Ang Ikalabindalawa: Ang Pagkalugod sa Hatol ni Allāh at ng Sugo Niya

Ang kawalan ng pagtutol sa isang utos na isinabatas ni Allāh sapagkat si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay ang pinakatagahatol sa mga tagahatol at ang pinakamaawain sa mga naaawa. Walang naikukubli sa Kanya na isang kumukubli sa lupa ni sa langit. Hindi naapektuhan ang hatol Niya ng mga pithaya ng mga tao at mga ambisyon ng mga diktador. Bahagi ng awa Niya na nagsabatas Siya para sa mga lingkod Niya ng anumang nasa kapakanan nila sa Mundo at Kabilang-buhay at na hindi Siya mag-atang sa kanila kaugnay roon ng hindi nila nakakaya. Bahagi ng hinihiling ng pagkamananamba kay Allāh ang pagpapahatol sa isinabatas Niya sa bawat usapin kalakip ng kalubusan ng kalugurang pampuso hinggil doon.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

﴿فَلَا وَرَيْكَ لَا يُؤْمِنُونَ حَتَّىٰ يُحَكِّمُوكَ فِيمَا شَجَرَ بَيْنَهُمْ ثُمَّ لَا يَجِدُوا فِي أَنفُسِهِمْ حَرَجًا مِّمَّا قَضَيْتَ وَيُسَلِّمُوا تَسْلِيمًا﴾ [النساء: 65]

{Kaya hindi, sumpa man sa Panginoon mo, hindi sila sumasampalataya hanggang sa nagpapahatol sila sa iyo sa anumang napagtalunan sa pagitan nila, pagkatapos hindi sila nakatatagpo sa mga sarili nila ng isang pagkaasiwa sa anumang inihusga mo at nagpapasakop sila nang pagpapasakop [na lubos].} (Qur'ān 4:65)

Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿أَفَحُكْمَ الْجَاهِلِيَّةِ يَبْغُونَ وَمَنْ أَحْسَنُ مِنَ اللَّهِ حُكْمًا لِّقَوْمٍ يُوقِنُونَ﴾ [المائدة: 50]

{Kaya ang paghatol ng Kamangmangan ba ay hinahangad nila? Sino pa ang higit na magaling kaysa kay Allāh sa paghatol para sa mga taong nakatitiyak?} (Qur'ān 5:50)

B. Ang mga Ipinagbabawal at ang mga Sinasaway

Una: Ang Shirk: Ang pagbaling ng alinmang uri kabilang sa mga uri ng pagkamananamba sa iba pa kay Allāh (napakataas Siya).

Ito ay gaya ng sinumang nagpapatirapa sa iba pa kay Allāh o dumadalangin sa iba pa kay Allāh at humihiling doon ng pagtugon sa pangangailangan o nag-aalay ng mga pampalapit-loob kay Allāh o nag-uukol ng alinmang uri kabilang sa mga uri ng pagkamananamba sa iba pa kay Allāh, maging ang dinadalanginang ito ay isang buhay o isang patay o isang libingan o isang anito o isang bato o isang punong-kahoy o isang anghel o isang propeta o isang sinasanto (walīy) o isang hayop o iba pa roon. Lahat ng ito ay Shirk na hindi magpapatawad si Allāh (napakataas Siya) sa tao [na gumagawa nito] maliban na magbalik-loob siya at pumasok sa Islām muli.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَنْ يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَنْ يَشَاءُ وَمَنْ يُشْرِكْ بِاللَّهِ فَقَدِ افْتَرَىٰ إِثْمًا عَظِيمًا) [النساء:48]

{Tunay na si Allāh ay hindi nagpapatawad na tambalan Siya at magpapatawad naman Siya sa anumang mababa pa roon sa sinumang lolobin Niya. Ang sinumang nagtatambal kay Allāh ay gumawa-gawa nga ng isang kasalanang sukduhan.} (Qur'ān 4:48)

Kaya naman ang Muslim ay hindi sumasamba kundi kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), hindi dumadalangin kundi kay Allāh, at hindi nagpapasailalim kundi kay Allāh. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(قُلْ إِنَّ صَلَاتِي وَنُسُكِي وَمَحْيَايَ وَمَمَاتِي لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ* لَا شَرِيكَ لَهُ وَبِذَلِكَ أُمِرْتُ وَأَنَا أَوَّلُ الْمُسْلِمِينَ) [الأنعام:162، 163]

{Sabihin mo: "Tunay na ang dasal ko, ang pag-aalay ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang – walang katambal sa Kanya. Gayon nag-utos sa akin, at ako ay una sa mga Muslim."} (Qur'ān 6:162-163)

Kabilang sa Shirk din ang paniniwala na si Allāh ay may asawa o anak – napakataas si Allāh higit doon ayon sa kataasang malaki – o ang paniniwala na mayroong mga diyos na iba pa kay Allāh na namamatnugot sa kairalang ito.

[لَوْ كَانَ فِيهِمَا آلِهَةٌ إِلَّا اللَّهُ لَفَسَدَتَا فَسُبْحَانَ اللَّهِ رَبِّ الْعَرْشِ عَمَّا يَصِفُونَ] [الأنبياء: 22]

{Kung sakaling sa mga [langit at lupa na] ito ay may mga diyos maliban kay Allāh, talaga sanang nasira ang mga ito. Kaya kaluwalhatian kay Allāh, ang Panginoon ng Trono, higit sa anumang inilalarawan nila.} (Qur'ān 6:22)

Ikalawa: Ang Panggagaway, ang Panghuhula, at ang Pag-aangkin ng Kaalaman sa Nakalingid

Ang panggagaway (karunungan itim) at ang panghuhula ay kawalang-pananampalataya. Ang manggagaway ay hindi nagiging isang manggagaway malibang sa pamamagitan ng kaugnayan niya sa mga demonyo at pagsamba sa kanila bukod pa kay Allāh. Kaya dahil doon, hindi pinapayagan para sa Muslim ang pumunta sa mga manggagaway at hindi pinapayagan para sa kanya ang maniwala sa kanila sa anumang ipinangsisinungaling nila na pag-aangkin nila ng kaalaman sa nakalingid at sa anumang ipinababatid nila na mga pangyayari at mga pabatid na ipinagpapalagay nila ang pagkaganap ng mga ito sa hinaharap.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

[قُلْ لَا يَعْلَمُ مَنْ فِي السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ الْغَيْبَ إِلَّا اللَّهُ] [النمل: 65]

{Sabihin mo: "Hindi nalalaman ng sinumang nasa mga langit at lupa ang nakalingid maliban kay Allāh,..."} (Qur'ān 27:65)

Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

[عَالِمُ الْغَيْبِ فَلَا يُظْهِرُ عَلَى غَيْبِهِ أَحَدًا* إِلَّا مَنِ ارْتَضَى مِنْ رَسُولٍ فَإِنَّهُ يَسْأَلُكَ مِنْ بَيْنِ يَدَيْهِ
وَمِنْ خَلْفِهِ رَصَدًا] [الجن: 26، 27]

{[Siya] ang Tagaalam sa nakalingid, saka hindi Siya naghahayag sa inilingid Niya sa isa man, maliban sa sinumang kinalugdan Niya na isang sugo

sapagkat tunay na Siya ay nagpapatahak mula sa harapan nito at mula sa likuran nito [ng mga anghel na nakatambang].} (Qur'ān 72:26-27)

Ikatlo: Ang Kawalang-katarungan

Ang kawalang-katarungan ay malawak na pintuan na pumapasok dito ang marami sa mga gawain ng kasagwaan at mga katangiang pangit na umepekto sa indibiduwal. Napalolob dito ang kawalang-katarungan ng indibiduwal sa sarili niya, ang kawalang-katarungan niya sa sinumang nasa paligid niya, ang kawalang-katarungan niya sa lipunan niya, bagkus ang kawalang-katarungan niya sa mga kaaway niya. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(وَلَا يَجْرِمَنَّكُمْ شَنَاٰنُ قَوْمٍ عَلَىٰٓ اَلَّا تَعْدِلُوْا ۗ اَعْدِلُوْا هُوَ اَقْرَبُ لِلتَّقْوٰى) [المائدة: 8]

{Huwag ngang mag-udyok sa inyo ang pagkasuklam sa ilang tao upang hindi kayo magmakatarungan. Magmakatarungan kayo; ito ay pinakamalapit sa panginigilag magkasala.} (Qur'ān 5:8)

Nagpabatid nga sa atin si Allāh (napakataas Siya) na Siya ay hindi umiibig sa mga tagalabag sa katarungan. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi si Allāh (napakataas Siya): "O mga lingkod Ko, tunay na Ako ay nagbawal ng kawalang-katarungan sa sarili Ko at gumawa nito sa pagitan ninyo bilang ipinagbabawal kaya huwag kayong maglabagan sa katarungan."²³Nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {"Mag-adya ka sa kapatid mo habang nang-aapi o inaapi." Kaya may nagsabing isang lalaki: "O Sugo ni Allāh, mag-aadya ako sa kanya kapag siya ay inaapi. Kaya ano po sa tingin mo kapag siya ay naging nang-aapi, papaano akong mag-aadya sa kanya?" Nagsabi siya: "Hahadlang ka sa

²³ Nagtala nito si Imām Muslim, Aklat: Ang Pagsasamabuting-loob, ang Pakikipag-ugnayan, at ang mga Magandang Asal; Kabanata: Ang Pagbabawal sa Kawalang-katarungan (16/132).

kanya – o pipigil ka sa kanya – sa pang-aapi sapagkat tunay na iyan ay pag-aadya sa kanya."}24

Ikaapat: Ang Pagpatay ng Tao na Ipinagbawal ni Allāh Malibang Ayon sa Karapatan

Ito ay isang mabigat na krimen sa Relihiyong Islām, na nagbanta si Allāh laban dito ng masakit na pagdurusa at naghanda para rito ng pinakamalupit sa mga kaparusahan sa Mundo. Iyon ay sa pamamagitan ng pagpatay sa pumatay maliban na magpaumanhin ang mga katangkil ng pinatay. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(مِنْ أَجْلِ ذَلِكَ كَتَبْنَا عَلَى بَنِي إِسْرَائِيلَ أَنَّهُ مَنْ قَتَلَ نَفْسًا بِغَيْرِ نَفْسٍ أَوْ فَسَادٍ فِي الْأَرْضِ فَكَأَنَّمَا قَتَلَ النَّاسَ جَمِيعًا وَمَنْ أَحْيَاهَا فَكَأَنَّمَا أَحْيَا النَّاسَ جَمِيعًا) [المائدة: 32]

{Alang-alang doon, nag-atas Kami sa mga anak ni Israel na ang sinumang pumatay sa isang tao nang hindi dahil [sa kabayaran] sa isang buhay o sa [paggawa ng] kaguluhan sa lupa ay para bang pumatay siya sa mga tao nang lahatan, at ang sinumang nagbigay-buhay rito ay para bang nagbigay-buhay siya sa mga tao nang lahatan. Talaga ngang naghatid sa kanila ang mga sugo Namin ng mga malinaw na patunay. Pagkatapos, tunay na marami mula sa kanila, matapos niyon, sa lupa ay talagang mga nagpapakalabis.} (Qur'ān 5:32)

Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

(وَمَنْ يَقْتُلْ مُؤْمِنًا مُتَعَمِّدًا فَجَزَاؤُهُ جَهَنَّمُ خَالِدًا فِيهَا وَغَضِبَ اللَّهُ عَلَيْهِ وَلَعَنَهُ وَأَعَدَّ لَهُ عَذَابًا عَظِيمًا) [النساء: 93]

{Ang sinumang papatay sa isang mananampalataya nang sinasadya, ang ganti sa kanya ay Impiyerno bilang mananatili roon. Magagalit si Allāh sa

²⁴ Nagtala nito si Imām Al-Bukhārī, Aklat: Ang mga Kawalang-katarungan at ang pang-aagaw, Kabanata: Tumulong ka sa kapatid mo habang nang-aapi o naaapi: (3/168)

kanya, susumpa sa kanya, at maghahanda sa kanya ng isang pagdurusang sukduhan.} (Qur'ān 4:93)

Ikalima: Ang Paglabag sa mga Tao sa mga Ari-arian Nila

Maging sa pamamagitan ng pagnanakaw o pangangamkam o panunuhol o panggugulang o iba pa roon. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(وَالسَّارِقُ وَالسَّارِقَةُ فَاقْطَعُوا أَيْدِيَهُمَا جِزَاءً بِمَا كَسَبَا نَكَالًا مِنَ اللَّهِ وَاللَّهُ عَزِيزٌ
حَكِيمٌ) [المائدة:38]

{Ang lalaking magnanakaw at ang babaing magnanakaw ay putulin ninyo ang mga kamay nila bilang ganti sa nakamit nilang dalawa, bilang parusang panghalimbawa mula kay Allāh. Si Allāh ay Makapangyarihan, Marunong.} (Qur'ān 5:38)

Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

(وَلَا تَأْكُلُوا أَمْوَالَكُمْ بَيْنَكُمْ بِالْبَاطِلِ) [البقرة:188]

{Huwag kayong kumain ng mga yaman ng iba sa inyo sa pagitan ninyo sa kabulaanan,...} (Qur'ān 2:188)

Nagsabi pa Siya (kaluwalhatian sa Kanya):

(إِنَّ الَّذِينَ يَأْكُلُونَ أَمْوَالَ الْيَتَامَىٰ ظُلْمًا إِنَّمَا يَأْكُلُونَ فِي بُطُونِهِمْ نَارًا وَسَيَصْلَوْنَ
سَعِيرًا) [النساء:10]

{Tunay na ang mga kumakain ng mga yaman ng mga ulila dala ng paglabag sa katarungan ay kumakain lamang sa mga tiyan nila ng apoy at masusunog sila sa isang liyab.} (Qur'ān 4:10)

Kaya naman ang Islām ay nakikidigma nang malakasan sa paglabag sa mga ari-arian ng mga ibang tao, nagpapaigting kaugnay roon, at naghahanda sa tagalabag ng mga kaparusahang marahas na tagasawata sa kanya at sa mga tulad niya na bumubulabog sa sistema at katiwasayan ng lipunan.

Ikaanim: Ang Pandaraya, ang Panlilinlang, at ang Kataksilan

Sa kalahatan ng mga transaksyon gaya ng pagtitinda, pagbili, mga pakikipagkasunduan, at iba pa roon. Ang mga ito ay mga katangiang kapula-pula na sumaway ang Islām laban sa mga ito at nagbibigay-babala laban sa mga ito.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

وَيْلٌ لِّلْمُطَفِّفِينَ (1) الَّذِينَ إِذَا اكْتَالُوا عَلَى النَّاسِ يَسْتَوْفُونَ (2) وَإِذَا كَالُواهُمْ أَوْ وَرَوُوهُمْ يُخْسِرُونَ (3) أَلَا يَظُنُّ أُولَئِكَ أَنَّهُمْ مَبْعُوثُونَ (4) لِيَوْمٍ عَظِيمٍ [المطففين: 5-1]

{Kapighatian ay ukol sa mga tagapag-umit-umit, na kapag nagpatakal sila sa mga tao ay nagpapalubos sila, at kapag tumakal sila sa mga ito o tumimbang sila sa mga ito ay nanlulugi sila. Hindi ba nakatiyak ang mga iyon na sila ay mga bubuhayin para sa isang araw na sukduhan, sa araw na tatayo ang mga tao sa [harap ng] Panginoon ng mga nilalang?} (Qur'ān 83:1-6)

Nagsabi naman siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nandaya sa atin ay hindi kabilang sa atin."²⁵Nagsabi pa Siya (napakataas Siya):

(إِنَّ اللَّهَ لَا يُحِبُّ مَنْ كَانَ خَوَانًا أَثِيمًا) [النساء: 107].

{Tunay na si Allāh ay hindi umiibig sa sinumang mapagtaksil na makasalanan.} (Qur'ān 4:107)

Ikapito: Ang Paglabag sa mga Tao

Sa mga dangal nila sa pamamagitan ng pang-aalipusta, panlalait, panlililab, paninirang-puri, inggit, kasagwaan ng pagpapalagay, paniniktik,

²⁵ Ang ḥadīth ay itinala ni Imām Muslim, Aklat: Ang Pananampalataya, Kabanata: Ang Sabi ng Propeta: "Ang Sinumang Nandaya ay Hindi Kabilang sa Atin." (2/109)

panunuya, at iba pa roon. Nagsisigang ang Islām sa pagpapanatili ng isang lipunang malinis na dalisay, na pinaghaharian ng pag-ibig, kapatiran, pagkakatugma, at pagtutulungan. Dahil doon, ito ay nakikipagtungali nang may katindihan sa lahat ng mga karamdamang panlipunang nauwi sa pagkabalansag ng lipunan at paglitaw ng alitan, pagkasuklam, at pagkamakasarihan sa pagitan ng mga indibiduwal nito.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا لَا يَسْخَرْ قَوْمٌ مِنْ قَوْمٍ عَسَىٰ أَنْ يَكُونُوا خَيْرًا مِنْهُمْ وَلَا نِسَاءٌ مِنْ نِسَاءٍ عَسَىٰ أَنْ يَكُنَّ خَيْرًا مِنْهُنَّ وَلَا تَلْمِزُوا أَنْفُسَكُمْ وَلَا تَنَابَزُوا بِالْأَلْقَابِ بِئْسَ الْأَسْمُ الْفُسُوقُ بَعْدَ الْإِيمَانِ وَمَنْ لَمْ يَتُبْ فَأُولَٰئِكَ هُمُ الظَّالِمُونَ (11) يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اجْتَنِبُوا كَثِيرًا مِّنَ الظَّنِّ إِنَّ بَعْضَ الظَّنِّ إِثْمٌ وَلَا تَجَسَّسُوا وَلَا يَغْتَبَ بَعْضُكُم بَعْضًا أَيُحِبُّ أَحَدُكُمْ أَنْ يَأْكُلَ لَحْمَ أَخِيهِ مَيْتًا فَكَرِهْتُمُوهُ وَاتَّقُوا اللَّهَ إِنَّ اللَّهَ تَوَّابٌ رَّحِيمٌ [الحجرات: 11، 12]

{O mga sumampalataya, huwag manuya ang ilang lalaki sa ilang lalaki; baka ang mga [tinutuyang] ito ay higit na mabuti kaysa sa kanila [na nanunuya]. Huwag [manuya] ang ilang babae sa ilang babae; baka ang mga [tinutuyang] ito ay higit na mabuti sa kanila [na nanunuya]. Huwag kayong manuligsa sa isa't isa sa inyo at huwag kayong magtawagan ng mga [masamang] taguri. Kay saklap bilang pangalan ang kasuwailan matapos ng pananampalataya. Ang sinumang hindi nagbalik-loob, ang mga iyon ay ang mga tagalabag sa katarungan. O mga sumampalataya, umiwas kayo sa maraming pagpapalagay; tunay na ang ilan sa pagpapalagay ay kasalanan. Huwag kayong maniktik. Huwag manlibak ang ilan sa inyo ang iba pa. Ilibigin ba ng isa sa inyo na kumain ng laman ng kapatid niya kapag patay na? Masusuklam kayo rito. Mangilag kayong magkasala kay Allāh. Tunay na si Allāh ay Palatanggap ng pagbabalik-loob, Maawain.} (Qur'ān 49:11-12)

Nakikidigma rin ang Islām nang may katindihan sa diskriminasyong panlahi at pagtatanging pang-uri sa pagitan ng mga indibiduwal ng lipunan sapagkat ang lahat sa paningin ng Islām ay magkakapantay na walang kalamangan ang Arabe higit sa di-Arabe ni ang puti higit sa itim maliban sa dinadala ng isa sa kanila sa puso nito na pangrelihiyon at panginilag

magkasala. Nagtatagisan ang lahat sa isang pantay na saklaw sa mga gawaing maayos. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

يَا أَيُّهَا النَّاسُ إِنَّا خَلَقْنَاكُمْ مِنْ ذَكَرٍ وَأُنثَىٰ وَجَعَلْنَاكُمْ شُعُوبًا وَقَبَائِلَ لِتَعَارَفُوا إِنَّ أَكْرَمَكُمْ عِنْدَ اللَّهِ أَتْقَاكُمْ إِنَّ اللَّهَ عَلِيمٌ خَبِيرٌ [الحجرات:13]

{O mga tao, tunay na Kami ay lumikha sa inyo mula sa isang lalaki at isang babae at gumawa sa inyo na mga bansa at mga lipi upang magkakilalahan kayo. Tunay na ang pinakamarangal sa inyo sa ganang kay Allāh ay ang pinakamapangilag magkasala sa inyo. Tunay na si Allāh ay Maalam, Mapagbatid.} (Qur'an 49:13)

Ikawalo: Ang Paglalaro ng Sugal – ang Pagpusta – ang Pag-inom ng Alak, at ang Paggamit ng Bawal na Gamot

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا إِنَّمَا الْخَمْرُ وَالْمَيْسِرُ وَالْأَنْصَابُ وَالْأَزْلَامُ رَجْسٌ مِنْ عَمَلِ الشَّيْطَانِ فَاجْتَنِبُوهُ لَعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ (90) إِنَّمَا يُرِيدُ الشَّيْطَانُ أَنْ يُوقِعَ بَيْنَكُمْ الْعَدَاوَةَ وَالْبَغْضَاءَ فِي الْخَمْرِ وَالْمَيْسِرِ وَيَصُدَّكُمْ عَنْ ذِكْرِ اللَّهِ وَعَنِ الصَّلَاةِ فَهَلْ أَنْتُمْ مُنْتَهُونَ [المائدة:90، 91]

{O mga sumampalataya, ang alak, ang pagpusta, ang [pag-aalay sa] mga dambana, at [ang pagsasapalaran gamit] ang mga tagdan ng palaso ay kasalulaan lamang kabilang sa gawain ng demonyo, kaya umiwas kayo rito, nang sa gayon kayo ay magtatagumpay. Nagnanais lamang ang demonyo na magsadlak sa pagitan ninyo ng poot at suklam dahil sa alak at pagpusta, at humadlang sa inyo sa pag-alaala kay Allāh at sa pagdarasal, kaya kayo ba ay mga titigil?} (Qur'an 5:90-91)

Ikasiyam: Ang Pagkain ng Karne ng Hayop na Namatay na Hindi Nakatay at Karne ng Baboy

Ang lahat ng mga minamarumi na nakapipinsala sa tao at gayon din ang mga kinatay na inialay sa iba pa kay Allāh (napakataas Siya). Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا كُلُوا مِن طَيِّبَاتِ مَا رَزَقْنَاكُمْ وَاشْكُرُوا لِلَّهِ إِن كُنتُمْ إِيَّاهُ تَعْبُدُونَ (172) إِنَّمَا حَرَّمَ عَلَيْكُمُ الْمَيْتَةَ وَالدَّمَ وَلَحْمَ الْخُنْزِيرِ وَمَا أُهْلَ بِهِ لِغَيْرِ اللَّهِ فَمَن اضْطُرَّ غَيْرَ بَاغٍ وَلَا عَادٍ فَلَا إِثْمَ عَلَيْهِ إِنَّ اللَّهَ عَفُورٌ رَّحِيمٌ

{O mga sumampalataya, kumain kayo mula sa mga kaaya-aya na itinustos sa inyo. Magpasalamat kayo kay Allāh, kung kayo ay sa Kanya sumasamba. Ipinagbawal lamang sa inyo ang namatay, ang dugo, ang laman ng baboy, at ang anumang inialay sa iba pa kay Allāh; ngunit ang sinumang napilitan nang hindi lumalabag ni lumalampas ay walang kasalanan sa kanya. Tunay na si Allāh ay Mapagpatawad, Maawain.} (Qur'ān 2:172-173)

Ikasampu: Ang Pagsasagawa ng Pangangalunya at Sodomiya na Gawain ng mga Kababayan ni Lot

Ang pangangalunya ay isang gawaing karima-rimarim na nagpapatiwali sa mga kaasalan at mga lipunan at isang tagapagdahilan ng pagkakalitu-lito sa mga kaangkanan, pagkapariwara ng mga pamilya, at pagkawala ng tumpak na pagpapalaki. Ang mga anak ng pangangalunya ay nakararamdam ng kapaitan ng krimen at pagkasuklam ng lipunan. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(وَلَا تَقْرَبُوا الرِّزْيَ إِنَّهُ كَانَ فَاحِشَةً وَسَاءَ سَبِيلًا) [الإسراء: 32]

{Huwag kayong lumapit sa pangangalunya; tunay na ito ay laging mahalay at sumagwa bilang landas.} (Qur'ān 17:32)

Ito ay isang kadahilanan ng paglaganap ng mga karamdamang seksuwal na tagawasak ng kairalan ng lipunan.

Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi lumaganap ang mahalay sa mga tao kailanman hanggang sa naghayag sila

nito malibang kakalat sa kanila ang salot at ang mga karamdaman na hindi nangyari sa mga kanunuan nila."²⁶

Dahil doon, nag-utos ang Islām ng pagpinid ng lahat ng mga lusutang humahantong doon. Nag-utos ito sa mga Muslim ng pagbababa ng mga paningin nila dahil ang ipinagbabawal na tingin ay ang simula ng daan tungo sa pangangalunya. Nag-utos ito sa mga babae ng pagtatakip [ng katawan], pagbebelo, at kabinihan upang mapangalagaan ang lipunan laban sa kasamaan ng mga mahalay na gawain. Katapat nito, nag-utos ito ng pag-aasawa, humimok ito niyon, nagpaibig ito niyon, bagkus nangako ito ng pabuya at gantimpala pati na sa kasiyahang seksuwal na isinasagawa ng mag-asawa. Lyon ay upang may lumitaw na mga pamilyang marangal na mabini na kwalipikado upang maging mga matagumpay na kalingaan ng pag-aalaga ng paslit ng ngayon at [matinong] lalaki ng bukas.

Ang Ikalabing-isa: Ang Pakikinabang sa Patubo

Ang patubo ay isang palawasak ng ekonomiya at isang pagsasamantala sa pangangailangan ng nangangailangan ng salapi, maging ito man ay isang mangangalakal sa pangangalakal nito o ito ay isang maralita dahil sa pangangailangan nito. Ito ay ang pagpapautang ng salapi hanggang isang itinakdang taning kapalit ng isang itinakdang karagdagan sa sandali ng pagbabayad ng utang. Kaya ang tagapagpatubo ay nagsasamantala sa pangangailangan ng maralitang nangangailangan ng salapi at nagpapabigat sa likod nito sa pamamagitan ng mga utang na nagkapatungpatong na nadaragdagan higit sa puhunan.

Ang tagapagpatubo ay nagsasamantala sa pangangailangan ng mangangalakal o tagagawa o magsasaka o iba pa sa kanila kabilang sa mga nagpapakilos ng ekonomiya.

²⁶ Nagtala nito si Imām Ibnu Mājah, Aklat: Ang mga Sigalot, Kabanata: Ang mga Kaparusahan (2/1333). Nagsabi tungkol dito si Shaykh Al-Albānī isang magandang [ḥadīth ito]. Ṣaḥīḥ Ibnu Mājah (2/370).

Nagsasamantala ito sa minamadaling pangangailangan nila sa dumadaloy na cash sapagkat nag-oobliga ito sa kanila ng isang dagdag na bahagi mula sa mga tubo sa anumang ipinautang nito sa kanila nang hindi nagiging isang kasosyo sa kanila sa anumang daranasin nila na mga panganib ng katumalan at pagkalugi.

Kapag nalugi ang mangangalakal na ito, magkakapatung-patong sa kanya ang mga utang at dudurog sa kanya ang tagapagpatubong ito samantalang kung sakaling sila ay naging mga magkasosyo sa tubo at pagkalugi – itong isa ay dahil sa pagpapakahirap nito at iyang isa ay dahil sa salapi niya – gaya ng ipinag-utos ng Islām, talagang umikot sana ang gulong ng ekonomiya sa paraang nagpapatuloy sa kapakanan ng lipunan.

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ وَذَرُوا مَا بَقِيَ مِنَ الرِّبَا إِن كُنتُمْ مُؤْمِنِينَ (278) فَإِن لَّمْ تَفْعَلُوا فَأْذَنُوا بِحَرْبٍ مِّنَ اللَّهِ وَرَسُولِهِ وَإِن تُبْتِغُوا فَلَئِمَّ رُءُوسُ أَمْوَالِكُمْ لَا تَظْلُمُونَ وَلَا تُظْلَمُونَ (279) وَإِن كَانَ ذُو عُسْرَةٍ فَنَظِرَةٌ إِلَىٰ مَيْسَرَةٍ وَأَن تَصَدَّقُوا خَيْرٌ لَّكُمْ إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ

[البقرة: 278، 279، 280]

{O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allāh at iwan ninyo ang anumang natira mula sa patubo kung kayo ay mga mananampalataya. Ngunit kung hindi ninyo ginawa, tumiyak kayo ng isang digmaan mula kay Allāh at sa Sugo Niya. Kung nagbalik-loob kayo ay ukol sa inyo ang mga puhunan ng mga salapi ninyo. Hindi kayo lalabag sa katarungan at hindi kayo lalabagin sa katarungan. Kung naging may kagipitan [ang nagkautang] ay [magbigay ng] isang paghihintay hanggang sa kaluwagan; ngunit ang magkawanggawa kayo ay higit na mabuti para sa inyo kung kayo ay nakaalam.} (Qur'an 2:278-280)

Ang Ikalabindalawa: Ang Kasakiman at ang Karamutan

Ito ay isang patunay sa pagkamakasariili at pag-ibig sa sarili kaya naman nag-iimbak ang maramot na ito ng yaman niya at tumatangi sa pagpapalabas ng zakāh niya para sa mga maralita at mga dukha, habang nagkakaila sa lipunan niya at tumatangi sa simulain ng pagtutulungan at

kapatiran na ipinag-utos ni Allāh at ng Sugo Niya. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(وَلَا يَحْسَبَنَّ الَّذِينَ يَبْخُلُونَ بِمَا آتَاهُمُ اللَّهُ مِنْ فَضْلِهِ هُوَ خَيْرًا لَّهُمْ بَلْ هُوَ شَرٌّ لَّهُمْ سَيُطَوَّقُونَ مَا بَخُلُوا بِهِ يَوْمَ الْقِيَامَةِ وَلِلَّهِ مِيرَاثُ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ وَاللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ خَبِيرٌ)

[آل عمران:180]

{Huwag ngang mag-akala ang mga nagmamaramot ng ibinigay sa kanila ni Allāh mula sa kabutihang-loob Niya na iyon ay mabuti para sa kanila, bagkus iyon ay masama para sa kanila. Kukulyaran sila ng ipinagmaramot nila sa Araw ng Pagbangon. Ukol kay Allāh ang pagmamana sa mga langit at lupa. Si Allāh, sa anumang ginagawa ninyo, ay Mapagbatid.} (Qur'an 3:180)

Ang Ikalabintatlo: Ang Pagsisinungaling at ang Pagsaksi sa Kabulaanan

Nailahad na natin ang sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "...tunay na ang pagsisinungaling ay pumapatnubay tungo sa kasamaang-loob at tunay na ang kasamaang-loob ay pumapatnubay tungo sa Impiyerno. Hindi natitigil ang tao na nagsisinungaling at naghahangad ng kasinungalingan hanggang sa itala siya sa ganang kay Allāh bilang palasinungaling." Kabilang sa mga uri ng pagsisinungaling na kinamumuhian ay ang anumang naging pagsaksi sa kabulaanan. Nagpakalabis-labis ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagmamasama nito at pagbibigay-babala laban sa mga kahahantungan nito sapagkat nagtaas siya dahil doon ng tinig niya habang nagsasabi sa mga Kasamahan niya: "Pansinin, magbabalita ako sa inyo hinggil sa pinakamalaki sa malalaking kasalanan: ang pagtatambal kay Allāh at ang kasuwailan sa mga magulang." Siya ay nakasandal saka umupo saka nagsabi: "Pansinin, ang pagsasabi ng kabulaanan; pansinin, ang pagsaksi sa

kabulaanan."²⁷Hindi siya natigil na umuulit-ulit nito bilang pagbibigay-babala sa Kalipunan na masadlak dito.

Ang Ikalabing-apat: Ang Pagmamalaki, ang Kapalaluan, ang Paghanga sa Sarili, at ang Kahambugan

Ang pagmamalaki, ang kapalaluan, at ang kahambugan ay mga katangiang pangit na kinokondena na kinasusuklaman sa Relihiyong Islām. Nagpabatid nga sa atin si Allāh (napakataas Siya) na Siya ay hindi umiibig sa mga nagpapakamalaki. Nagsabi Siya tungkol sa kanila kaugnay sa Tahanang Pangkabilang-buhay:

[الَّذِينَ فِي جَهَنَّمَ مَثْوًى لِّلْمُتَكَبِّرِينَ] [الزمر: 60]

{Hindi ba sa Impiyerno ay may tuluyan para sa mga nagpapakamalaki?} (Qur'ān 39:60)

Kaya naman ang nagpapakamalaking palalo na humahanga sa sarili ay kinasusuklaman ni Allāh, na kinasusuklaman ng nilikha Niya.

C. Ang Pagbabalik-loob Mula sa mga Ipinagbabawal

Ang malalaking kasalan at ang mga ipinagbabawal na ito na binanggit natin ay kinakailangan sa bawat Muslim na mag-ingat nang matinding pag-iingat laban sa pagkakasadlak sa mga ito sapagkat tunay na ang bawat gawain na ginagawa ng tao ay gagantihan sa Araw ng Pagbangon: kung mabuti ay mabuti [ang ganti] at kung masama ay masama [ang ganti].

²⁷ Ang ḥadīth ay itinala ni Imām Al-Bukhārīy, Aklat: Ang mga Pagsaksi, Kabanata: Ang Sinabi Kaugnay sa Pagsaksi sa Kabulaanan (3/225).

Kapag bumagsak ang Muslim sa anuman mula sa mga ipinagbabawal na ito ay magdali-dali siya kaagad-agad sa pagbabalik-loob mula sa mga ito, pagdulog kay Allāh, at paghingi ng kapatawaran mula sa Kanya. Kailangan sa kanya, kung ang pagbabalik-loob niya ay tapat, na kumalas sa pagkakasalang ito na kinasadlakan niya, magsisi sa nagawa niya, at magtika na hindi manumbalik doon. Kung may naganap mula sa kanya na isang kawalang-katarungan sa isa man, pagbabayaran niya ito o hihilingan niya ito ng pagpapalampas. Sa sandaling iyon, ang pagbabalik-loob niya ay magiging tapat at tatanggapin ni Allāh sa kanya ang pagbabalik-loob at hindi magpaparusa sa kanya dahil doon. Ang nagbabalik-loob mula sa pagkakasala ay gaya ng sinumang walang pagkakasala.

Kailangan sa kanya na humingi ng tawad kay Allāh nang madalas; bagkus kailangan sa bawat Muslim na magpadalas sa paghingi ng tawad mula sa anumang nabatid niya na mga kamaliang maliit o malaki. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(اسْتَغْفِرُوا رَبَّكُمْ إِنَّهُ كَانَ غَفَّارًا) [نوح:10]

{Humingi kayo ng tawad sa Panginoon ninyo – tunay na Siya ay laging Palapatawad –} (Qur'ān 71:10)

Kaya ang kadalasan ng pagsisisi at pagbabalik-loob kay Allāh ay katangian ng mga mananampalatayang nagmamababang-loob . Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

(قُلْ يَا عِبَادِيَ الَّذِينَ أَسْرَفُوا عَلَىٰ أَنفُسِهِمْ لَا تَقْنَطُوا مِن رَّحْمَةِ اللَّهِ إِنَّ اللَّهَ يَغْفِرُ الذُّنُوبَ جَمِيعًا إِنَّهُ هُوَ الْغَفُورُ الرَّحِيمُ* وَأَنبِئُوا إِلَىٰ رَبِّكُمْ وَأَسْلِمُوا لَهُ مِنْ قَبْلِ أَن يُاتِيَكُمُ الْعَذَابُ ثُمَّ لَا تُنصِرُونَ) [الزمر:53، 54]

{Sabihin mo [na sinabi Ko]: “O mga lingkod Ko na nagpakalabis laban sa mga sarili nila, huwag kayong malagutan ng pag-asa sa awa ni Allāh; tunay na si Allāh ay nagpapatawad sa mga pagkakasala nang lahatan. Tunay na Siya ay ang Mapagpatawad, ang Maawain.” Nagsisising bumalik kayo sa Panginoon ninyo at magpasakop kayo sa Kanya bago pa pumunta sa inyo ang pagdurusa, pagkatapos hindi kayo maiaadya.} (Qur'ān 39:53-54)

D. Ang Pagmamalasakit ng mga Muslim sa Katumpakan ng Pagpapaabot ng Relihiyong Ito

Yayamang ang mga sinabi ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), ang mga ginawa niya, at ang mga sinang-ayunan niya ay ang tagapaglinaw ng Salita ni Allāh (napakataas Siya) na tagapaliwanag ng mga ipinag-uutos at mga sinasaway sa Relihiyong Islām, nag-ukol ang mga Muslim ng isang sukdulang pagmamalasakit sa katumpakan ng pagpapaabot ng mga ḥadīth na isinalaysay buhat sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagsumikap sila ng isang pagsisikap na sukduhan sa pagsala sa mga pagpapaabot na ito laban sa mga pagdaragdag na hindi bahagi ng salita ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at sa paglilinaw sa mga sinabing ipinansinungaling laban sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Naglagay sila para roon ng pinakaeksakto sa mga panuntunan at mga sistema na kinakailangan na isaalang-alang sa pagpapaabot ng mga ḥadīth na ito mula sa isang salinlahi patungo sa isang salinlahi.

Mag-uusap tayo sa paraang lubhang pinaiksi tungkol sa kaalamang ito (Kaalaman sa Ḥadīth) upang luminaw sa mambabasa ang bagay na iyon na ikinabubukod ng Kalipunang Islāmiko sa nalalabi sa mga kapaniwalaan at mga sekta kaugnay sa pinadali ni Allāh para rito na pag-iingat sa Relihiyon Niya bilang dalisay na puro na hindi nahahaluan ng mga kasinungalingan at mga pamahiin sa pagdaan ng mga yugto at mga panahon.

Talaga ngang nakasalig ang pagpapaabot ng Salita ni Allāh (napakataas Siya) at salita ng Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa dalawang bagay.

Ang pag-iingat sa mga memorya at ang pagsusulat sa mga titik. Ang mga sinaunang Muslim ay kabilang sa pinakamarami sa mga kalipunan sa kakayahan sa eksaktong pag-iingat at malawak na pagkaunawa dahil sa ikinatatangi nila na kadalisayan ng isip at lakas ng memorya. Ito ay malinaw na nalalaman ng sinumang nakatalos sa mga talambuhay nila at nakaalam sa mga pabatid hinggil sa kanila. Talaga ngang ang Kasamahan

[ng Sugo] ay nakaririnig ng ḥadīth mula sa bibig ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsasaulo nito nang mahusay at nagpapaabot nito sa parte niya matapos niyon sa Tagasunod [ng mga Kasamahan ng Sugo] na nagsasaulo naman nito. Pagkatapos nagpapaabot siya nito sa sinumang matapos niya. Gayon nagpapatuloy ang kawing ng pagpapaabot ng ḥadīth hanggang sa isa sa mga maaalam ng ḥadīth na nagtatala ng mga ḥadīth na ito, nag-iingat ng mga ito sa memorya, nagtipon ng mga ito sa kasulatan, bumabasa ng kasulatang ito sa mga estudyante niya saka nagsasaulo naman sila ng mga ḥadīth na ito at sumusulat ng mga ito. Pagkatapos bumabasa naman sila ng mga ito sa mga estudyante nila. Ganito ang mga pag-uulit-ulit na nagkakasunuran hanggang sa dumating ang mga kasulatang ito sa lahat ng mga sumunod na salinlahi sa pamamagitan ng pamamaraang ito at istilong ito.

Dahil dito, walang tinatanggap nang walang-takda na isang ḥadīth tungkol sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang walang pagkaalam sa kawing ng pagpapaabot nito mula sa mga tagapagsalaysay na nagpaabot ng ḥadīth na ito sa atin.

Nagresulta sa bagay na ito rin ang isa pang kaalaman na ikinabukod ng Kalipunan ng Islām sa nalalabi sa mga kalipunan. Ito ay ang "Kaalaman sa mga Tagapagsalaysay o Kaalaman sa Pagtuligsa at Pagsasakatarungan."

Ito ay isang kaalamang pumapatungkol sa pagkakaalam sa kalagayan ng mga tagapagsalaysay na ito na nagpapaabot ng mga ḥadīth ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat pumapatungkol ito sa mga personal na talambuhay nila kalakip ng petsa ng kapanganakan nila at pagpanaw nila sa pamamagitan ng pagkakilala sa mga guro nila at mga estudyante nila, pagsasadokumento ng mga maalam na nakakapanahon para sa kanila, saklaw ng katumpakan nila, kahusayan nila sa pagsasaulo, anumang tinataglay nila na pagkakamapagkakatiwalaan at katapatan ng pagsasalita, at iba pa roon na mga bagay-bagay na minamahalaga sa maalam sa ḥadīth upang makapagbigay-diin sa katumpakan ng ḥadīth na isinalaysay ayon sa paraan ng kawing ng mga tagapagsalaysay.

Tunay na ito ay isang kaalamang nabukod-tangi rito ang Kalipunang ito dala ng sigasig mula rito sa katumpakan ng salitang inuugnay sa Propeta nito. Hindi natatagpuan sa kasaysayan sa kabuuan nito mula sa simula nito hanggang sa araw nating ito na nangyari ang ganitong dambuhalang malakihang pagsisikap sa pagmamalasakit sa pagsasalita ng isa sa mga tao tulad ng pagmamalasakit sa pagsasalita (ḥadīth) ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Tunay na ito ay isang kaalamang dambuhalang nakatala sa mga kasulatang pinagmalasakitan ng isang lubos na malasakit sa pagsalaysay ng ḥadīth. Nabanggit ang mga detalyadong personal na talambuhay ng libu-libong tagapagsalaysay hindi dahil sa ano pa man kundi dahil sila ay naging ang instrumento sa pagpapaabot ng mga ḥadīth ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga salinlahi na sumunod sa kanila. Hindi nagkaroon sa kaalamang ito ng isang pambobola sa isa man sa mga tao; bagkus ito ay gaya ng timbangan sa kaeksaktuhan sa pagtuligsa: sinasabi tungkol sa palasinungaling na siya ay sinungaling, sa tapat na siya ay tapat, sa mahina ang memorya o malakas ang memorya na siya ay gayon. Naglagay sila para roon ng pinakaeksakto sa mga panuntunan na nalaman ng mga alagad ng sining na ito.

Ang ḥadīth ay hindi nagiging tumpak sa ganang kanila malibang kapag nagkadugtong ang kawing ng mga tagapagsalaysay sa isa't isa at natagpuan sa mga tagapagsalaysay na ito ang katarungan at ang katapatan sa pakikipag-usap kalakip ng lakas ng pagsasaulo at pagkatama.

Ang Huling Usapin sa Kaalaman sa Ḥadīth

Ito ay hinggil sa pagkadami ng serye ng kawing ng pagpapaabot ng iisang ḥadīth kung saan nakararating ang ḥadīth na naisalaysay buhat sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pamamagitan ng higit na marami sa isang serye mula sa mga serye ng mga tagapagsalaysay, kaya nagkakaroon ang iisang ḥadīth ng dalawang kawing ng pagpapaabot o tatlo o apat na kawing ng pagpapaabot at magkaminsan ay sampung kawing ng pagpapaabot at magkaminsan ay higit pa roon.

Sa tuwing dumarami ang serye ng kawing ng pagpapaabot, lalong lumalakas ang ḥadīth at nadaragdagan ang tiwala sa pagkakaugnay nito sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sapagkat ang ḥadīth na isinalaysay ng higit sa sampung mapagkakatiwalaan sa lahat ng mga nibel nito ay tinatawag na ḥadīth na nagkatuluy-tuluyan (mutāwatir). Ito ay ang pinakamataas sa mga uri ng pagpapaabot para sa mga Muslim. Sa tuwing ang usapin ay mahalaga sa Relihiyong Islām gaya ng paglilinaw sa mga Haligi ng Islām, halimbawa, ang mga salaysay na nagkatuluy-tuluyan para rito ay higit na marami at dumarami ang kawing ng pagpapaabot ng salaysay para rito. Sa tuwing ang usapin ay kabilang sa mga sekondaryong usapin at mga itinuturing na kaibig-ibig, ang mga kawing ng pagpapaabot ng salaysay para rito ay higit na kaunti at ang pagpapahalaga rito ay higit na mahina.

Ang pinakamataas na pagpapahalaga sa salaysay na nagpapahalaga ang mga Muslim sa kaeksaktuhan nito sa pagpapaabot ay ang Marangal na Qur'ān yayamang nagtamo ito ng isang mataas na malasakit sa pagsusulat sa mga titik, pagsasaulo sa mga memorya, at katumpakan sa mga salita nito, mga labasan ng tunog ng mga titik nito, at pamamaraan ng pagbasa nito. Naipaabot nga ito sa pamamagitan ng mga kawing ng pagpapaabot ng libu-libong tagapagsalaysay sa libu-libong salinlahi sa paglipas ng mga salinlahing nagkasunuran. Dahil doon, hindi nakapasok dito ang kamay ng paglilihis ni pagpapalit sa paglipas ng mga taon sapagkat ang kopya ng Qur'ān na binabasa sa kanluran ay ang mismong kopya ng Qur'an na binabasa sa silangan, ang mismong kopya ng Qur'ān na umiiral sa sarisaring pook ng Daigdig bilang pagpapatotoo sa sabi ni Allāh (napakataas Siya):

(إِنَّا نَحْنُ نَزَّلْنَا الذِّكْرَ وَإِنَّا لَهُ لَحَافِظُونَ) [الحجر: 9]

{Tunay na Kami ay nagbaba ng Paalaala at tunay na Kami rito ay talagang mag-iingat.} (Qur'ān 15:9)

E. Sa pagpapatuloy...

Kaya naman ito ay ang Relihiyong Islām na naghahayag ng pagbubukod-tangi kay Allāh (napakataas Siya) sa pagkadiyos. Ang adhikain nito ay walang Diyos kundi si Allāh. Ito ay ang Relihiyong Islām na kinalugdan ni Allāh para sa mga lingkod Niya bilang relihiyon.

(الْيَوْمَ أَكْمَلْتُ لَكُمْ دِينَكُمْ وَأَتَمَمْتُ عَلَيْكُمْ نِعْمَتِي وَرَضِيْتُ لَكُمُ الْإِسْلَامَ دِينًا) [المائدة:3].

{Sa araw na ito bumuo Ako para sa inyo ng Relihiyon ninyo, lumubos Ako sa inyo ng biyaya Ko at nalugod Ako para sa inyo sa Islām bilang relihiyon.} (Qur'ān 5:3)

Ito ay ang Relihiyong Islām na hindi tatanggap si Allāh mula sa isa man ng isang relihiyong iba rito.

(وَمَنْ يَبْتَغِ غَيْرَ الْإِسْلَامِ دِينًا فَلَنْ يُقْبَلَ مِنْهُ وَهُوَ فِي الْآخِرَةِ مِنَ الْخَاسِرِينَ) [آل عمران:85]

{Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islām bilang relihiyon ay hindi ito matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga malulugi.} (Qur'ān 3:85)

Ito ay ang Relihiyong Islām na ang sinumang sumampalataya rito at gumawa ng maayos ay magiging kabilang sa mga magtatagumpay sa mga Hardin ng Kaginhawahan.

(إِنَّ الَّذِينَ آمَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ كَانَتْ لَهُمْ جَنَّاتُ الْوُزْدِ مِثْلِ نُزُلٍ * خَالِدِينَ فِيهَا لَا يَبْغُونَ عَنْهَا حِوَلًا) [الكهف:107,108].

{Tunay na ang mga sumampalataya at gumawa ng mga maayos ay magiging ukol sa kanila ang mga Hardin ng Firdaws bilang tuluyan, bilang mga mananatili sa mga iyon, na hindi sila maghahangad palayo sa mga iyon ng isang paglipat.} (Qur'ān 3:107-108)

Ito ay ang Relihiyong Islām: hindi ito isang monopolyo ng isang pangkatin ng mga tao at hindi ito natatangi sa isang lahi ng mga tao; bagkus ang sinumang sumampalataya rito at nag-anyaya sa mga tao tungo rito, siya ay

naging ang pinakamarapat sa mga tao rito at siya ay naging ang pinakamarangal sa ganang kay Allāh (napakataas Siya):

[إِنَّ أَكْرَمَكُمْ عِنْدَ اللَّهِ أَتْقَاكُمْ] (الحجرات:13)

{Tunay na ang pinakamarangal sa inyo sa ganang kay Allāh ay ang pinakamapangilag magkasala sa inyo} (Qur'ān 49:13)

Kailangan natin na tumawag-pansin sa marangal na mambabasa sa mga mahalagang usapin na humaharang sa pagitan ng mga tao at ng relihiyong ito at bumabalakid sa kanila sa pagpasok dito:

Una. Ang kamangmangan sa Relihiyong Islām bilang paniniwala, bilang batas, at bilang mga etiketa. Ang mga tao ay mga kaaway ng anumang hindi nila nalalaman. Dahil dito, kailangan sa nagpapahalaga sa kaalaman sa Relihiyong Islām na magbasa, pagkatapos magbasa, pagkatapos magbasa, pagkatapos magbasa hanggang sa magpakaalam siya sa Relihiyong ito mula sa mga orihinal na pinagkukunan nito. Ang pagbabasa ay maging may espiritung walang-kinikilingang makatarungan, na nagsasaliksik ng katotohanan sa buong kawalang pagkiling.

Ikalawa. Ang pagkapanatiko sa relihiyon, mga kaugalian, at mga kultura na kinamulatan ng indibiduwal nang walang pag-iisip nang may lalim at paglilimi sa katumpakan ng relihiyon na kinamulatan. Kumikilos sa kanya ang panatisismong pangmakabayan kaya tumatanggi ito sa bawat iba pang relihiyon na hindi relihiyon ng mga magulang niya at mga ninuno niya sapagkat ang panatisismo ay nagpapapikit ng mga mata, nagpapabara ng mga tainga, at tumatabing sa mga isip, kaya hindi nag-iisip ang tao nang may kalayaan at kawalang-kinikilingan at hindi nagtatangi-tangi sa pagitan ng mga kadiliman at ng liwanag.

Ikatlo. Ang mga pithaya ng kaluluwa, ang mga ibig nito, at ang mga nasa nito sapagkat tunay na ang mga ito ay naghahatid sa pag-iisip at pagnanais tungo sa kung saan nagnanais ang mga ito at nagwawasak sa tao mula sa kung saan hindi siya nakararamdam at humahadlang sa kanya sa pagtanggap ng katotohanan at pagpapaakay rito.

Ikaapat. Ang pag-iral ng ilan sa mga kamalian at mga pagkalihis sa ganang ilan sa mga Muslim at inuugnay bilang kabulaanan at paninirang-puri sa Relihiyong Islām samantalang ang Islām sa mga ito ay walang-kaugnayan. Magsaalaala ang lahat na ang Relihiyon ni Allāh ay hindi mananagot sa mga kamalian ng tao.

Tunay na ang pinakamadaling paraan sa pagkilala sa katotohanan at patnubay ay na magtuon ang tao ng puso nito kay Allāh habang nagsisisi na nagmamababang-loob, na nagsusumamo sa Kanya, na humihiling sa Kanya na magpatnubay sa landasing tuwid at relihiyong matuwid na naiibigan Niya at kinalulugdan Niya at magtatamo ang tao ng buhay na kaiga-igaya at kaligayahang walang-hanggan na hindi ito malulumbay matapos niyon magpakailanman. Alamin ng tao na si Allāh ay sumasagot sa panalangin ng tagapanalangin kapag dumalangin ito sa Kanya. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

وَإِذَا سَأَلَكَ عِبَادِي عَنِّي فَإِنِّي قَرِيبٌ أُجِيبُ دَعْوَةَ الدَّاعِ إِذَا دَعَانِ فَلْيَسْتَجِيبُوا لِي وَلْيُؤْمِنُوا بِي
لَعَلَّهُمْ يَرْشُدُونَ [البقرة: 186]

{Kapag nagtanong sa iyo ang mga lingkod Ko tungkol sa Akin, tunay na Ako ay malapit: sumasagot Ako sa panalangin ng dumadalangin kapag dumalangin siya sa Akin kaya tumugon sila sa Akin at sumampalataya sila sa Akin, nang sa gayon sila ay magagabayan.} (Qur'ān 2:186)

Natapos kalakip ng pagpupuri kay Allāh.

Index

Ang Relihiyong Islām.....	2
Ang Panimula.....	4
Mahal kong mambabasa,	9
1. Ang Kahulugan ng Pangungusap ng Tawhīd: Walang Diyos Kundi si Allāh	11
B. Bakit tayo nilikha ni Allāh?	22
2. Si Muḥammad, ang Sugo ni Allāh	25
A. Kaya ano ang kahulugan ng Sugo? Sino si Muḥammad? Mayroon bang mga ibang sugo bukod sa kanya?	25
B. Ang Kauna-unahan sa mga Sugo, ang Ama Nating si Adan (Sumakanya ang Pangangalaga).....	26
C. Si Noe (Sumakanya ang Pangangalaga).....	29
D. Ang Sugong si Hūd (Sumakanya ang Pangangalaga).....	32
E. Ang Sugong si Ṣālih (Sumakanya ang Pangangalaga)	34
F. Ang Sugong si Abraham (Sumakanya ang Pangangalaga)	36
G. Ang Sugong si Lot (Sumakanya ang Pangangalaga)	38
H. Ang Sugong si Shu`ayb (Sumakanya ang Pangangalaga)	38
I. Ang Sugong si Moises (Sumakanya ang Pangangalaga)	40
J. Ang Sugong si Jesus (Sumakanya ang Pangangalaga)	49
3. Si Muḥammad, ang Sugo ni Allāh (ang Pangwakas sa mga Propeta at mga Isinugo)	56
A. Ang Kaangkanan Niya at ang Dangal Niya.....	56
B. Ang mga Katangian Niya.....	57
C. Ang Quraysh at ang mga Arabe.....	58

D. Ang Pagpapadala sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan)	58
E. Ang Pag-alalay sa Propeta (Basbasan Siya ni Allāh at Pangalagaan) sa Pamamagitan ng mga Himala:.....	70
F. Ang Mararangal na Kasamahan	72
4. Ang mga Haligi ng Islām.....	75
A. Ang Unang Haligi: Ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh.....	75
B. Ang Ikalawang Haligi: Ang Pagpapanatili ng Pagdarasal	76
C. Ang Ikatlong Haligi: Ang Zakāh	77
D. Ang Ikaapat na Haligi: Ang Pag-aayuno sa Ramaḍān	78
E. Ang Ikalimang Haligi: Ang Ḥajj sa Bahay na Pinakababanal.....	79
5. Ang mga Haligi ng Pananampalataya	81
Ang mga ito ay na sumampalataya ka kay Allāh,.....	81
Ang Unang Haligi ay na sumampalataya ka kay Allāh	81
Ang Ikalawang Haligi ay ang pananampalataya sa mga Anghel;	82
Ang Ikatlong Haligi ay ang pananampalataya sa mga aklat na pinababa mula kay Allāh.....	82
Ang Ikaapat na Haligi ay ang pananampalataya sa mga sugo.	83
Ang Ikalimang Haligi ay ang pananampalataya sa Huling Araw.	84
Ang Ikaanim na Haligi: Ang Pananampalataya sa Pagtatakda: sa Kabutihan Nito at Kasamaan Nito	88
6. Ang mga Katuruan ng Islām at ang mga Kaasalan Dito	90
A. Ang mga Ipinag-uutos.....	90
Una: Ang Katapatan sa Pagsasalita.....	90
Ikalawa: Ang Pagganap sa mga Ipinagkatiwala, ang Pagtupad sa mga Kasunduan at mga Tipan, at ang Katarungan sa mga Tao.....	91

Ikatlo: Ang Pagpapakumbaba at ang Kawalan ng Pagkamapagmalaki	92
Ikaapat: Ang Pagkamapagbigay, ang Pagkagalante, at ang Paggugol sa mga Uri ng Kabutihan	93
Ikalima: Ang Pagtitiis at ang Pagbata ng Pananakit.....	94
Ikaanim: Ang Pagkamayhiya	95
Ikapito: Ang Pagsasamabuting-loob sa mga Magulang.....	95
Ikawalo: Ang Kagandahan ng Kaasalan sa mga Ibang Tao.....	97
Ikasiyam: Ang Pakikibaka sa Landas ni Allāh (Napakataas Siya) Para sa Pag-aadya sa Naaapi, Pagsasakatotohanan ng Katotohanan, at Pagpapalaganap ng Katarungan.	99
Ikasampu: Ang Panalangin, ang Pagsambit ng Pag-aalaala [kay Allāh], ang Pagbigkas ng Qur'ān.....	100
Ang Ikalabing-isa: Ang Pagkatuto ng Kaalamang Pang-Islām, ang Pagtuturo Nito sa mga Tao, at ang Pag-aanyaya Tungo Rito	102
Ang Ikalabindalawa: Ang Pagkalugod sa Hatol ni Allāh at ng Sugo Niya	104
B. Ang mga Ipinagbabawal at ang mga Sinasaway	105
Una: Ang Shirk: Ang pagbaling ng alinmang uri kabilang sa mga uri ng pagkamananamba sa iba pa kay Allāh (napakataas Siya).....	105
Ikalawa: Ang Panggagaway, ang Panghuhula, at ang Pag-aangkin ng Kaalaman sa Nakalingid	106
Ikatlo: Ang Kawalang-katarungan.....	107
Ikaapat: Ang Pagpatay ng Tao na Ipinagbawal ni Allāh Malibang Ayon sa Karapatan	108
Ikalima: Ang Paglabag sa mga Tao sa mga Ari-arian Nila	109
Ikaanim: Ang Pandaraya, ang Panlilinlang, at ang Kataksilan.....	110
Ikapito: Ang Paglabag sa mga Tao	110

Ikawalo: Ang Paglalaro ng Sugal – ang Pagpusta – ang Pag-inom ng Alak, at ang Paggamit ng Bawal na Gamot.....	112
Ikasiyam: Ang Pagkain ng Karne ng Hayop na Namatay na Hindi Nakatay at Karne ng Baboy.....	112
Ikasampu: Ang Pagsasagawa ng Pangangalunya at Sodomiya na Gawain ng mga Kababayan ni Lot.....	113
Ang Ikalabing-isa: Ang Pakikinabang sa Patubo	114
Ang Ikalabindalawa: Ang Kasakiman at ang Karamutan	115
Ang Ikalabintatlo: Ang Pagsisinungaling at ang Pagsaksi sa Kabulaanan	116
Ang Ikalabing-apat: Ang Pagmamalaki, ang Kapalaluan, ang Paghanga sa Sarili, at ang Kahambugan.....	117
C. Ang Pagbabalik-loob Mula sa mga Ipinagbabawal	117
D. Ang Pagmamalasakit ng mga Muslim sa Katumpakan ng Pagpapaabot ng Relihiyong Ito	119
Ang Huling Usapin sa Kaalaman sa Ḥadīth	121
E. Sa pagpapatuloy... ..	123



موسوعة المصطلحات الإسلامية
TerminologyEnc.com



موسوعة تضم ترجمات المصطلحات
الإسلامية وشروحها بعدة لغات



موسوعة الأحاديث النبوية
HadeethEnc.com



موسوعة تضم ترجمات لأحاديث
النبوية وشروحها بعدة لغات



موسوعة القرآن الكريم
QuranEnc.com



موسوعة تضم تفاسير وترجمات
موثوقة لمعاني القرآن الكريم

IslamHouse.com



مراجعة مجانية إلكترونية
موثوقة للتعريف بالإسلام



منتقى
المحتوى الإسلامي



موسوعة تضم المنتقى من
المحتوى الإسلامي باللغات

الإسلام 100 أكثر من

جمعية خدمة المحتوى
الإسلامي باللغات



جمعية الدعوة
وتوعية الجاليات بالربوة

